Tagalog
63-0317M

Nagkukubli ang Diyos sa Kasimplihan at Nagpapahayag Sa Gayunding Paraan

God Hiding Himself In Simplicity

March 17, 1963
Jeffersonville, Indiana, USA

Ipinangaral ni
William Marrion Branham

www.biblebelievers.org/messagehub

Ang aklat na ito ay malayang maipalilimbag at maipamamahagi, ngunit hindi maaaring ipagbili, ayon sa sinasaad ng lisensya sa ilalim ng Creative Commons (by-nc-nd) na matatagpuan sa www.CreativeCommons.org.

434 Tulad ng sinabi ng isang matandang banal sa Chicago, umakyat ang lalaking iyon dala ang lahat ng pinag-aralan at iba pa, aniya siya'y bumabang lupaypay, nakayuko ang ulo, umalis na talunan. Aniya, "Kung umakyat lang siya tulad ng kaniyang pagbaba, sana'y bumaba siya tulad ng kaniyang pag-akyat."

435 Buweno, tama iyon. Kita n'yo? Magpakumbaba kayo. Maging mapagpakumbaba lang kayo. Huwag ninyong piliting maging kakaiba; ma—mahalin n'yo lang si Jesus (Kita n'yo?), sabihin n'yo, "Panginoon, kung may anumang daya sa puso ko; kung may anumang mali, Ama, ayokong maging ganiyan. Alisin Mo po ito. Ayokong maging ganiyan."

436 "Oh, gusto kong mapabilang sa kanila sa araw na iyon, Panginoon. At nakikita kong paparating na ang araw na iyon." Makikita n'yo na ang mga Tatak na ito na magsisimulang… Kung bubuksan ng Diyos ang mga ito sa atin. At tandaan, Siya lamang ang tanging makagagawa nito. Nagtitiwala tayo sa Kaniya. Pagpalain kayo ng Diyos.

437 Ngayon, sa wari ko'y may ipasasabi sa inyo ang ating pastor—o siya pala ang may sasabihin sa inyo bago tayo magkita-kita muli mamayang hapon. At palagay ko ang gawain ay, ayos lang po ba na ang pag-aawitan ay ganapin natin ng alas sais y medya? At ito'y… Sige, alas sais y medya, at ito'y… Ang pintuan ay bukas na ng alas sais; magsisimula ang pag-aawitan ng alas sais y medya. At…

438 Kung loloobin ng Panginoon, mangungusap ako mamayang gabi sa paksa ng Aklat na may Pitong Tatak. At sa Lunes ng gabi ay ang nakakabayong puti; sa Martes ng gabi ay ang nakakabayong itim; sa Miyerkules ng gabi ay ang abuhing kabayo, ang maputlang kabayo at pagkatapos ay ang nakakabayong pula. At pagkatapos ay tutungo sa ika-6—ika-4, ika-5 at ika-6 at pagkataos sa Linggo ng gabi… Sa susunod na Linggo ng umaga marahil ay isang *healing service*, hindi ko alam.

439 Ngayon, tandaan n'yo, inialay natin sa Panginoon—ang ating sarili at ang iglesia para sa gawain ng Diyos. Pagpalain kayo ng Diyos. Lu—lumampas ako ng isang oras; mapapatawad n'yo ba ako ngayon? Hindi—hindi ko sinasadyang gawin iyon. Ngunit kita n'yo, sa linngong ito n'yo lang ako makakasama at muli akong aalis. At hindi ko alam kung saan ako pupunta; kung saan lang Niya ako pangunahan. At nais kong gugulin ang bawat sandaling maaari kong gugulin, dahil hangad kong gugulin ang Walang Hanggan na kasama n'yo. Pagpalain kayo ng Diyos. Ngayon, Brother Neville.

Nagkukubli ang Diyos sa Kasimplihan at Nagpapahayag Sa Gayunding Paraan

1 Salamat, Brother Neville. Pagpalain ka ng Panginoon. Magandang umaga, mga kaibigan. Tunay ngang itinuturing kong isa ito sa pinakamahalagang tagpo ng buhay ko, ang muling maparito sa Tabernakulo ngayong umaga upang makita ang magandang istruktura nito at ang kaayusan ng mga anak ng Diyos na nakaupo sa Kaniyang bahay ngayon.

2 Lubha akong namangha nang dumating ako rito kahapon at makita ang itsura ng gusali. Hindi ko akalain na magiging ganito ito. Nang makita ko ang mga plano, matapos nilang iguhit ang mga ito, nakakita lang ako ng isa pang munting silid sa isang tabi, ngunit ngayo'y nakikita kong isa itong magandang lugar. At nagpapasalamat tayo sa Makapangyarihan sa lahat dahil sa magandang lugar na ito. At tayo'y . . .

3 Inihahatid ko sa inyo ngayong umaga ang pagbati ng aking maybahay at mga anak na nagnanasang makaparito sa pagkakataong ito para sa gawaing ito ng pag-aalay at sa linggong ito ng pagtatalaga kay Cristo; ngunit nag-aaral pa ang mga bata, at hirap makaalis. At . . . Halos nawala na ang kanilang pagka-homesick sa aming bahay, ngunit hindi mawawala ang aming damdamin para sa inyo. Hindi n'yo iyon mapapakupas. Isang bagay ang magkaroon ng mga kaibigan, at pinahahalagahan ko ang mga kaibigan, kahit saan man, ngunit may kung ano sa matagal mo nang mga kaibigan: saan ka man magkaroon ng mga bagong kaibigan, iba pa rin ang mga datihan.

4 Saan man ako maglibot, mananatiling palaging sagrado ang dakong ito. Mga tatlumpung taon na ang nakalilipas sa isang maputik na tibag, inialay ko ang kapirasong loteng ito kay Jesus Cristo nang ito'y putikan pa. Ang kabuuan nito ay tibag. Iyan ang dahilan kaya wala sa ayos ang kalsada diyan, kinailangang umikot ang kalsada para makaiwas sa tibag na ito. At dati'y may mga lirio dito, nagtutubuan ang mga liryo. At ang lirio ay isang napakakakaibang bulaklak. Bagama't ito'y isinisilang sa putikan, kailangan nitong magpunyaging makalusot sa putik at sa tubig at lusak upang ito'y makapaibabaw nang sa gayo'y maipakita ang kagandahan nito.

5 At iniisip ko sa umagang ito na halos ganiyan ang nangyari rito. Na mula nang panahong iyon, may isang liriong nagsumikap na lumitaw; at nang ito'y makapaibabaw na sa tubig, ibinuka nito ang kaniyang mga pakpak; sumibol ang mga mumunting talulot nito, at isinalamin nito ang Lirio ng Lambak.

6 Magtagal nawa itong nakatayo. Maging isang bahay nawa ito na lubusang nakatalaga sa Diyos. Ang Tabernakulo mismo ay naihandog na noong 1933,

ngunit iniisip ko ngayong umaga na magiging isang napakainam na bagay na magdaos muli ng isang munting gawain ng paghahandog at lalo na sa mga taong . . . (sa pamamagitan ng kanilang pag-ibig at katapatan kay Cristo), naging dahilang kaya naging posible lahat ng ito.

7 At gusto kong pasalamatan ang bawat isa sa inyo dahil sa inyong mga kaloob at iba pa na inyong iniambag upang maihandog ang iglesiang ito kay Cristo.

8 At lubos ang aking pagpapahalaga at pasasalamat sa kongregasyon at ipinangungusap ko ang mga salitang ito alang-alang sa ating butihing mga kapatid na lalaki sa iglesiang ito na nagtalaga ng kanilang mga serbisyo para dito: si Brother Banks Wood, ang marangal nating kapatid; si Brother Roy Roberson, isa pang marangal nating kapatid; at marami pang iba, na sa kanilang pagiging bukas-palad at katapatan, ay gumugol ng maraming buwan sa pagtatayo ng lugar na ito upang lumabas nang ganito—namalagi sila rito para tiyaking maitatayo ito nang tama. At…

9 Nang ako'y pumasok para tignan ang pulpitong ito, ang klase ng pulpito na dati ko pang ninanasa sa buong buhay ko—ako'y… Alam ni Brother Wood kung ano ang gusto ko. Hindi niya sinabing gagawin niya ito, ngunit ginawa niya. At napansin ko ang gusali at ang pagkakagawa nito, lahat ay sadyang… Napakahusay.

10 At ngayon, walang sapat na salita para maihayag ang aking damdamin. Sadyang hindi ko mahayag (Kita n'yo?), ngunit nauunawaan ito ng Diyos. At magantimpalaan nawa ang bawat isa sa inyo dahil sa inyong mga iniambag at sa lahat ng inyong ginawa para maging ganito ang pagkakayari nito, isang bahay ng Panginoon.

11 At ngayon, gusto kong sabihin ang mga salitang ito: Ngayon, ang gusali, sa ganda nito, sa loob at labas… Ang bayaw ko, na si Junior Weber, ang nagkantero ng tisa… hindi ko nakikitang may mas huhusay pa kaysa sa pagkakayari nito: isang walang kapintasang trabaho.

12 Isa pang kapatid na naririto, (hindi ko pa siya nakikita), siya ang naglagay ng *sound system*. Ngunit mapapansinin n'yong kahit sa makinis na gusaling tulad nito, maaari akong… Walang talbog ng ugong sa *acoustic*; nasa kisame ang mga ito—nakaharap sa iba't-ibang direksyon. Kahit saan ako tumayo, pare-pareho lang. Kita n'yo? At bawat silid ay—ay ginawang may mga *speaker*. At maaayos n'yo ito paano n'yo man nais makapakinig. Ito'y.. naniniwala akong kamay ng Makapangyarihang Diyos ang gumawa ng mga bagay na ito.

Kaniyang Sarili tulad ng lagi Niyang ginagawa nung mga panahong nagdaan. Mahal n'yo ba Siya?

Mahal Siya, Mahal Siya,

Pagkat minahal Niya ako;

Nag-alay ng kaligtasan

Sa Kalbaryo.

429 Mahal n'yo ba Siya? Naku, hndi ba't kahanga-hanga Siya? Umaasa ako't nagtitiwala na makapamumunga ang mensahe ng ayong sa hangarin nito; na madadala kayo nito sa isang lugar na hindi na kayo maghahanap ng mga mabulaklak na mga bagay o isang… Kapag nakita n'yo ang Diyos sa kadakilaan, tignan n'yo kung gaano ito kababa, at makikita n'yo ang Diyos. Huwag n'yo Siyang hanapin…

430 Nang si Elias ay nasa kuwebang iyon, dumaan ang usok, dugo, kulog, kidlat, at (Kita n'yo?), lahat ng uri ng mga sensasyon na naranasan natin—dugo sa mukha at sa mga kamay, at mga sensasyon at lahat na, hindi nabagabag ng mga ito ang propeta. Nahiga lang siya roon, ngunit nakarinig siya ng isang malumanay na munting Tinig. Ano iyon? Ang Salita. Nang magkagayo'y tinakpan niya ang kaniyang mukha at siya'y lumabas. Kita n'yo, iyon 'yon.

431 Tandaan n'yo, mga kaibigan, huwag kayong maghanap ng dakila't malalaking . . . Sasabihin mo, "Diyos." Nangungusap Siya ng dakila't malalaking mga bagay. Darating ang panahon na magkakaroon ng ganito, ganiyan, o iba pa, mga dakila't malalaking bagay . . . Inaasahan kong nasasapo n'yo kung ano ang sinasabi ko (Kita n'yo?), dakila't malalaking mga bagay . . . Kita n'yo? At, oh, kapag naganap ito, magiging dakila ito, malaking gaya nito, at magiging napakahamak nito na hindi ninyo makikita ang kabuuan nito at magpapatuloy kayo. Kita n'yo?

432 Lilingon kayo pabalik at magsasabi, "Buweno, hindi iyan dumating sa . . ." Kita n'yo? Nakalampas na ito sa inyo, at hindi n'yo ito nakita, tulad din ng . . .? . . . Kita n'yo? Masyado itong simple. Kita n'yo?

433 Nananahan ang Diyos sa kasimplihan upang maiihayag Niya ang Kaniyang Sarili sa kadakilaan. Anong nakapagpapadakila sa Kaniya? Dahil kaya Niyang gawing simple ang Sarili Niya. Hindi kayang pasimplehin ng isang malaki at dakilang tao ang sarili niya; kailangan niyang maging isang mataas na pinuno. Kita n'yo? Ngunit hindi pa siya talagang malaki. Kapag talagang lumaki na siya nang husto, siya'y bababang tulad nito (nakita n'yo?), magagawa niyang ibaba ang kaniyang sarili.

422 Nagkukubli Siya sa kasimplihan. Napakasimple nito na ang mga aral at mga iskolar ay nagsasabi, "Ow, ito'y—oh, ito'y *telepathy*," o anumang bagay. Alam n'yong ito'y isang . . .

423 Magagawang bumalik ng Diyos sa mga daloy ng panahon at doon ay sabihin sa inyo kung ano talaga ang nangyari, sasabihin Niya sa'yo nang eksakto kung ano ka ngayon, at kung anong kauuwian mo.

424 Iyan ay sa pamamagitan pa rin ng Pampaputi ni Jesus Cristo, na may kakayahang kumuha ng isang makasalanan upang siya'y paputiin, at makatatayo siya sa Presensya ng Diyos, "At kung kayo'y mananatili sa Akin, at ang mga salita Ko'y sa inyo, ay hingin ninyo anumang ibigin ninyo at ito'y magaganap. Siya na sumasampalataya sa Akin, ang mga gawang ginagawa Ko ay gagawin din naman niya.

425 Paano ninyo Ako mahuhusgahan? Oh, hindi ba't ang sarili ninyong mga kautusan ang nagsasabi na ang mga dinaratnan ng Salita ng Diyos, ang mga propeta, hindi ba't tinawag n'yo silang mga diyos? At papaano ninyo Ako huhusgahan kapag sinabi Kong Ako ay Anak ng Diyos?" Hindi nila iyon nakita. Hindi nila iyon nakita.

426 Ngayon, Iglesia, sa mga darating na mensahe mula mamayang gabi, huwag nawang hindi n'yo ito makita. Kita n'yo? Nakikita n'yo ba ang panahong kinabubuhayan natin. At tandaan n'yo, inilalayo nang husto ng Dugo ni Jesus Cristo ang mga kasalanan sa inyo, hanggang sa ito'y hindi na naaalala pa ng Diyos. Tinatanggal Nito ang lahat ng mga mantsa.

Sin had left a crimson stain,

He washed it white as snow.

Then before the throne,

I stand in Him complete . . .

427 Ay, naku. Papaano ako magiging ganap? Papaano ako magiging ganap? Dahil sa Dugo, hindi dahil sa akin, kundi dahil sa Dugong nasa pagitan namin ng Diyos. Tinanggap ko Ito, at inilagay Niya Ito… Isa akong makasalanan, ngunit Siya'y Diyos. Ngunit ang *chemistry* ay nkatayo sa pagitan namin upang patayin ang kasalanan, kaya't ang tingin sa akin ng Diyos ay singputi ng tubig na naroroon sa pampaputi. Wala na ang kasalanan. Ni hindi ito makaabot sa kaniya dahil may nakalapag doong Hain.

428 Nasaan ang ating pananampalataya para paniwalaan ang simpleng Salita ng Diyos? Kung ano lang ang sinabi ng Diyos, tanggapin mo Siya sa Kaniyang Salita. Nagkukubli ngayon ang Diyos sa kasimplihan, sa isang hamak at munting lupon, ngunit isa sa mga araw na ito, ipahahayag Niya ang

13 Ngayon, kung pinagkalooban tayo ng Panginoon ng isang gusali na mapagsasambahan natin sa Kaniya … Sa loob ng mahigit—mga tatlumpong taon… Nagsimula tayo sa sahig na putik—kusot, at umuupo tayo sa tabi ng mga lumang pugong de-uling. At ang kontratista, na si Brother Robertson, isa rin si Brother Wood sa kanila, ay nagsabi sa akin kung saan nakapuwesto ang mga haligi noon, at nakalagay dati ang mga lumang pugon na iyon sa mga pahalang na biga, na nagliyab at nasunog ng marahil ay dalawa o tatlong piye. Kung bakit hindi ito natupok, Diyos lang ang nag-ingat dito. At pagkatapos na ito'y masunog at ang buong bigat ng Tabernakulo ay nakapatong doon, kung bakit hindi ito bumigay—tanging kamay lamang ng Diyos. Ngayon, suportado na ito ng bakal at matatag na naitayo sa lupa.

14 Ngayon, naniniwala akong tungkulin nating isaayos ang loob nito sa biyaya ng Diyos bilang pagpapasalamat sa Diyos na ang ating… Hindi lang ito magiging isang magandang gusali na pagdudulugan natin, kundi makita nawa ng lahat ng papasok ang magandang katangian ni Jesus Cristo sa bawat taong pumaparito. Maging isa nawa itong dakong nakalaan sa ating Panginoon, isang konsegradong lupon ng mga tao, dahil kahit gaano kaganda ang gusali (na tunay nga nating pinahahalagahan), ang kagandahan ng iglesia ay ang karakter ng mga tao. Nagtitiwala akong mananatili itong isang bahay ng kagandahan ng Diyos.

15 Ngayon, nung ialay natin ang orihinal na batong panulok habang ito'y ibinabaon natin, isang dakilang pangitain ang dumating, at nakasulat ito sa batong panulok na iyon nung umagang ihandog ko ito.

16 At nagtaka kayo marahil kanina kung bakit ang tagal kong lumabas. Ang una kong naging tungkulin sa pagpasok ko sa bagong simbahan, nagkasal ako ng isang binata at isang dalaga sa opisina. Maging tipo nawa ito na ako'y magiging isang tapat na ministro ni Cristo para maghanda ng isang Nobya para sa mga seremonya ng araw na yaon.

17 At ngayon, gawin natin ang tulad ng ginawa natin sa pasimula. Nang magsimula tayo sa unang paghahandog natin ng iglesia, binata pa lang ako noon at ang aking—marahil ay beinte-uno, beinte-dos anyos ako nang ilatag natin ang batong panulok. Bago pa ako ikasal no'n. Matagal ko nang hangad na makakita ng isang lugar na nasa tamang kaayusan para makapanambahan sa Diyos (Kita n'yo?) kasama ang Kaniyang bayan. At magagawa lang natin iyon, hindi sa pamamagitan ng magandang gusali, kundi sa pamamagitan ng isang nakatalagang buhay.

18 At ngayon, bago tayo mag-alay ng isang panalangin ng paghahandog—bumasa tayo ng ilang mga Kasulatan at ihandog ang iglesia pabalik sa Diyos,

at pagkatapos ay mayroon akong ilang—may mensahe ako tungkol sa pag-eebanghelyo ngayong umaga upang ipangpundasyon sa aking paparating na mensahe.

19 At ngayong gabi, gusto kong kunin ang ika-5 kabanata ng Apokalipsis, na nag-uugnay sa Pitong Kapanahunan ng Iglesia at Pitong Tatak, na aking… Pagkatapos ay magkakaroon tayo ng…

20 Sa Lunes ng gabi ay tatalakayin natin ang tungkol sa nakakabayong puti; sa Martes ng gabi ay ang nakakabayong itim at ang iba pa—ang apat na mangangabayo.

21 At pagkatapos ay ang pagbubukas ng Ikaanim na Tatak, at sa Linggo ng umaga, sa susunod na Linggo ng umaga, kung loloobin ng Panginoon (malalaman natin, at iaanunsyo natin sa susunod) marahil ay magkakaroon tayo ng *prayer meeting* sa Linggo ng umaga para sa mga maysakit na nasa gusali. At sa Linggo ng gabi ay magtatapos tayo sa…

22 Tulungan nawa tayo ng Panginoon na buksan ang Ikapitong Tatak, na mayroon lang isang maikling talata, at ganito ang sinasabi: "Nagkaroon ng katahimikan sa langit ng may kalahating oras," sa katahimikang iyon…

23 Ngayon, hindi ko alam kung anong ibig sabihin ng mga Tatak na ito. Kapos ang pang-unawa ko sa mga ito tulad din marahil ng ilan sa inyo ngayong umaga. Mayroon tayong mga eklesiyastikal na ideya na inilahad sa atin ng tao, ngunit hindi ito masasaling niyon. At kung makikita n'yo, kailangan nitong dumating sa pamamagitan ng inspirasyon. Dapat; ang Diyos ang Nag-iisang makagagawa niyon, ang Cordero, at mamayang gabi ay tatalakayin natin ang Aklat ng Katubusan na iyon.

24 Ngayon, dito… Ang dahilan kaya hindi ako nag-aanunsyo ng mga *prayer meeting* para sa maysakit at iba pa ay sapagkat ako'y—nakikituloy ako sa ilang mga kaibigan ko, at ginugugol ko ang bawat sandali ng aking panahon sa pag-aaral at pananalangin. At alam n'yo ang pangitaing natanggap ko bago ako umalis at tumungo sa kanluran—tungkol sa pitong Anghel na dumating ng lumilipad, sa ikauunawa n'yo maya-maya.

25 Kaya ngayon, palagay ko'y dapat tayong magkaroon sa loob ng gusaling ito… kung ito'y naitalaga na (o itatalaga sa ilang sandali sa pagsamba sa Diyos), dapat natin itong panatilihing ganiyan. Hindi tayo dapat bumili o magtinda sa loob ng gusali. Hindi tayo dapat magsagawa ng anumang negosyo dito sa auditorium; hindi iyon dapat gawin dito kailan man. Iyan ay, gaya ng pagpapahintulot sa mga ministro na pumasok at magbenta ng mga aklat at lahat na. Maging anupaman ito, may ibang mga lugar para gawin iyan dahil… Hindi tayo dapat bumili at magtinda sa bahay ng Panginoon. Dapat maging

413 At si Moises, sa ilalim ng dugo ng kambing, at ng tupa, ay lumabas at kinuha niya ang tungkod na iyon, iniunat sa direksyon ng silangan, "ITO ANG SABI NG PANGINOON, magkaroon ng mga langaw." Hindi pa siya nakarinig ng isa mang langaw . . . Bumalik na siya, iyon ay naipangusap na. Isa iyong kaisipan; ngayo'y nabigkas na ito; ito'y naipahayag na. Iyon ay ang Salita na ng Diyos kung gayon. Dumating ito sa labi ng isang tao, isang simpleng lalaki na nasa ilalim ng dugo ng isang bulong baka o kambing.

414 Nalaman mo na lang, may isang kulay berdeng langaw na nagsimulang magpalipad-lipad. Ang sumunod na namalayan mo, ang mga ito'y limang libra na kada yarda. Ano iyon? Ang Salita ng Diyos na binigkas sa pamamagitan ni Moises, na manlilikha, dahil sa ilalim ng dugo ay nakatayo siya sa Presensya ng Diyos, at ang kaniyang mga sariling salita ay hindi niya salita.

415 "Kung kayo'y mananatili sa Akin, at ang mga Salita Ko'y mananatili sa inyo, ay hingin ninyo anumang inyong ibigin; at ito'y ibibigay sa inyo." Saan nakatayo ang Iglesia? "Magkaroon ng mga palaka," at wala ni isa mang palaka noon sa bansang iyon. Sa loob lamang ng isang oras, sampung talampakan ang kapal ng mga ito sa iba't ibang dako. Ano iyon? Iyon ay ang Diyos, ang Manlilikha, na nagkukubli sa isang simpleng lalaki.

416 Gusto ko kayong tanungin ng isang bagay. Kung ang dugo ng isang bulong baka o ng isang kambing ay nagamit bilang pampaputi (bleach), na nakapagtatakip lamang, ay naglagay sa isang tao sa posisyon upang mabigkas ang mapanlikhang Salita ng Diyos at makapagpalitaw ng mga langaw, bakit kayo matitisod sa Pampaputi ng Dugo ni Jesus Cristo, na maaaring mangusap upang magpalitaw ng isang squirrel o anumang bagay?

417 Huwag kayong matitisod. Huwag kayong matisod dahil sa kasimplihan. Manampalataya kayong nananitili pa rin Siyang Diyos. Ay, naku.

418 Pinatawad sa kasalanan . . . Oh, kung magagawa ko lang . . .

419 At sa Marcos 11:22: "Kung sasabihin mo sa bundok na ito 'Makilos ka,' at hindi ka mag-aalinlangan sa iyong puso, kundi manampalataya na anumang sinabi mo ay mangyayari (oh), kakamtin ninyo anuman ang inyong sinalita."

420 Naku, may tatlo o apat na pahina pa ko; lalaktawan na natin ito. Salamat sa inyo. Nagkukubli ang Diyos sa kasimplihan. Hindi n'yo ba nakikita?

421 May mali sa kung saan. May mali sa kung saan. Kapag gumawa ng pahayag ang Diyos, hindi Siya maaaring magsinungaling. Nangako Siya. Kita n'yo?

407 Ngunit nang siya'y tumawid, inihiwalay niya ang kaniyang pagiging-anak. Siya'y naging isang katutubong makasalanan; nasa ilalim siya ng mga kamay at pamamahala ni Satanas; at kumuha ng isang hain ang Diyos, isang kemikal ng dugo, ngunit hindi nagawang ihiwalay ng dugo ng mga bulong baka at mga kambing ang kasalanan; tinakpan lang nito ang kasalanan.

408 Kung mayroon akong isang pulang mantsa sa kamay ko at tinakpan ito ng puti, naroon pa rin ang pulang mantsa. Kita n'yo, naroon pa rin iyon. Ngunit nagsugo ang Diyos mula sa langit ng isang Pampaputi para sa kasalanan. Iyon ay ang Dugo ng Kaniyang sariling Anak, na kapag ang ating ikinumpisal na kasalanan ay nahulog sa Pampaputi ng Diyos, subukan n'yong hanapin ito muli.

409 Ang kulay ng kasalanan ay nagbabalik sa mga tagapamagitan at sa mga nagdaang panahon hanggang sa umabot ito sa taga-akusa na si Satanas, at maipapataw ito sa kaniya hanggang sa araw ng paghatol.

410 Anong mangyayari sa anak? Maibabalik siyang muli sa sakdal na pakikisama sa Ama, na nakatayo sa kabilang panig ng guwang na wala nang alaala ng kasalanan laban sa kaniya. Wala nang . . . Wala nang mantsa ng pampaputi na makikita saan man. Malaya na siya. Aleluia. Kung paanong ang Clorox na iyon o ang tintang iyon ay hindi na maaaring maging tinta pa dahil ito'y natunaw na at naibalik nang muli . . .

At kapag ang naikumpisal na kasalanan ay naipahayag at nailubog na sa . . . Kapag ang isang lalaki o babae ay nailubog sa Dugo ni Jesus Cristo, patay na ang lahat ng mga sintoma, at bawat molekula ng kasalanan ay bumalik na sa diablo at ito'y naipataw na sa kaniya hanggang sa araw ng pahatol kung saan ang kaniyang walang hanggang destinasyon ay ang pagkabulid sa dagat-dagatang apoy; at ang guwang ay natulayan na at hindi na muling maaalala pa. At ang isang tao ay nakatatayong inaring-ganap bilang isang anak ng Diyos: kasimplihan.

411 Si Moises, sa ilalim ng dugo ng mga bulong baka at mga kambing, kalakip ng kaniyang pagpapahayag sa Salita ng Diyos, nagawa ng Diyos na kunin ang simpleng lalaking iyon at ilagay ang Kaniyang mga Salita sa kaniyang bibig. At pinatunayan niyang lingkod siya ni Jehovah, dahil nagawa niyang humayo roon . . . At nangusap si Jehovah sa kaniya sa pamamagitan ng pangitain. Lumabas siya, iniunat ang kaniyang mga kamay sa direksyon ng silangan . . . At ngayon, tandaan, nangusap na ang Diyos sa kaniya; iyon ay kaisipan ng Diyos. Gumagamit ng tao ang Diyos. Nangusap ang Diyos sa kaniya; tama.

412 Ang sabi Niya, "Humayo ka, iunat mo ang tungkod na hawak mo sa direksyon ng silangan at sabihin mo, "Mga langaw."

isa itong dako ng pagsamba, banal, at nakalaan para sa layuning iyon. Kita n'yo? Binigyan Niya tayo ng magandang dako; ialay natin ito sa Kaniya at pati na ang ating mga sarili.

26 At ngayon, maaaring medyo magaspang ito, ngunit hindi ito isang dako upang magkumustahan; ito'y isang dako ng pagsamba. Ni hindi tayo dapat magbulungan isa mang salita dito sa loob, liban sa pagsamba, puwera na lang kung kailangang-kailangan. Nauunawaan n'yo? Hindi tayo dapat mag-umpukan; hindi tayo dapat tumakbo o huwag nating hayaang magtakbuhan sa gusali ang ating mga anak. At isinasagawa natin ito, dahil nadama ko di pa katagalan na---sa pagsasagawa nito . . . Itinayo natin ito upang mapangalagaan ang kabuuan nito. Ngayon, inilagay natin ito rito . . . Anopa't marami ang mga taga ibang lugar. Nalalaman ng mga kasamahan natin sa Tabernakulo, na iaalay ang gusali para sa gawain ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat. Kaya nga, bilang pag-aalay ng ating sarili, tandaan natin na sa pagpasok natin sa sangtuwaryo, manahimik tayong lahat at sumamba sa Diyos. Kung gusto nating magkumustahan, may mga lugar kung saan ay maaari tayong magkumustahan, ngunit huwag kayong magpalakad-lakad hanggang sa ni hindi ka na makapag-isip, at may mga taong nagpapasukan, at sadyang hindi nila malaman kung ano'ng gagawin nila. Kita n'yo? Napakaingay at iba pa, ito'y sadyang makataong . . .

27 At nakita ko na ito sa mga iglesia hanggang sa sumama ang pakiramdam ko, dahil hindi tayo nagpupunta sa sangtuwaryo ng Panginoon para magkita-kita; pumaparito tayo upang sambahin ang Diyos, at pagkatapos ay mag-uwian. Nakatalaga ang sangtuwaryong ito sa pagsamba. Kapag… Lumabas kayo; pag-usapan n'yo ang anumang bagay na naisin n'yo basta ito'y tama at banal; pumunta kayo sa tahanan ng isa't-isa; magkumustahan kayo sa iba't ibang lugar; ngunit pagpasok n'yo sa pintuang iyan, maging tahimik kayo.

28 Pumaparito kayo upang makipag-usap sa Kaniya (Kita n'yo?) at hayaan n'yong Siya nama'y sumagot sa inyo. Ang problema, salita tayo ng salita at kulang naman tayo sa pakikinig. At sa pagpasok natin dito, maghintay tayo sa Kaniya.

29 Ngayon, doon sa lumang Tabernakulo, marahil ay walang isa mang narito ngayong umaga na naroroon noong araw ng pag-aalay, nang tumugtog si Major Ulrich, at tumayo ako sa likuran ng tatlong krus na naririto para iaalay ang lugar na ito. Hindi ko pinahihintulutan ang sinuman… Tumatayo sa pintuan ang mga usher upang tiyaking walang sinumang nagsasalita. Kapag natapos na kayong mag-usap sa labas, pumasok na kayo. Kung nanaisin n'yo, tahimik kayong lumapit sa altar at manalangin ng tahimik. Bumalik kayo sa

inyong upuan, at magbukas ng Biblia. Ano man ang ginagawa ng katabi mo, nasa sa kaniya iyon. Wala kang dapat sabihin. Kung gusto mo siyang kausapin, sabihin mo, "Magkikita na lang kami sa labas. Narito ako para sumamba sa Panginoon." Magbasa ka ng Kaniyang Salita o maupo nang tahimik.

30 At ang musika—Sister Gertie, hindi ko alam kung narito siya ngayong umaga o wala, si Sister Gibbs. Ang lumang piano, sa wari ko'y nakapuwesto dito sa sulok na ito sa abot ng natatandaan ko. At tutugtog siya ng marahan, "Down at the cross where my Savior died," sadyang maiinam at malalamyos na musika, hanggang sa dumating na ang oras para sa gawain, at tatayo na ang tagapanguna sa awitan at mangunguna ng ilang kantang pang-kongregasyon, at kung mayroon silang natatanging solo, aawitin na nila, ngunit hindi isang bungkos ng awitang walang katuturan.

31 At patuloy ang pagtugtog ng musika, at kapag narinig ko iyon, alam kong oras ko na para lumabas. Pagpasok ng isang ministro sa isang kongregasyon ng mga taong nanalangin sa pahid ng Espiritu, tiyak na makaririnig ka mula sa langit. Iyon lang. Hindi iyon mahahadlangan. Ngunit kapag pumasok ka sa kaguluhan, kung magkagayo'y malilito ka nang husto, ang Espiritu ay napipighati. At . . . Hindi natin gusto iyon, hindi. Gusto nating pumarito para sumamba. May magaganda tayong mga tahanan na gusto kong talakayin sa loob ng ilang sandali at iba pang bagay sa ating tahanan, kung saan nabibisita natin at napapatuloy ang ating mga kaibigan. Ito ay bahay ng Panginoon.

32 Ngayon, may mga maliliit na bata, mga mumunting sanggol. Ngayon, wala silang ibang nalalaman. Sila'y… Ang tanging paraan lang para makuha nila ang kanilang gusto ay ang iyakan ito. At minsan ito'y tubig na maiinom, at minsa'y nangangailangan sila ng pansin. At sa biyaya ng Diyos ay nakapagtalaga tayo ng isang silid; tinatawag ito sa talaan na isang "silid iyakan,"(cry room) ngunit nakatapat ito mismo sa harapan ko. Sa ibang salita, dito ay madadala ng mga nanay ang kanilang mga anak.

33 Ngayon, marahil ay hindi ito nakaabala sa akin dito sa pulpito; marahil ay ni hindi ko ito mapansin, dahil sa aking pagkapahid, ngunit may ibang mga taong nakaupo sa malapit, at nakagagambala ito sa kanila. Kita n'yo? At pumarito sila para makinig sa gawain.

34 Kaya ang mga nanay, kapag nagsimulang magnguyngoy ang mga maliliit ninyong anak, wala kayong magagawa riyan. Aba'y, isa itong . . . Dapat ninyo itong isama. Nagnanasa ang isang tunay na ina na dalhin ang kaniyang munting anak sa iglesia, at iyon ang dapat ninyong gawin. At may isang silid tayo riyan kung saan makikita mo ang bawat sulok ng gusali, ang buong awditoryum, at may speaker na maaari ninyong kontrolin ang lakas sa

Kita n'yo? May mga dahilan ito. May dahilan para kayo manampalataya. May dahilan para hindi kayo manampalataya, tulad ka ng tintang iyon. Ngayon, himayin natin 'yan.

401 Ngayon, ang unang bagay, sabihin nanatin, makaraang tayo'y bumalik sa . . . Ibinalik natin hanggang sa mga *molecule*. Ngayon, kinuha natin ang *molecule*, sasabihin kong 1 X molecule 9, X *molecule* 12. Ngayon, kung iyon ay naging 11, pula ang kalalabasan nito; ngunit kailangan nitong maging 12 para maging itim.

402 Pagkatapos ay ibababa natin iyan sa *atom*. Iyon ay *atom* 9□ X + 4^3 = atom16^{11}. Kung ito'y 16^{12}, iyon ay naging kulay ube san. Kita n'yo? At tuloy-tuloy ang paghimay mo rito.

403 Ipinakikita nito na may isang bagay doon pa lamang sa pasimula. Sentido kumon lang 'yan. Ito'y isang nilikha, dapat ay mayroon itong Manlilikha, at nanggaling ito mula sa isang Manlilikha. At pagkatapos ito'y itinakda at inilagay sa iba't-ibang . . . Ngayon, hindi makukuha ng siyensiya ang atom B^1□ X 12 X 14 X, o anumang tulad niyan, upang mkagawa ng ganun. Ang Diyos ang kinailangang gumawa niyon. At naibaba na ito sa lugar na naabot na ang mga atom, at pagkatapos ay magsisimula na itong galawin ng siyensya.

404 Pagkatapos ay lumabas ito patungo sa mga *molecule*, at nang magkagayo'y makakakita na sila nang mas malinaw. Pagkatapos ay bumaba ito mula roon papunta sa iba pang bagay, at nalaman mo na lang, dumating na ito sa mga kemikal at pagkatapos ay pinaghahalo-halo na nila ito.

405 Ngayon, nang ang tao—bago siya nagkasala . . . (Magtatapos na ako, ngunit huwag na hindi n'yo ito makuha). Nang ang tao ay magkasala, inihiwalay niya ang kaniyang sarili sa Diyos at tumawid siya sa isang malaking guwang at inilagay niya ang sarili niya sa kamatayan sa panig na ito. Siya'y umalis; wala nang daan pabalik. Tamang-tama. Wala nang paraan para siya'y makabalik. Ngunit nang gawin niya iyon, tumanggap ang Diyos ng panghalili na isang kordero, o isang kambing, o isang tupa, o ng kung anong bagay para sa dugo, na ipinangusap ni Adan sa—o ipinangusap ni Abel sa kabilang panig ng bangin.

406 Sa panig na iyon ay isa siyang anak ng Diyos; isa siyang supling na mula sa Diyos. Siya ang tagapagmana ng mundo. Kaya niyang supilin ang ang kalikasan. Makapagsasalita siya at iyon ay mangyayari. Aba'y, siya mismo'y isang manlilikha. Siya'y isang supling ng Diyos.

Ipatak n'yo ito sa inyong damit; mamamantsahan ito. Ngunit nakagawa tayo ng isang bagay na kung tawagin ay pampaputi. Kayong mga kababaihan ay gumagamit ng pampaputing Clorox. Buweno, kukunin ko ang isang patak ng tintang iyan at ihuhulog ko sa isang palanggana ng—ng pampaputi. Ngayon, anong nangyari sa tinta? Kita n'yo? Bakit? Ginawa ang pampaputi, inimbento at pinaghalo-halo ang mga kemikal na lubusang makatutunaw sa kulay hanggang sa hindi mo na ito makita.

394 Ngayon, bahagi ng pampaputi ay tubig. Ang tubig ay H2O na binubuo ng *hydrogen* at *oxygen*, at ang *hydrogen* at *oxygen*, ay kapuwa mapanganib na elementong sumasabog. At ang totoo, ang hydrogen at oxygen ay mga abo. Ganun 'yon. (Tama.), mga abong kemikal, mga abong kemikal lamang. Ngayon, ngayon, pagsamahin mo ito at magkakaroon ka ng tubig; ngunit paghiwalayin mo ito, mayroon kang *hydrogen* at *oxygen*. Ituloy mo lang ang pagbalik mo. Ngayon, sa pagpunta natin dito, kunin natin ang . . .

395 Ngayon, hindi ko kayang . . . Ngayon, maaaring may mga chemist na nakaupo rito, at ako'y—gusto ko itong sabiin dahil maaaring may mga chemist na nakikinig.

396 Hindi ko alam ang pormula, ngunit gusto ko lang itong ipaliwanag sa aking sarili hamak na paraan, nagtitiwala akong ipahahayag dito ng Diyos ang Kaniyang Sarili.

397 Tignan. Ihuhulog ko ang patak na iyon ng tinta sa pampaputi. Anong mangyayari? Dali-daling maglalaho ang itim na mantsa. Hindi mo na ito makikita kahit hanapin mo; naglaho na ito. Hindi mo na ito makikita pang muli. Anong nangyari? Ngayon, wala kang makikitang anumang lalabas mula rito. Wala . . . Bakit wala kang makita? Dahil ito'y natunaw na. Ngayon, sasabihin ng siyensya, "Bumalik ito sa dati nitong mga asido."

398 Ano ang pinagmulan ng mga asido? Kita n'yo? Buweno, sasabihin mo, "Galing ito sa—sa ganitong mga bagay." Sige. Sabihin natin, halimabawa, tulad ng mga usok ang bumubuo sa asido. Saan naman galing ang mga usok? Buweno, ito'y—sabihin nating ang usok ay gawa naman ng mga *molecule*. Saan naman manggagaling ang mga *molecule*? Sa *atom*. Saan naman manggagaling ang mga *atom*? Mula sa mga *electronic*. Saan naman manggagaling ang mga ito? Sa *cosmic light*. Kita n'yo?

399 Nalampasan mo na ang natuklasan ng chemist ngayon. At kung ito'y isang sustansiya at isang nilikha, siguradong galing ito sa isang Manlilikha; kaya't hindi nagkataon lang na nakaupo ka rito.

400 Hindi ako magpapatuloy hanggang alas dose y medya o ala una nang nagkataon lamang. Ang mga hakbang ng matuwid ay itinatag ng Panginoon.

anumang paraan na nais n'yo, may munting kasilyas sa dulo, at palanggana, at lahat ng bagay ay sadyang inilaan sa ikagiginhawa ng mga nanay. May mga silya at iba pang mauupuan ninyo, isang lugar na mapagbibihisan n'yo ng inyong mga sanggol kung kailangan at ang lahat ay nakapuwesto na roon. Naiayos na itong lahat.

35 At maraming beses, ang mga kabataan at minsan ang matatanda, alam n'yo, ay nagpapasahan ng mga sulat o nag-iinisan o iba pa sa simbahan. Ngayon, sapat na ang edad n'yo para makaalam ng mas mabuti kaysa riyan. Kita n'yo? Dapat ay mas mabuti kaysa riyan ang nalalaman n'yo. Kita n'yo? Hindi kayo dapat na pumarito… Kung umaasa kayong maging isang tunay na lalaki balang araw at bumuo ng isang pamilya sa Kaharian ng Diyos, kung gayo'y umpisahan n'yo na (Nauunawaan n'yo?), at kumilos kayo nang tama at gumawa nang tama. At ngayon, siyempre…

36 Ngayon, ang mga *usher* ay tumatayo sa mga sulok ng gusali at iba pa at kung may nag-iingay, itinalaga bilang tungkulin nila (at ang mga trustee ay nakaupo rito sa harapan) na kung sakaling may sinumang nawawala sa kaayusan, sila'y inatasang hilingan ang taong iyon na tumahimik.

37 At kung wala silang respeto, mas mabuti pang ibigay na lang sa iba ang upuan, dahil may ibang gustong makinig. May pumaparito dahil layon niyang makinig at iyan ang dahilan kaya naririto tayo, ang makinig ng Salita ng Panginoon. At kaya nga ang lahat ay nais na makapakinig, at nais nating maging matahimik sila sa abot ng kanilang magagawa. Iyon ay, huwag silang maging isang nagdadaldalan at nagkakaingay na lupon. Ano pa nga ba't may mananambahan sa Panginoon; inaasahan iyan. Dapat lang; kaya kayo narito, ay para sambahin ang Panginoon. At kung nadarama ninyong gusto ninyong magpuri sa Diyos o sumigaw, gawin n'yo lang (Kita n'yo?), dahil naririto kayo para diyan (Kita n'yo?), para sambahin ang Panginoon sa sarili ninyong paraan ng pagsamba. Ngunit walang sinumang makasasamba sa Panginoon habang nagdadaldalan kayo at nagpapasahan ng mga sulat, at kayo ang nagiging dahilan upang mawala ang isang tao sa pagsamba sa Panginoon. Kita n'yo?

38 Kaya sa palagay natin ay mali iyon, at nais nating gawin itong isang patakaran sa ating iglesia, na sa ating kongregasyon, sa gusaling ito, ang iglesiang ito'y itatalaga sa Kaharian ng Diyos at sa pangangaral ng Salita. Manalangin kayo; manambahan kayo; iyan dapat ang dahilan nang pagparito n'yo, ang sumamba. At…

39 At isa pa, pagkatapos ng gawain, karaniwan ang mga tao sa mga iglesia… Hindi ko iniisip na gayon dito dahil palagi akong wala (Kita n'yo?), dahil

karaniwan ay umaalis ako maging sa pangangaral sa ibang mga gawain, dumarating ang pahid, at nagaganap ang mga pangitain, at nanghihina ako, at pumapasok na ako sa silid, at iuuwi na ako marahil ni Billy o ng iba pang mga kalalakihan at ako'y pagpapahingahin sandali hanggang sa makalabas na ako ro'n, dahil iyon ay masyadong nakapapagod.

40 At, nakakita naman ako ng mga simbahan, na pumapayag na magtakbuhan ang mga bata sa buong sangtuwaryo at ang mga matatanda naman ay tumatayo at naghihiyawan sa silid.

41 Iya'y isang madaling paraan para sirain ang gawain sa gabing iyon o anumang oras. Kita n'yo?

42 Pagkatapos na pagkatapos ng gawain ay lisanin n'yo ang awditoryum. Tapos na kayo sa pagsamba sa pagkakataong iyon. At lumabas na kayo at makipag-usap sa isa't-isa o anuman ang gusto n'yong gawin. Kung may gusto kayong sabihin kaninuman, nais n'yo makipagkita sa kanila, aba'y, sumama kayo sa kanila o sa bahay nila o anuman, ngunit huwag n'yo iyong gawin sa awditoryum. Italaga natin ito sa Diyos. Kita n'yo? Ito ang lugar ng ating pakikipagtagpo sa Kaniya. Kita n'yo? At ang kautusa'y nanggagaling sa sangtuwaryo, siyempre. At naniniwala akong makalulugod iyan sa Makalangit nating Ama.

43 At sa pagdating n'yo at masumpungan ninyong nagsisimulang gumana ang mga kaloob sa kalagitnaan ninyo… Ngayon, kadalasan ito'y… Nagtitiwala akong hindi iyon mangyayari rito. Ngunit kapag may bagong simbahan ang mga tao, mamamalayan mo na lang, nagsisimulang maging pormal ang kongregasyon. Ayaw ninyong maging ganiyan. Ganunpaman, ito ay dakong panambahan. Ito ang bahay ng Panginoon.

44 At kung ang mga ispiritwal na kaloob ay magpasimulang dumating sa inyo . . . Alam kong simula nang umalis ako, may mga taong lumipat dito mula sa iba't-ibang bahagi ng bansa, upang dito na manirahan. Nagpapasalamat ako, ikinalulugod ko sa Diyos na wari ko nu'ng umagang ialay at ibinaon ko riyan ang batong panulok nang ako'y binata pa, nanalangin akong manatili itong nakatayo hanggang sa pagdating ni Jesus Cristo. At nang gawin ko iyon, nagkautang ako ng libo-libong dolyar—at sila'y… Maari kang kumuha ng offering sa ganito kalaking kongregasyon at makalikom ng tatlumpo o apatnapung sentimos, at ang aming bayarin ay mga sandaan at limampu, o dalawandaang dolyar kada buwan.

45 Paano ko ito mababayaran? At alam kong nagtatrabaho ako, at mababayaran ko 'yon. Ako'y… Labing pitong taon akong nagpastor nang hindi ako kumukuha kahit isang sentimo, kundi ibinibigay ko pa nga ang lahat

387 Dahil nakakita ako ng pangitain at sinabi ko sa inyo ang tungkol sa pag-akyat para mangaso, at, alam n'yo, sadyang nakatisod iyon sa mga tao. At isinaayos iyon doon ng Diyos para sa layuning iyon, at bumalik ako upang ito'y ipaliwanag, naipakita ang paglisan ng aking ina at iba pang mga bagay na tulad niyon, at pagbalik ko ay inihayag ko iyon bago pa man maganap, at iyon ay naganap nga nang ayon na ayon sa sinabi Niyang magaganap . . .

388 Kita n'yo? Ngunit, lumabas kaagad doon si Juan at nagpahayag: Sabi niya, "Hindi ako ang Mesias, ngunit ako ang tinig ng isang sumisigaw sa ilang." At pagkatapos ay sila mismong mga alagad ay nagsabi, "Bakit sinabi ng mga eskriba, nag—nagturo ang Kasulatan na dapat munang dumating si Elias?" Kita n'yo? Ang kasimplihan ng Diyos ay sadyang lumalampas sa pang-unawa ng mga tao.

389 Hayaan n'yong ito'y talakayin ko, at magtatapos na ako; gagawin ko 'yon, sa tulong ng Diyos. Kita n'yo, tignan n'yo. Ngayon, himayin natin ito.

390 At ako'y—ipagpaumanhin n'yo ang paulit-ulit kong pagsasabi ng lahat ng magaganap doon. Kita n'yo, kaya't . . . Ipagpaumanhin n'yong napatagal ko kayo, ngunit ilang oras na lang, ay babalik tayong muli.

391 Tignan n'yo. Kunin natin ang isang simpleng patak ng tinta. Lahat ng bagay ay may layunin. Nagkatipon kayo rito ngayong umaga dahil sa isang layunin. Kumakain ako sa bahay n'yo, Charlie. Nellie, ipinagluto mo ako dahil sa isang layunin. Ngayon, lahat ng bagay ay may layunin. Itinayo ang simbahang ito dahil sa isang layunin. Walang bagay na walang layunin at dahilan.

392 Kunin natin ang simpleng patak ng tinta ngayon. (Naririnig n'yo ba ako?) Kunin natin ang isang simpleng patak ng tinta at iyon ay tignan natin. Ano ito? Isang patak ng tinta. Saan ito nanggaling? Sige. Kunin natin itong patak ng tinta. Ngayon, ito'y—sabihin nating ito'y itim na tinta. Ngayon, ang tintang iyan ay para sa isang layunin. Maaari nitong isulat ang kapatawaran ko sa isang—mula sa isang bilangguan. Maaari nitong isulat ang kapatawaran ko mula sa isang selda ng kamatayan. Tama ba?

393 Maaarin nitong isulat ang Juan 3:16 at maililigtas ang kaluluwa ko sa pamamagitan ng pagsampalataya ro'n. Tama ba? O maaaring ipangpirma ito sa kasulatan ng aking kamatayan. Kita n'yo? Maaari ako nitong hatulan sa lugar ng paghatol. Para ito sa isang layunin. Tama ba?

Buweno, masdan natin ang munting tintang ito at tignan kung saan ito nanggaling. Ngayon, ito'y tinta; nabuo ito sa mga kemikal at iba pa, hanggang ito'y maging tinta, at ito'y kulay itim.

380 Sinabi na Niya ito sa atin, ang pag-agaw, pagkatapos ay darating ang paghatol: kasalanan, mga salot, karamdaman, at lahat na. Hihilingin ng mga taong mamatay na sila kapag ang paghatol ay . . . "Panginoon, bakit dumating sa amin ang paghatol samantalang sinabi Mong magkakaroon muna ng pag-agaw?"

381 Sasabihin Niya, "Dumating na ito, at hindi n'yo nalaman." Nagkukubli ang Diyos sa kasimplihan. Ay, naku. Tama. "Naganap na ito at hindi ninyo nalaman."

382 Bakit hindi pinaniniwalaan ng mga mananampalataya ang mga simpleng tanda ng Kaniyang pagdating? Inaasahan nila ang lahat ng mga bagay na ipinangusap ng Kasulatan, at—at lulubog ang buwan sa kalagitnaan ng—ang araw sa katanghaliang-tapat, at magkakaroon ng lahat ng uri ng mga bagay.

383 Oh, kung mayroon lang tayong . . . Nasa akin ang mga talang isinulat tungkol dito (Kita n'yo?), para ipakita kung ano ang mga bagay na iyon, at tatalakayin naman natin ito sa pagbubukas ng mga Tatak sa linggong ito. Kita n'yo, kita n'yo? Hayan na nga, nakalipas na at hindi n'yo nalaman. Kita n'yo? Tignan n'yo kung ganun nga.

384 Kung bubuksan ng Anghel ng Panginoon ang mga Tatak na iyon sa atin . . . Tandaan n'yo, ito'y natatatakan ng pitong mahiwagang kulog. Kita n'yo?

385 Ngayon, bakit—bakit hindi mapaniwalaan ng mga tao ang payak na kasimplihan ng isang hamak na lupon ng mga tao (Kita n'yo?) at ang tinig ng mga tanda ng Diyos? Bakit hindi nila ito mapaniwalaan? Gaya ng palaging nangyayari. Ang tunay na Salita ng Diyos na naipahahayag, Ito'y . . . Masyado silang marurunong at edukado para paniwalaan ang simpleng anyo ng naisulat na Salita. Gusto nilang maglagay ng sarili nilang interpretasyon dito. "Hindi ganito ang ibig sabihin nito. Hindi ganiyan ang ibig sabihin niyan." Kita n'yo? Iyon ang ibig sabihin no'n.

Makinig kayo. Maaari ko ba itong sabihin nang mabilis ngayon? Maging ang mga pangitain na ibinibigay ng Diyos sa dakong ito ay lubusang di nauunawaan. Iyan ang dahilan na naririnig n'yo akong nagsasabi sa mga tape na, "Sabihin n'yo kung anong sinasabi ng mga tape. Sabihin n'yo kung anong sinasabi ng mga pangitain."

386 Ngayon, kung gising na gising kayo, may makikita kayo. Kita n'yo? Umaasa akong hindi ko na kailangang hawakan pa iyon sa kamay ko para maipakita sa inyo. Kita n'yo, kita n'yo, kita n'yo? Kayo'y . . . Naririto na ito. Nasa wakas na tayo. Opo. Hindi ito makikita ng marurunong at ng edukasyon. Ang mga simpleng pangitain, kapag ang mga ito'y nahahayag nang simpleng-simple, lumalampas ito sa pang-unawa ng mga tao. Kita n'yo?

na mayroon ako, maliban sa ikinabubuhay ko, at lahat iyon ay napupunta sa isang munting kahon sa likuran para sa Kaharian ng Diyos… At nagpropesiya at nangsipanghula ang mga tao na sa loob ng isang taon, ito'y magiging isang garahe.

46 Sinikap ni Satanas na agawin ito sa atin sa isang pagkakataon dahil sa isang pagkakamali, sa isang huwad na kaso: may isang lalaking nagsabing nasaktan ang kaniyang paa habang siya'y nagtatrabaho rito, at ito'y hinayaan lang natin, at siya'y naghabla at gusto niyang kunin ang Tabernakulo. At sa loob ng maraming linggo'y ginampanan ko ang aking tungkulin, ngunit sa kabila ng lahat ng di-pagkakaunawaan at mga hula at ng kanilang sinabi, nakatayo siya ngayon bilang isa sa pinakamarikit na awditoryum at pinakamagandang simbahan dito sa America. Tama.

47 Mula rito'y lumaganap ang Salita ng buhay na Diyos sa buong mundo (Kita n'yo?), sa lahat ng panig ng mundo, at nagpaikot-ikot ito sa buong daigdig sa bawat bansa sa silong ng langit na nalalaman natin, paikot-ikot sa buong mundo. Magpasalamat tayo dahil dito.

48 Maging mapagpasalamat tayo dahil dito. At ngayong na may dako na tayo upang panahanan, isang bubungan na masisilungan, isang malinis at magandang simbahan na mapagtitipunan, ialay nati muli ang ating mga sarili sa gawain at italaga ang ating mga sarili kay Cristo. At…

49 Si Brother Neville, ang ating magiting na kapatid at tunay na pastor, lingkod ng buhay na Diyos, pinanghahawakan niya sa abot ng kaniyang makakaya ang lahat ng nalalaman niya sa mensahe. Tama. Siya'y isang maamong tao; medyo takot siya—o hindi takot, hindi iyan ang ibig kong sabihin, ngunit napakaamo niya; hindi siya palakibo. Alam n'yo na, tulad ng pagsasabi ng isang bagay na masakit at nakasusugat o ng "maupo ka," o "manahimik ka." Napansin ko iyan at napakinggan sa mga tape. Ngunit nagkataong kaya kong gawin iyon, kaya gusto kong tandaan ninyo ang mga salita ko. Nakita n'yo? At lahat ito'y itini-tape (Kita n'yo?); lahat ay itini-tape. At pakiusap, mangyaring ang bawat diyakuno ay tumayo sa kaniyang puwesto at tandaang kayo'y nasa ilalim ng isang atas mula sa Diyos na panghawakang may kabanalan ang tungkuling iyan (Kita n'yo?), gayon din ang bawat trustee.

50 Ang pastor ang dapat maghatid ng… Hindi trabaho ng pastor na magsabi niyan; ito'y sa mga trustee o sa mga diyakuno pala ang ibig kong sabihin, dahil sila ang mga pulis ng iglesia. Iyon ay, kung may mga magnonobyang kabataan na darating sa labas at bubusina, at alam n'yo ang karaniwang

ginagawa nila, o anumang bagay na tulad niyan sa mga pagtitipon o—o lumabas sila…

51 At pinapunta ng nanay ang anak niyang babae rito, at umalis siyang kasama ang isang sutil na binatilyo at pagala-gala habang nakasakay sa kotse, at akala ng kaniyang nanay ay nasa simbahan siyang tulad niyan, dapat iyong tiyakin ng diyakuno. "Alin sa dalawa, pumasok ka rito at maupo, o isasakay kita sa kotse ko at iuuwi kita sa nanay mo." Kita n'yo? Dapat ninyong gawin iyan.

52 Tandaan, ang pag-ibig ay nagtutuwid (Kita n'yo?), sa tuwina. Ang tunay na pag-ibig ay nagtutuwid. Kaya kailangan ninyong tiisin ang pagtutuwid. At alam na ngayon ng mga nanay na may lugar na diyan para sa inyong mga sanggol. Kayong mga bata, alam n'yo na hindi dapat magtakbuhan sa buong gusali. Kita n'yo? At kayong mga matatanda, alam n'yo nang hindi dapat magsalita at magpatuloy sa inyong pag-uusap sa loob ng awditoryum. Kita n'yo? Huwag n'yong gawin iyon; mali iyon. Hindi iyon kalugod-lugod sa Diyos.

53 Ang sabi ni Jesus, "Nasusulat: ang Aking bahay ay gagawing bahay ng pagsamba, ng pananalangin, tatawaging bahay-dalanginan ng lahat ng mga bansa." At sila noo'y namimili at nagtitinda, kaya't nagtirintas Siya ng mga lubid at itinaboy ang mga tao palabas ng awditoryum. At tunay ngang ayaw nating mangyari iyon sa sangtuwaryong ito. Kaya't ialay natin ang ating mga buhay, ang ating iglesia, ang ating mga tungkulin, ang ating gawain, at lahat ng taglay natin para sa Kaharian ng Diyos.

54 Ngayon, ngayo'y nais kong bumasa ng ilang Kasulatan bago tayo magkaroon ng pananalangin para sa pag-aalay. At, ito'y isa lamang muling pag-aalay, dahil ang talagang pag-aalay ay naganap tatlumpung taon na ang nakalilipas. Ngayon . . . At habang binabasa natin at pinag-uusapan ang Kasulatang ito sa loob ng ilang sandali, nagtitiwala akong maghahatid ang Diyos ng Kaniyang mga pagpapala sa atin.

55 At ngayon, may isang bagay pa akong gustong sabihin. Oo. Sa dating kinaroroonan ng mga recorder at iba pa, mayroon tayong isang ordinaryong silid diyan na mapagrerecordan ng mga nais magrecord; may mga special hookup at iba pa na nanggagaling nang direkta mula sa pangunahing mikroponong naroroon.

56 May mga silid, mga damit, at lahat na para sa pagbabautismo. At isang bagay pa: maraming mga tao ang madalas na nasasaktan sa akin (mga taong wala naman talagang alam sa Kasulatan) sa pagkakaroon ng krusipiho sa simbahan. Naalala ko minsan ang isang pangyayari rito na may kinalaman

376 Hindi sila nabuhay sa loob ng sanlibong taon. Kita n'yo? Ngunit sa Nobya, kung may limang daang tao na umalis sa lupa sa sandaling ito, hindi ito malalaman ng mundo.

377 Sinabi ni Jesus, "May isang nasa higaan; at kukunin Ko ang isa, at iiwan ang isa." Sa gabi 'yan. "Maaring may dalawang nasa bukid (sa kabilang panig ng mundo); kukunin Ko ang isa at iiwan ang isa . At kung paano ang nangyari sa mga kaarawan ni Noe, ay magkakagayon din sa pagdating ng Anak ng tao."

378 Isipin n'yo. Lahat ng bagay ay iinog nang singnormal ng dati. Isang panatikong mensahe ang daraan, at malalaman n'yo na lang, "Nagpunta sa kung saan ang ministrong ito, hindi na siya nakabalik. Marahil ay nagpunta siya sa kagubatan para mangaso; hindi na siya nakabalik. At ang taong ito'y nagpunta sa kung saan . . ." "Alam n'yo ba kung anong nangyari? Naniniwala ako na may dumukot sa dalagitang iyon, at tinangay siya sa kung saan, alam n'yo na. May tumangay sa babaeng iyon at pinagsamantalahan siya, marahil ay itinapon siya sa ilog. Siya'y nawawala . . .? . . . Walang sinumang . . . Kalahati nito."

Siyamnapu't siyam sa bawat . . . Maaari nating sabihin na isa sa bawat sandaang milyon ang makaaalam nito. Kita n'yo? Malibang may isang taong nakakikilala sa . . . Aniya, "Nawawala ang dalagitang iyon. " Aba'y, hindi ko maintindihan. Hindi pa siya umalis nang ganun dati." Hindi.

379 At kapag sinabi nilang mabubuksan ang mga libingan, papaanong mabubuksan ang mga libingan samantalang . . . Wala na akong oras para talakayin ang nais ko. Kakailanganin kong kunin ito . . . Para lang maipakita sa inyo ang kasimplihan ng Diyos. At ang *calcium*, *potash*, at lahat na kapag . . . Samantalang ang lahat ng materyales na bumubuo sa'yo ay pupuno lamang ng isang kutsara . . . Tama. At ang mangyayari babalik ito sa pagiging espiritu at buhay . . .

Mangungusap lang ang Diyos at darating na ang pag-agaw. Hindi ito mangyayari doon sa malayo, at magbababaan ang mga Anghel at papalahin ang mga libingan upang kunin ang matatagal nang bangkay na naririto. Ano iyon? Ipinanganak ito sa kasalanan sa umpisa, ngunit may isang bagong ginawa sa wangis nito. Alam n'yo . . . Kita n'yo? Kung taglay pa rin natin ito, mamamatay tayong muli . . . Kita n'yo? Walang sinumang magsasabi, "Mabubuksan ang mga libingan. Lalabas ang mga patay." Maaaring totoo iyan, ngunit hindi ito mabubuksan sa paraang sinabi mo. Kita n'yo? Tama. Kita n'yo? Hindi ito magiging gayon. Magiging lihim ito, dahil sinabi Niyang darating Siya tulad ng isang magnanakaw sa gabi.

369 Ginawa Niya iyon sa halos kalahating dosenang tao, at iyon na ‘yon. Kita n’yo? Iyon lang ang nakatakdang makatanggap nito. Iyon lang ang nakatalagang makakita nito.

370 Ang sabi ni Jesus, “Dumating na siya, at hindi ninyo nalaman. Ngunit ginawa niya kung ano talaga ang sinabi ng Kasulatan na gagawin niya. Ipinanumbalik niya sila, kayong lahat, na tumanggap sa Akin at nanampalataya sa Akin. Ginawa niya ng tamang-tama kung ano ang sinabi ng Kasulatan na gagawin niya. At ginawa nila sa kaniya kung ano ang sinabi ng Kasulatan na gagawin nila. Dumating na siya, at hindi n’yo ito nalaman.” Handa na ba kayo?

Gusto ko kayong gulatin nang kaunti. Magiging ganun din ang pag-agaw. Magiging napaka-simple nito; walang dudang magiging gayon din ito, na magaganap ang pag-agaw isa sa mga araw na ito at hindi ito mamamalayan ninuman.

371 Ngayon, huwag—huwag muna kayong tatayo, ngunit pag-aralan n’yo muna ito sandali. Tiyak na magtatapos na ako. Darating ang pag-agaw sa napaka-simpleng paraan na babagsak na ang paghatol, at makikita nila ang Anak ng tao; sasabihin nila, “Hindi ba dapat magkaroon muna tayo ng ganito at ganiyan . . . At hindi ba dapat may Elias munang susuguin sa atin? At hindi ba dapat magkaroon muna ng pag-agaw.?”

372 Sasabihin ni Jesus, “Nangyari na ito, at hindi n’yo ito nalaman.” Ang Diyos na nasa kasimplihan . . . Kita n’yo?

373 Ngayon, sa linggong ito’y papasok tayo sa ilang napakalalim na pagtuturo tungkol sa Salita. Ngayon, pansinin n’yo. Ang pag-agaw ay magiging . . . Napakakaunti lamang ng mapapabilang sa Nobyang iyon. Hindi ito magiging . . . Ngayon, nakikita n’yo ba kung paano ito ipinaliliwanag ng mga guro? May mga *chart* sila, at ipinapakita nila na sampung milyong tao ang aangat dito, at lahat ng mga Methodist, kung ang mangangaral ay Methodist; at kung Pentecostal naman, lahat ng Pentecostal ay lalapit. Malayong-malayo.

374 Ang mangyayari, marahil may isang aalis sa Jeffersonville, may isang mawawala. Sasabihin nila, “Buweno, hindi mo . . .” Hindi ito malalaman ng iba pa sa kanila. May isang aalis sa Georgia. Kita n’yo? May isang aalis sa Africa.

375 At sabihin na nating may limang daang taong nabubuhay na makakasama sa pag-agaw. Ngayon, hindi iyan—hindi iyan ang katawan ng iglesia; ito’y ang Nobya. Hindi iyan iglesia; ito’y ang Nobya. Kita n’yo? Ang iglesia’y magbabangon nang libo-libo, ngunit iyon ay sa susunod na muling pagkabuhay.

diyan. Naglagay ako ng tatlong krus, at labis na nagulumihanan ang isang kapatid dahil narinig niyang sinabi ibang denominasyon na ang krusipiho ay may pakahulugang Catolico.

57 Gusto kong sabihin ng isang estudyante, o sinuman, o ng isang ipinanganak na muling Cristiano na ang mga Catolico ang may karapatan sa Krusipiho. Ang Krusipiho ni Cristo ay hindi kumakatawan sa Catolisismo; iyon ay kumakatawan sa Diyos, sa Kaharian. Ngayon, ang mga santo ang kumakatawan sa Catolisismo. Naniniwala tayong may iisang Tagapamagitan sa Diyos at sa mga tao, at iyon ay si Cristo; ngunit naniniwala ang mga Catolico sa lahat ng uri ng mga tagapamagitan, libo-libong mga babae at lalaki, at lahat na. Halos kahit sinong mabuting Catolico na namamatay ay nagiging tagapamagitan. Ngayon, ang krusipiho ni Cristo ay kumakatawan kay Jesus Cristo.

58 Alam n’yo bang ang mga unang Cristiano, ayon sa matandang kasaysayan ng unang iglesia, ay may karga-kargang mga krus sa kanilang mga likuran saan man sila pumunta upang ipahiwatig at ipakilala ang kanilang sarii bilang mga Cristiano. Ngayon, inaangkin ng mga Catolico na sila ang mga ‘yun. Siyempre inaangkin nilang sila ang nauna, ngunit ni hindi pa natatatag ang iglesiang Catolico noon (Kita n’yo?), ngunit nagsisipagdala na noon ng krus ang mga Cristiano sa . . .

59 Narinig n’yong nang nagbabanggit ang mga tao ng, “Crossback.” Iniuugnay n’yo ba iyon sa Catolico? Iyon ang tunay na Catolico, ang pangdaidig na Iglesia ng Espiritu Santo, tama. Tayo ay Catolico; tayo ang orihinal na Catolico, ang Catolicong naniniwala sa Biblia. Kita n’yo? Sila ang iglesiang Catolico, na organisasyon. Malaya tayo sa ganun. Tayo ang pagpapatuloy ng aral ng mga apostol. Tayo ang pagpapatuloy ng bautismo ng Espiritu Santo at ng lahat ng mga bagay na pinanindigan ng unang iglesia, at walang mga ganiyan ang iglesiang Catolico. Kita n’yo?

60 Kaya inilagay nila ang dinalang krusipiho dito, na inukit mula sa puno ng olibo na pinalanginan ni Jesus, inabot ng maraming taon para makarating dito ang krusipihong iyon at maibigay sa akin ni Brother Arganbright, at nais ko itong ialay kasama ang iglesiang ito . . . At tamang-tama, sinuman ang nagsabit niyan diyan (hindi ko alam kung sino ang nagsabit niyan dito) sa gawing kaliwa ko, pinatawad Niya ang magnanakaw sa Kaniyang kanan. Ako iyon.

61 At isang bagay pa ang kinakatawan nito: Sa pagkatungo ng Kaniyang ulo’y makikita mo ang Kaniyang paghihirap, sinumang tao na . . . Nakatingin

ito sa altar, at inaasahan ka Niya rito, ikaw na makasalanan. Nakatunog Siyang titingin sa iyo.

62 Maglalagay sila sa susunod ng munting ilaw dito, na habang nananawagan sa altar, tatamaan iyon ng liwanag, kapag ang mga tao'y naririto na upang…

63 Sasabihin mo, "Bakit kailangan mo pa iyan? Hindi ka dapat magkaroon ng larawan." O sige, ang Diyos na nagsabing, "Huwag kayong gagawa para sa inyong mga sarili ng anumang inanyuang mga larawan," ay siya ring Diyos na nagsabi, "Gumawa ka ng dalawang kerubin at pagkalupkupin mo ang kanilang mga pakpak, at ilagay mo ang mga ito sa luklukan ng awa kung saan nananalangin ang mga tao." Nakita n'yo, hindi kasi nauunawaan.

64 Kita n'yo? Kaya't iyan ay kinasihan at direktang naisabit sa tamang lugar nito, at lubos akong nagpapasalamat na ako 'yung nasa gawing kanan.

65 At nagtitiwala ako na ako'y Kaniyang pinatawad, dahil hindi naman ako talagang nagnakaw kailanman sa abot ng aking nalalaman ng anumang bagay, hindi ko iyan ginawa sa buong buhay ko; ngunit lubos kong nagamit nang mali ang Kaniyang oras hanggang sa ako'y makapagnakaw sa gayong paraan, at nakagawa ako ng maraming bagay na hindi ko dapat ginawa, at nagpapasalamat ako sa Diyos ngayong umaga na pinatawad Niya ang mga kasalanan ko.

66 At ngayon, nais kong bumasa mula sa Aklat ng Unang Mga Cronica 17 at mangusap lang ng mga limang minuto tungkol sa gawain ng paghahandog, manalangin, at pagkatapos ay tutungo na tayo sa mensahe. Ngayon sa Unang Mga Cronica, sa ika-17 kabanata…

At nangyari, nang si David ay tumahan sa kaniyang bahay, na sinabi ni David kay Nathan na propeta, Narito, ako'y tumatahan sa isang bahay na sedro, ngunit ang kaban ng tipan ng Panginoon ay sa ilalim ng kubong.

At sinabi ni Nathan kay David, Gawin mo ang nasa iyong kalooban; sapagka't ang Diyos ay sumasaiyo.

At nangyari ng gabing yaon, na ang Salita ng Panginoon ay dumating kay Nathan, na sinasabi,

Ikaw ay yumaon at saysayin mo sa aking lingkod na si David… Ikaw ay yumaon at saysayin mo kay David na aking lingkod… (iyon pala)… Ganito ang sabi ng Panginoon, Huwag mo akong ipagtatayo ng bahay na matatahanan:

Sapagka't hindi ako tumahan sa bahay mula nang araw na aking iahon ang Israel, hanggang sa araw na ito; kundi ako'y yumaon sa tolda at tolda, at sa tabernakulo at tabernakulo.

362 At tandaan, ang tanging paraan para magkamali ka ay ang tanggihan mo muna ang tama. At sa pagtanggi mong magdilat ng iyong mga mata, mamumuhay ka kadiliman. Kita n'yo? Kung sadyang tatanggi kang tumingin, paano ka makakakita? Kita n'yo? Masdan n'yo ang mga simpleng bagay. Ang mga mumunting bagay na hindi n'yo ginagawa ang problema, hindi ang mga malalaking bagay na sinisikap n'yong gawin. Ay, naku. At tignan n'yo ito.

363 Hayaan n'yong sabihin ko sa inyo. Sa Mal . . . Sa Mateo 11:10 ay sinabi Niya, "Kung matatanggap n'yo, ito na yaong (Kita n'yo?), ito yaong isinugo sa unahan Ko." Ang simple niyon.

364 Itinanong ito sa Kaniya isang araw, anila, "Bakit nga sinasabi ng mga eskriba na . . ."

365 Ang sabi Niya, "Sasampa ang Anak ng tao sa Jerusalem. Mapapasakamay ako ng mga makasalanan, at papatayin nila ang Anak ng tao. Mamamatay Siya, at sa ikatlong araw ay mabubuhay Siyang muli." Aniya, "Huwag ninyong sasabihin kaninuman ang nakita n'yong pangitain doon sa itaas."

366 At ang mga alagad . . . Ngayon, isipin n'yo ito, ang mga disipulong lumakad na kasama ni Juan, kau-kausap niya, kumaing kasalo niya sa ilang, umpo sa dalampasigan, anila, "Bakit nga sinasabi ng mga guro na kailangang dumating muna si Elias? Sinasabi mong sasampa ka upang mapako sa krus at magbabangong muli; ikaw ang Mesias, kukunin Mo na ang trono. Ngayon, bakit nga sinasabi ng mga eskriba . . . Sinasabi ng lahat ng Kasulatan natin dito—malinaw na sinasabi ng Kasulatan na bago dumating ang Cristo, darating muna si Elias." Kita n'yo?

367 Sabi Niya, "Dumating na siya, at hindi n'yo nalaman." Ngayon, sino iyon? Mga alagad.

368 Makasasakit ako rito ng kaunti ngayon, ngunit hindi ko ito sinasadya. Kita n'yo? Sa loob ng susunod na ilang minuto (Kita n'yo?), isa o dalawang minuto; para matiyak lang na talagang mauunawan ninyo. (Naririnig n'yo ba ako?) Tignan: Aba'y . . . Ang mga lalaking lumakad nakasama ni Cristo, "Bakit nga sinasabi ng mga Kasulatan na kailangan munang dumating si Elias," at sila'y mga sariling akay ni Juan pagkatapos ay hindi siya nakilala. Bakit nga sinasabi ng mga Kasulatan, at ng mga guro? Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? "Bakit sinasabi ng mga Kasulatan na kailangan munang dumating si Elias?" Mga disipulo iyon na lumakad na kasama niya. "Bakit sinasabi ng mga Kasulatan na kailangang dumating muna siya bago maganap ang mga bagay na ito at isasauli ang lahat ng mga bagay?"

siyang *Divine savior*." At ang sabi ko, "Nangangaral ako ng *Divine healing*, at ayaw kong tawagin akong *Divine healer*, ngunit sabi niya'y hindi siya *Divine savior*. Hindi nga talaga; ako man ay hindi rin isang *Divine healer*, ngunit 'Sa pamamagitan ng Kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo.' Doon ako tumuturo." Kita n'yo?

At kaya nga . . . "Siya'y walang kabuluhan." Alam n'yo na, nagpalakad-lakad siya.

357 Ang sabi ko, "Ngunit kung ang Presensya at ang kaloob na ito ng Diyos, ang Anghel ng Panginoon na ito, kung iyon ang kinukuwestiyon, mapatutunayan iyan." At sa pagkakataong iyon, paikot-ikot itong bumaba sa akin. Sabi ko, "Hindi na kailangang magsalita pa ngayon; Siya na ang nangusap para sa akin." At umalis na ako.

358 Nagtungo ako . . . At ang Houston, ang malaking siyudad na iyon, isa sa pinakamagandang siyudad sa buong bansa . . . Nang lumakad ako roon nung nakaraang araw, kahiya-hiyang tignan ang siyudad na iyon. Marumi ang mga kalsada. Ang *counter* ng dakong iyon, sa may Texas Avenue, at pumasok ako sa Rice Hotel kung saan dating tumutuloy ang mga artista sa pelikula, at nanaog ako sa *basemen*t, sa kapehang iyon, at pabagsak na ang kisame, may plaster sa sahig, marumi at makalat, at may kaguluhan sa kalagitnaan ng mga mangangaral tulad ng hindi pa naganap o narinig sa buong buhay ko.

359 Bakit? Ang pagtanggi sa Liwanag ay paglakad sa kadiliman. Naroon at nakaupo sa hanay ng mga bibitayin ang kanilang mga anak. Tama. Bumaba ang Diyos nang maipamalas at tanggihan ang kasimplihan, pagkatapos ay inihayag ng Diyos ang Kaniyang Sarili sa kasimplihan.

360 At doon nila kinunan ang larawang kumalat sa buong daigdig. Maging ang mga siyentipiko ay nagsabi na ito lang ang tanging supernatural na Nilalang na nalitratuhan sa buong kasaysayan ng mundo, at ito'y nakasabit sa Washington D.C., sa *Hall of Religious Art*. Kita n'yo? Hayun na nga, sa pagkakataong iyo'y naipahayag ang kasimplihan. Kita n'yo, kita n'yo? Nagkukubli ang Diyos sa kasimplihan, at pagkatapos ay ipinahahayag Niya ang Kaniyang Sarili. Kita n'yo?

361 Ngayon, itinago Niya ang Kaniyang Sarili sa kamatayan ni Cristo, ngunit inihayag ang Sarili sa pagkabuhay na muli, ay, naku, at sa iba pa. Sadyang magagawa mong—atin lamang—ating . . . Wala itong katapusan. Patuloy mo lang sabihing . . . Ngunit hayan na nga. Ang tumanggi kang magsabing may sikat ng araw ay ngangahulugan ng pagpunta sa silong ng iyong bahay at pagpikit ng iyong mga mata sa liwanag. Tama.

Sa lahat ng mga dako na aking nilakaran na kasama ang buong Israel, ako ba'y nagsalita ng isang salita sa sinoman sa mga hukom ng Israel, na siyang aking inutusang maging pastor sa aking bayan, na nagsasabi, Bakit hindi ninyo ako ipinagtayo ng bahay na sedro?

Ngayon nga'y ganito ang iyong sasabihin sa aking lingkod na si David, Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, Kita'y kinuha sa pasabsaban, sa pagsunod sa mga tupa, upang ikaw ay maging pangulo sa aking bayang Israel:

At ako'y sumaiyo saan ka man naparoon, at aking inihawalay ang lahat ng iyong mga kaaway sa harap mo; at ginawa kiyang isang pangalan na gaya ng pangalan ng mga dakila na nangasa lupa.

67 Gusto kong sabihin sa puntong ito na—na nakita ni David ang kaparehong bagay na nakita natin. Sinabi ni David, "Hindi matuwid na ipinagtayo n'yo ako ng bahay na sedro, at ang kaban ng tipan ng aking Diyos ay nananatili pa rin sa ilalim ng mga kubong." (Iya'y mga tinahing balat ng mga tupa at mga hayop.) Sabi niya, "Hindi matuwid para sa akin na magkaroon ng isang magandang tahanan, at ang kaban ng tipan ng aking Diyos ay nananatili sa isang tolda." Kaya't inilagay ng Diyos sa puso niya na magtayo ng isang tabernakulo. Ngunit si David, bagama't siya'y isang lalaking puspos ng pag-ibig at nakalaan ang sarili sa Diyos, ngunit nakapagbubo siya ng lubhang napakaraming dugo. Kaya sinabi niya… Sinalita ito ni David sa harap ng propeta ng panahong iyon, na si Nathan, at si Nathan, palibhasa'y alam na mahal ng Diyos si David, ay nagsabi, "David, gawin mong lahat ng nasa puso mo, sapagka't ang Diyos ay sumasaiyo." Napakagandang pangungusap. "Gawin mong lahat ng nasa puso mo, sapagka't ang Diyos ay sumasaiyo."

68 At nang gabi ring iyon—sa pagpapakitang si David ay nakalaan sa pag-ibig ng Diyos, at ang makita sa gabi ring iyon, nang mapagtanto niyang siya'y nagkamali kaya't hindi siya pinahintulutang gawin iyon, naging mabiyaya ang Diyos para bumaba at makipag-usap kay Nathan. At sa tuwina ay gusto ko ang ganitong mga pananalita: "Yumaon ka at sabihin mo kay Nathan, na Aking…" o "Yumaon ka at sabihin mo kay David, na Aking lingkod, na kinuha kita mula sa pasabsaban." Isa lang… Wala Siyang kabuluhan noon.

69 Gusto ko iyang gamitin dito sandali. "Kinuha Kita mula sa wala, at binigyan Kita ng isang pangalan; may pangalan kang tulad ng mga dakilang lalaki na nangasa-lupa." At gusto kong gamitin iyan sa isang kumpidensyal na paraan, ngunit sa layong makapaglahad ng isang punto.

70 Iniisip ko na ilang taon pa lang ang nakalilipas, nakatayo ako rito sa siyudad na ito, at walang sinumang nagmamalasakit sa akin; walang nagmamahal sa akin. Mahal ko ang mga tao, ngunit walang nagmamahal sa akin dahil sa nakaraan ng aking pamilya.

71 Hindi sa winawalang-galang ko ang aking mahal na ina at ama. Sana buhay pa si nanay para nakapasok siya sa sangtuwaryong ito ngayong umaga.

72 Marami sa mga datihan ang naglagak ng kanilang salapi para tumulong na maitayo ito, marahil ay pahintulutan sila ng Diyos ngayong umaga na dumungaw sa barandilya ng kalangitan.

73 Ngunit hindi maganda ang pagkakilala sa pamilyang Branham sa lugar na ito dahil sa paglalasing. Walang pakialam ang sinuman sa akin. Naaalala ko na sinabi ko sa aking maybahay hindi pa katagalan, naaalala ko lang na walang sinumang gustong makipag-usap sa akin. Walang sinumang nag-aalala sa akin dati, samantalang ngayon kailangan kong magtago para makapagpahinga ng kaunti.

74 At ngayo'y ibinigay sa atin ng Panginoon ang dakilang lugar na ito at—at ang mga dakilang bagay na ito na Kaniyang ginawa. At binigyan Niya ako ng isang, bukod sa isang hindi magandang pangalan, binigyan Niya ako ng isang pangalan na tulad ng sa mga dakilang tao; at nilipol Niya ang aking mga kaaway saan man ako pumunta. Walang anumang nakahadlang Dito saan man Ito tumungo—at lubos akong nagpapasalamat dahil diyan.

75 At papaano ko iyon malalaman, bilang isang munting gusgusing bata dati, mga dalawa o tatlong bloke ang layo sa Ingramville School, samantalang tampulan ako ng tawanan sa eskwelahan dahil sa pagiging gusgusin at sa pagpapadulas sa isang lumang lawa. Papaano ko malalaman na sa ilalim ng lawang iyon ay may nakahimlay na isang binhi ng lirio na mamumukadkad na gaya nito? At papaano ko malalaman samantalang walang sinumang kumakausap sa akin, ngunit gayunpama'y, bibigyan Niya pala ako ng pangalan na igagalang sa kalagitnaan ng Kaniyang bayan.

76 At ngayon, hindi pinahintulutan si David na itayo ang templo. Hindi niya iyon maaaring gawin. Ngunit sinabi Niya, "Magpapalitaw Ako mula sa iyong binhi, at siya ang magtatayo ng templo, at ang templong iyon ay magiging isang walang hanggang templo. At masasalig sa iyong anak, sa Anak ni David, ang isang walang hanggang Kaharian na Kaniyang pamamahalaan." Si Solomon, na anak ni David sa natural (mula sa kaniyang natural na lakas) ay nagtayo ng bahay para sa Panginoon, isang templo.

77 Ngunit nang dumating ang tunay na Binhi ni David, ang Anak ni David, sinabi Niya sa kanila na darating ang panahon na walang matitirang bato na

348 Hindi nila alam na ang Diyos iyon na nasa kasimplihan. "Aba'y," aniya, "wala man lang aral sa *grammar* ang lalaking iyon."

349 Aral siya ng lahat ng *degree* ng mga iskolar na maaari niyang makamit, hanggang sa akala niya kayang kaya niyang talunin si Brother Bosworth sa anumang paraan, ngunit pagdating sa Salita, ni hindi man lang siya umabot sa ikasampung bahagi ng sukat para tumapat sa kaniya. Kita n'yo?

350 Alam ni Brother Bosworth kung saan siya nakatayo. Marami sa mga tao niyang nakaupo rito ay naroon sa debate. At hayun siya, at sinabihan na niya kami ng kung anu-ano, gaya ng pagiging isang bungkos ng mga ignorante. Aniya, "Ang mga taong disente mag-isip ay ni hindi naniniwala rito."

351 Sabi ni Brother Bosworth, "Sandali lang." Aniya, "Gaano karaming tao sa siyudad na ito (marahil ay mga tatlumpung libo ang naroroon nung gabing iyon, na nakaupong kasama namin.) . . . Gaano karaming tao sa siyudad na ito na sumisimba sa mga naglalakihan at naggagandahang mga simbahang Baptist na ito ang makapagpapatunay sa pamamagitan ng pahayag ng duktor na silay napagalig sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos magmula nang maparito sa siyudad si Brother Branham, magsitayo kayo," at tatlong daan ang tumayo. Aniya, "Papaano naman iyan?"

352 Hayun na nga. Nagkukubli ang Diyos sa kasimplihan. At sinabi niya, kapatid . . . Aniya, "Dalhin n'yo rito ang *divine healer*. Hayaang n'yong masaksihan kong *hinihipnotize* niya ang sinuman; at pagkatapos ay ipakita n'yo sila sa akin makalipas ang isang taon mula sa araw na ito."

353 At si Ted Kip—at si Ayers ang kumuha ng larawan. Aniya, "Si Mr. Branham ay isa lamang *hipnotizer*. Nakakita ako ng babae na may *goiter* sa kaniyang lalamunan, at aniya *hinipnotize* niya ang babaeng iyon; kinabukasan ay kinausap ko siya, at wala na siyang goiter." Sabi niya, "*Hinipnotize* siya ng lalaking iyon."

354 At, oh, sadyang nilibak niya ako, sinabing dapat ay palayasin ako sa siyudad, at siya dapat ang gumawa nito (Kita n'yo?), at iba pang tulad niyon: malalaking talata sa harapang pahina ng Houston Cronicle.

355 Hindi ako nagsalita ng anuman. Naroon ako para gamapanan ang gawain ng aking Ama, at iyon lang: ang manatili sa Salita. Isinugo Niya ako roon, at iyon ay gawain Niya . . .

356 Nang bumaba ako roon nung gabing iyon, sinabi ko, "Hindi ako *Divine healer*. Hindi . . . Kung may nagsasabi niyan," ika ko, "mali sila." At sabi ko, "Ayaw kong tawagin akong isang Divine healer." Sabi ko, "Kung itong Dr. Best ay nangangaral ng kaligatasan, aba'y hindi niya gustong tawagin

salitang iyon, nangangahulugan ito ng walang hanggang pagkahiwalay sa Presensya ng Diyos. Lahat sila'y nangamatay. Kita n'yo?

344 Bawat isang tumanggi kay Jesus ay nangapahamak. Nauunawaan'yo ba ang ibig kong sabihin? Ang tumanggi sa kasimplihang iyon ng Diyos… Hindi ito isang bagay lang na… Sasabihin mo, "Buweno, nagkamali ako." Huwag ganun ang gawin mo. Hindi iyon tatanggapin ng Diyos sa ganiyang paran; mapapahamak ka nang walang hanggan. Makabubuting mag-isip tayo ng ibang bagay. Pinakamainam iyon para sa atin. Ngayon, kailangang ito'y ganap na ipakilala ng Diyos. Kita n'yo? At kung ito'y gayon, ito nga'y Salita Niya. Kita n'yo? Oh. Tulad ng mga tumanggi kay Moises, tumanggi kay Elias, tumanggi kay Juan, tumanggi kay Jesus sa kanilang panahon…

345 Narito, hayaan n'yong sabiin ko sa inyo ang isang munting bagay, at umaasa akong hindi ako lubhang makapananakit. Ngunit, tignan n'yo. Noong isang araw ay pinatawag ako sa Houston, Texas, para subukang makakuha ng kapatawaran… Nagtipon ako ng ilang mga tao para mangaral ng isang mensahe para mapapirma ang mga taong naroroon sa kapatawaran ng--ng binata at dalagang ito, alam n'yo na, na nasangkot sa kaguluhan (palagay ko'y nabasa n'yo ang tungkol dito sa pahayagan) at siya'y anak na lalaki ng misis ni Mr. Ayers sa unang asawa.

Si Mr. Ayers ang kumuha ng litrato sa Anghel ng Panginoon na nakikita n'yo riyan: isa siyang Romano Catolico, at ang maybahay niya'y Hudyo.

346 At pinakasalan niya ang babaeng Hudyong ito; hindi sila nag-uusap tungkol sa relihiyon at iba pang pang bagay na tulad niyan, at si Ted Kipperman, na kasa-kasama niya sa negosyo niya sa Douglas Studio. At nung magtungo siya roon nang itutok ni Mr. Best, Dr. best, ng iglesiang Baptist, ang kaniyang kamao sa ilong ni Brother Bosworth, at kaniyang inamba na ang sabi, "Ngayon, kunan mo ako ng litrato habang ginagawa ko ito." Aniya, "Babalatan ko ang matandang lalaking iyan at isasabit ko ang balat na iyon sa aking silid-aralan bilang ala-ala ng *divine healing."*

347 At bago ako magtungo sa Houston, Texas, sinabihan na ako ng Diyos na pumunta roon, at pumaroon ako sa Pangalan ng Panginoon. At alam ninyong lahat ang naganap na debate at iba pang bagay na naganap. Nabasa n'yo ito sa mga aklat at iba pa, at iyon na nga 'yon. At nang gabing iyon, sinikap kong magpakumbaba, "Aba'y," sabi nila, "sila'y isang bungkos ng mga ignoranteng tao." Sabi ni Dr. Best, "Sila'y isang bungkos lamang ng mga ignoranteng tao." Aniya, "Walang taong naniniwala sa *divine healing,* sa ganung bagay. Isang bungkos iyon ng mga napag-iwanan."

nakapatong sa kapuwa bato sa templong iyon, ngunit sinikap Niyang ituro sila sa ibang templo.

78 Si Juan, na tagapagpahayag, sa Aklat ng Apocalipsis, nakita niya ang tabernakulong ito (Apokalipsis 21). Nakita niyang dumarating ang bagong templo, bumababang galing sa langit, nagagayakang tulad sa isang nobya para sa kaniyang asawang lalaki, at may isang tinig mula sa templo na nagsabi, "Narito, ang tabernakulo ng Diyos ay nasa mga tao, at siya'y mananahan sa kanila, at papahirin Niya ang lahat ng mga luha sa kanilang mga mata. At hindi na magkakaroon ng kagutuman, ni dalamhati, wala nang kirot o kamatayan, dahil ang mga bagay nang una ay naparam na."

79 Kung magkagayo'y ang tunay na Anak ni David (tulad ng makikita natin sa mga paparating na aralin nitong linggong ito) ay darating sa Kaniyang templo, ang templo ng Diyos, ang tunay na tabernakulo, na Kaniyang inalis upang itayo ngayon. Dahil sinabi Niya sa Juan 14, "Sa bahay ng Aking Ama ay maraming tahanan, at Ako'y paroroon . . . " Ano'ng ibig Niyang sabihin diyan? Iyon ay nakatalaga na, "At paroroon Ako upang maghanda ng dako para sa inyo, at muling babalik upang tanggapin kayo sa Aking Sarili." At siyempre, alam nating iyan ay magaganap sa dakilang kapanahunang darating. At kukunin ng tunay na Binhi ni David ang luklukan, walang iba kundi si Jesus Cristo, at doo'y maghahari Siya sa Iglesia bilang Kaniyang Nobya, kasama Niya sa bahay at sa labindalawang lipi ng Israel magpawalang hanggan.

80 At ang munting mga dakong ito… Kung papaanong hindi maaaring makapagtatayo si David ng tunay na tabernakulo ng Diyos, dahil hindi siya naihanda para gawin iyon… Wala siyang anumang magawa. Isa siyang mortal at nakapagbubo ng dugo.

81 Ganun din sa atin sa araw na ito. Hindi tayo handa para magtayo ng tunay na Tabernakulo ng Diyos. May Isa lamang na makagagawa niyon, at ito nga'y kasalukuyan nang ginagawa ngayon. Ngunit ang munting tabernakulong ito, kasama ng tabernakulong itinayo ni Solomon para sa Kaniya, at pati na ang iba pa, ay mga pansamantalang dako lamang ng pagsamba hanggang sa dumating ang pagkakataon na maitayo sa lupa ang tunay na Tabernakulo, at maghahari ang katuwiran mula sa kalangitan hanggang sa kalangitan, at hindi na magkakaroon pa ng kalungkutan. Wala nang mga mga libing na pangangaralan sa Tabernakulong iyon. Wala ng mga kasalan, sapagka't ang kasalan ay magiging isang dakilang kasalan para sa walang hanggan. Magiging na napakainam na panahon no'n.

82 Ngunit ilayon natin sa ating mga puso sa araw na ito, na bilang pag-alala at paghihintay sa paparating na Tabernakulong iyon, lubusan nating mailarawan sa pamamagitan ng Kaniyang Espiritu na ang ating pagsamba sa dakong ito para na ring naroon na tayo sa kabilang dakong iyon, habang nag-aabang sa pagdating ng dakong iyon.

Ngayon, tumayo tayo, habang binabasa ko ang Banal na Kasulatan.

At nakita ko ang isang bagong langit at ang isang bagong lupa: sapagka't ang unang langit at ang unang lupa ay naparam; at ang dagat ay wala na.

… At nakita ko ang bayang banal, ang bagong Jerusalem, na nananaog mula sa langit buhat sa Diyos, na nahahandang gaya ng isang babaing kasintahan na nagagayakang talaga sa kaniyang asawa.

At narinig ko ang… isang malakas na tinig na mula sa luklukan na nagsasabi, Narito, ang tabernakulo ng Diyos ay nasa mga tao, at siya'y mananahan sa kanila, at sila'y magiging mga bayan niya, at ang Diyos din ay sasa kanila, at magiging Diyos nila.

83 Iyuko natin ang ating mga ulo ngayon. Makalangit naming Ama, nakatayo kami na namamangha. Nakatayo kami na may paggalang at banal na pagpipitagan. At hinihiling namin sa Iyo, Panginoon, na tanggapin Mo ang aming kaloob dahil pinagkalooban Mo kami ng biyaya at salapi upang makapaghanda ng isang dakong sambahan para sa Iyo. Walang anumang bagay o anumang dako na maaari naming maihanda dito sa lupa na magiging karapat-dapat na panahanan ng Espiritu ng Diyos, ngunit iniaalay namin ito sa Iyo bilang tanda ng aming pagmamahal at damdamin sa Iyo, Panginoon. At pinasasalamatan Ka namin sa lahat ng mga bagay na ginawa Mo para sa amin.

84 At ngayon, matagal na panahon nang naialay para sa gawain ang gusali at ang loteng ito, at pinasasalamatan Ka namin sa mga ala-ala ng nakaraan…

85 At ngayon, Panginoong Diyos, kung papaanong dumating ang pangitain na naghayag nito nung mga taong nakalipas, na nakita kong nakumpuni ang mga lumang gusaling dating kinaroonan ng mga tao, at naging bago, at pinabalik ako patawid ng ilog. Ngayon, Panginoong Diyos, May-lalang ng langit at lupa, nakatayo kami bilang bayan ng Iyong kawan. Nakatayo kami bilang bayan ng Iyong Kaharian, kasama ang Iyong lingkod, at ang pastor, at ang iglesia, ang mga tao, sama-sama naming iniaalay ang gusaling ito para sa gawain ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat sa Ngalan ni Jesus Cristo, na Kaniyang Anak, para sa gawain ng Diyos at para sa pagpipitagan at paggalang sa Diyos. At dumaloy nawa nang lubusan ang Ebanghelyo mula sa dakong ito hanggang sa ito'y magbunsod sa paglapit ng mundo mula sa apat na sulok ng daigdig upang makita ang paglabas ng kaluwalhatian ng Diyos mula rito.

338 Ang tagapanguna ay dapat isang edukadong tao na mayroong… Buweno, walang duda na bawat araw, bawat taon kapag sila'y nagtalaga ng kanilang mga ministro at isinusugo sila bilang mga misyonero upang manghikayat at magdala ng… Bawat isa'y nag-iisip, "Ito na ang lalabas na tagapanguna," ngunit pinalitaw siya ng Diyos mula sa ilang kung saan ay walang anumang seminaryo (Nakita n'yo?), at mga bagay na tulad niyon. Kita n'yo? Nagkukubli ang Diyos sa kababaan at sa kasimplihan…

339 Ngunit ngayon, sandali lang. Sa pagtatapos ay sasabihin natin ito: ang tumanggi sa simpleng mensahe ng Diyos… Ang tanggihan ang simpleng paraan ng Diyos, ay nangangahulugan ng pagkalipol magpawalang hanggan. Ngayon, ganiyan natin pinag-uusapan kung gaano ito kasimple, at iniisip ng mga tao, buweno, puwede nila itong pagtawanan at tapak-tapakan at tratuhin sa anumang paraang gusto nila, ngunit ito'y mangangahulugan ng walang hanggang pagkahiwalay sa Diyos.

340 Yaong mga nangamatay sa mga araw ni Noe at hindi nakinig sa kaniyang mensahe, ay nangapahamak. At nagtungo si Jesus at nangaral sa mga natatanikalaan ng kadiliman sa Kaniyang kamatayan bago Siya bumangon, at nagtungo Siya sa impyerno at nangaral sa mga espiritu na nasa bilangguan na hindi nangagsisi sa mahabang pagpapahinuhod sa mga araw ni Noe habang ipinangangaral ang isang simpleng mensahe ng Diyos ng isang simpleng tao. Nagtungo Siya roon. Sabi Niya, "Nangaral si Noe na paparito Ako, at heto na nga Ako." Tama. Kita n'yo?

341 Yaong mga hindi nakinig sa mensahe ng propetang Moises sa ilang, na kaniyang tinanggap mula sa Diyos, na ganap na binindika sa pamamagitan ng isang Haliging Apoy at pinangunahan sa ilang, at nang subukan nilang magtayo at magtatag ng isang organisasyon sa pamamagitan nito, sila'y nangapahamak at nangamatay sa ilang, bawat isa sa kanila maliban sa dalawang lalaki, sina Josue at Caleb. At doon naman, nabulag nang husto ang mga Fariseo na iyon ay hindi nila makita, kaya't lumingon sila sa nakaraan at nagsabi, "Ang mga magulang namin ay kumain ng mana sa ilang."

342 At sabi ni Jesus, "At lahat sila'y nangamatay."

343 Nakita nila ang kaluwalhatian ng Diyos, lumakad sila sa Liwanag ng… Lumakad sila sa Liwanag. Lumakad sila sa Liwanag ng Haliging Apoy. Lumakad sila sa presensya ng kapangyarihan Nito. Lumakad sila sa mga dakong pinalakaran sa kanila ng Espiritu Santo. Kumain sila ng mana na lumagpak mula sa langit na ipinagkaloob ng Diyos at sila'y nangapahamak at napunta sa impyerno. Lahat sila'y nangamatay. At kung hihimayin mo ang

332 Magagawa ng Diyos na makapagpalitaw mula sa mga batong ito ng mga anak para kay Abraham. Kaya ng Diyos na magpagaling ng *opossum*, o ng isang isda, o ng anumang bagay. Kung ihahayag Niya ang Kaniyang mensahe at hindi ito paniniwalaan ng mga tao, kayang magpabangon ng *opossum* ng Diyos upang sumampalataya dito. Aleluia. Kayang bumuhay ng Diyos ng isang patay na isda; kaya Niyang bumuhay ng isang patay na *opossum*; Kaya Niyang—kaya Niyang gawin anumang bagay na naisin Niya.

333 Napakalaking saway nito sa lahing ito, habang natitisod sila at nagtatalo-talo tungkol dito, at "Hindi mo ginawa ang ganito at ganiyan," nagsugo ang Diyos ng isang simpleng hayop. Kita n'yo? Ang laking saway nito. Ano iyon? Ipinapamalas ng Diyos sa kasimplihan (Kita n'yo?), ang Kaniyang kadakilaan. Ay, naku. Sinasaway Niya ang mga tao sa henerasyong ito sa kanilang di-pananampalataya.

334 Ngayon, nag-iisip sila ngayon tulad ng dati pa: "Kailangang mangyari ito sa kanilang sariling kaparaanan. Ngayon, kung may ganiyang bagay tulad ng *divine healing* . . . " Gaya ng may isang lalaking Catolico na nagsabi sa akin, ang taong ito, noong isang gabi, may sinabi siya sa akin tungkol diyan. Alam n'yo na, tungkol sa . . . Ang sabi ito raw Ayers na pinuntahan ko hinggil sa kaniyang anak na lalaki sa Houston. Sabi niya—aniya, "Buweno ngayon, kung—kung iyan ay kaloob ng Diyos, dapat sa iglesiang Catolico iyan dumating." Nakita n'yo? Kita n'yo?

335 Oo. Inisip ng mga Methodist na sa iglesia nila iyon dapat dumating, at inisip naman ng mga Pentecostal na sa iglesia nila iyon dapat dumating, ngunit hindi Iyon dumating sa alinman sa kanila. At Iyon ay dumating sa kapangyarihan ng pagkabuhay na muli ni Jesus Cristo na nagpahayag ng Kaniyang Sarili. Tama. Tuany ngang ginagawa Niya 'yon. Oo. Masdan n'yo lang. Huwag ninyong hayaang makalampas ito sa inyo. Kipkipin n'yo ito sa inyong—inyong puso at pakatandaan; ito'y bulay-bulayin n'yo roon.

336 Kailangang ito'y dumating sa kanilang sariling paraan, para sa kanilang—mula sa kanilang sariling denominasyon. At malibang magkagayon ang mangyari, hindi Siya 'yon. Kita n'yo? "Sikolohiya lang ito, o ito'y ang diablo." Hindi ito sa Diyos, dahil kung ito'y sa Diyos, dapat ay dumating Siya sa kanilang paraan, nakita n'yo, "Ayon sa pagpapaliwanag namin…"

337 Sa gayong paraan dapat dumating si Jesus sa mga Fariseo. Sa gayong paraan dapat. Kita n'yo? Kung mayroong . . . Kung magsusugo ang Diyos ng isang Mesias, may nabuo na silang paliwanag kung paano Siya darating, at dahil dumating Siya sa ibang paraan, aba'y hindi iyon ang Mesias. Isa Siyang ilehitimo; Siya'y si Beelzebub. Ngunit ang Diyos iyon na nagkukubli sa kasimplihan.

Kung papaanong gumawa Ka sa nagdaang panahon, higit nawang maging mas dakila ng maraming ulit ang hinaharap.

86 At, Ama, iniaalay namin ngayon ang aming mga sarili sa paglilingkod sa Salita nang buong kalooban namin. Panginoon, iniaalay ng kongregasyon at ng mga tao ang kanilang mga sarili ngayong umaga sa pakikinig ng Salita. At kami, bilang mga ministro, ay nag-aalay ng aming mga sarili sa pangangaral ng Salita, na maging masikap sa kapanahunan, sa di-kapanahunan, sumasawata, nananaway ng may buong pagpapahinuhod gaya ng nasusulat doon sa batong panulok tatlumpung taon na ang nakakaraan. Sinabi Mong darating ang panahon na ang mga tao'y hindi makapagtitiis sa mabuting aral, kundi magbubunton sa kanilang sarili ng mga guro ayon sa kanilang sariling masamang pita at ibabaling ang katotohanan sa kasinungalingan.

87 Panginoon, tulad ng pagsisikap naming maialok ang Salita sa mga tao, nawa'y kasihan kami at palakasin nang may dobleng pagsisikap, Panginoon, habang tinatamaan ng ibayong bahagi ng Iyong Espiritu ang dakong ito, kung papaano dumating ang Espiritu Santo sa anyo ng Haliging Apot at Ulap sa harapang pintuan nung araw na ialay ang templo at manalangin si Solomon at umikot sa mga querubin, at tumungo sa banal na dako, at doo'y nagpahingalay.

88 O, Diyos, ang sabi ni Solomon, "Kung ang Iyong bayan ay mapasa-kaguluhan saan mang dako, at tumingin sa banal na dakong ito at manalangin, kung magkagayo'y duminig Ka po mula sa langit." Panginoon, ang Espiritu Santo nawa sa umagang ito ay pumasok sa bawat puso, sa bawat konsegradong kaluluwang naririto. At ang sabi ng Biblia ay naging napakadakila ng kaluwalhatian ng Diyos na hindi nagawang makapaglingkod ng ministro ng Diyos dahil sa kaluwalhatian ng Diyos.

89 Oh, Panginoong Diyos, maulit nawa ito habang ibinibigay namin ang aming mga sarili sa Iyo kasama ang iglesia bilang pag-aalay para sa gawain.

90 At nasusulat: "Humingi kayo at kayo ay tatanggap," at ipinagkakatiwala namin ang aming mga sarili, kasama ng paghahandog namin ng iglesia sa umagang ito sa Iyo para sa paglilingkod, para sa huling panahon ng mga panggabing Liwanag, upang makapaghatid kami ng konsolasyon at pananampalataya sa mga taong naghihintay sa pagdating ng Kasintahang lalaki para bihisan ang Nobya ng Ebanghelyo ni Cristo upang matanggap ng Panginoong Jesus. Iniaalay namin ito, ako, si Brother Neville, at ang kongregasyon sa gawain ng Diyos sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen. Makakaupo na kayo.

91 Ang sabi ni David, "Natuwa ako nang sabihin nila sa akin, 'Magpunta tayo sa bahay ng Panginoon.'" At maging gayon nawa tayo palagi, na kapag ito'y nasasambit ay magalak tayong magkatipon sa bahay ng Panginoon. Amen.

92 Ngayon, pagkatapos ng munting pag-aalay, mayroon ako ngayong isang oras. At ngayon, pakatandaan n'yo lang kung saan tayo naialay: sa paggalang, sa kabanalan, at katahimikan sa harap ng Panginoon; sa pagsamba sa harap ng Panginoon at upang maging magalang sa abot ng ating makakaya sa bahay ng Panginoon. At ngayon… At pagkatapos ng gawaing ito—pagkatapos na pagkatapos ng gawain, lumabas na kayo ng gusali (Kita n'yo?), at magbibigay iyan ng panahon para makapasok rito ang janitor at ito'y malinisan at maihanda para sa susunod na gawain. Kung magkagayo'y hindi magulo sa bahay ng Panginoon. At halos mayroong…

93 Palagay ko'y inyong… Mababakante ang gusali sa loob ng labinlimang minuto pagkatapos ng mga gawain. Tiyakin n'yong maging magiliw kayo; kamayan ninyo ang bawat isa, at anyayahan n'yo silang bumalik. At umaasa tayo na sa darating na linggong ito ay makapagdaraos tayo ng isa sa pinakataimtim na mga gawain na ginanap dito sa Tabernakulo. Inaabangan natin iyon.

94 Ngayon, disoras na ng gabi nang ako'y nananalangin nang may isang bagay na dumating sa akin; nagsimula akong makakita ng isang bagay. Kaya't umaasa akong magiging isa itong dakilang panahon, at naniniwala akong magkakagayon nga kung tutulungan tayo ng Panginoon. Ngayon, kapag sinabi kong "dakilang spanahon" . . . Ngayon, mangungusap ako ng isang bagay patungkol diyan ngayong umaga. Alam n'yo, magkaminsan ang tinatawag na dakila ng tao ay hindi naman dakila, ngunit ang tinatawag na dakila ng Diyos ay tinatawag namang kamangmangan ng tao; at ang tinatawag na kamangmangan ng Diyos, ay tinatawag na dakila ng tao. Kaya't pakatandaan natin iyan. Timbangin natin ang bawat salita.

95 Ngayon, mahahaba ang mga gawain; magiging matagal ang mga ito dahil ito'y mahirap na gawain, maraming pagtuturo, konsekrasyon at ako'y sadyang . . .

96 Sa lugar na tinutuluyan ko, tila gusto ng mga taong pakanin ako ng lahat ng bagay, ngunit ako'y . . . Sabi nila, "Aba'y, namamayat ka na, Brother Branham," at lahat na, ngunit palagi akong nasa gawain. Kailangan kong umalis dito sa susunod na Linggo ng gabi para pumunta nang mabilis sa isa na namang gawain sa Mexico, kaya't sadyang napakahirap nito. Ngunit sinisikap ko lang na umiwas sa sobrang pagkain at—inihahanda ko ang sarili ko.

maysakit. At ang sabi ng mga mayayaman at mga palalo at mataas ang pinagaralan, "Ang panahon ng mga himala ay tapos na. Walang Makadiyos na pagpapagaling."…

325 Natatandaan n'yo ba ang mensaheng ipinangaral ko sa kaprasong lupang ito, nang umagang umalis ako, tungkol kay David at Goliath?

326 Anila, "Papaano mo haharapin ang edukadong mundong naroroon sa labas, Brother Branham, sa pamamagitan ng lahat ng ito?"

327 Sabi ko, "Wala akong magagawa sa kung papaano ko iyon haharapin, basta't sinabi ng Diyos na humayo ako." Kita n'yo? Iyon lang. Kita n'yo? Salita Niya Iyon; Ipinangako Niya iyon. Ang oras na iyon ay naririto na.

328 Nang ang Anghel na iyon, na nakikita n'yo sa larawang iyan, ay bumaba sa ilog nung araw na iyon, tatlumpong taon na ang nakalilipas sa darating na Hunyo o tatlumpo't-tatlong taon na pala ang nakalilipas, sa darating na Hunyo, at nagsabi, "Kung paanong isinugo si Juan Bautista," (sa harap ng limang libong tao o higit pa) "dumating na ang oras kung kailan ang iyong mensahe ay lalaganap sa mundo."

329 Naaalala ninyo ang kritisismo, kung sinuman sa inyo ay naroon . . . Palagay ko'y si Roy Slaughter o ilan sa mga nakaupo rito ay naaalala pa ang araw na iyon, o ang ilang—si Ginang Spencer o kung sinuman—ilan sa mga datihan dito na maaaring nakaaalam. Kita n'yo? Si George Wright o ilan pa sa kanila (Kita n'yo?), na nakakaalam niyon, kung paano ito . . . Ngunit hindi ba iyon naganap? Iyon ay naganap.

330 At sa kalagitnaan nang ang—tinanggihan nila iyon at ang sabi nila, "Isa lamang iyong pagpapagaling sa isipan." At pumihit ang Diyos at nagpadala ng isang walang isip na opossum at ito'y napagaling sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos.

331 Sina Lyle Wood at Banks, magkakatabi kaming nakaupo at alam namin ang isang katotohanang binibindika ng Diyos nang may isang maliit na isdang patay, na nakalutang sa tubig, at nangusap ang Espiritu Santo isang araw bago iyon maganap, na ipapamalas Niya ang Kaniyang kaluwalhatian sa kanila at may gagawin Siya hinggil dito. At doon nung umagang iyon, habang nakatayo ako, bumaba ang Espiritu Santo sa bangka, at tumindig ako't nangusap sa isdang iyon, patay na iyong nakalutang sa tubig nang may kalahating oras, ang hasang at bituka nito ay nakalabas sa bunganga; muli itong nabuhay at lumangoy ng singhusay ng iba pang isda. Ano iyon? Nagkukubli ang Diyos sa kasimplihan.

320 Kasimplihan: isinuko pa nga Niya ang Kaniyang Sarili sa kamatayan, subalit, oh, dumating ang umagang iyon ng Muling Pagkabuhay. Aleluia. Doon Niya nilinis ang giikan. Winalis Niya nga ang basura, kapatid. Oo, tunay nga. At ang trigo ay sinelyuhan sa bangan—nakahimlay sa lupa taglay ang Buhay na Walang Hanggan, naghihintay sa dakilang araw na iyon na ating tatalakayin tungkol sa pagdating ng Panginoon kung kailan ang buhay ay hahantong sa Buhay, at tayo'y babangon sa Muling Pagkabuhay na iyon, aagawing kasama Niya sa himpapawid at titipunin sa bangan. At susunugin sa malayo ang mga basura, ang ipang bumalot at nagsisikap na maglihis sa ganito o sa ganiyan ay susunugin ng di naaapulang apoy. Amen. Oh, hindi ba't kahanga-hanga Siya. Hindi nila Siya nakita: ang Diyos na nasa kasimplihan.

321 Bakit? Aba'y, ni hindi Siya nangaral ayon sa mga tinadhana ng mga iglesia. Hindi Niya iyon ginawa. Hindi Siya nangaral tulad sa isang mangangaral. Kita n'yo? Nangaral Siya tulad sa isang… Gumamit Siya ng mga simpleng termino ng Diyos, mga terminong gaya ng "ang palakol ay nakaumang"; mga terminong "punongkahoy," at "mga ahas," hindi siya isang guro ng kung anong seminaryo, tulad ng mga eklesiastiko ng panahong ito, tulad ng isang *Doctor of Divinity*, Duktor Ganito-at-ganiyan. Hindi Niya ginawa iyon. Nangaral Siya roon tulad ng isang taong-gubat. Nangusap Siya tungkol sa mga palakol at mga punong kahoy at mga serpente at iba pang mga bagay na tulad niyan, at trigo at mga bangan at lahat ng iba pang tulad niyan. Ituturing Siya sa araw na ito na isang, sa pakiwari ko, *"soap box preacher."* Wari ko'y tinawag Siyang isang "*stump preacher*" (mangangaral na ang gamit na pulpito ay mga tuod) nang panahong iyon, nakatungtong sa isang tuod sa dalampasigan ng Jordan…? . . . Diyos na nasa kasimplihan, nagkukubli sa katalinuhan ng mundo…

322 Ngayon, alamin natin… Sabi ni Jesus, "Nagpapasalamat Ako sa Iyo, Ama, inilihim Mo ang mga bagay na ito sa mga matatalino ng sanlibutan at ipahahayag Mo sa mga sanggol na nais matuto." Kita n'yo? Nagkubli ang Diyos sa kasimplihan kay Cristo, nagkubli ang Diyos sa kasimplihan kay Juan… Kita n'yo? Tanging… Kita n'yo, Siya'y—Siya'y… Isipin n'yo lang ito. Diyos na nasa kasimplihan, ikinukubli ang Kaniyang Sarili sa karunungan ng sanlibutan.

323 Ngayon, magtatapos na tayo sa loob ng isa o dalawang minuto, dahil ayokong pagtagalin pa kayo.

324 Tignan n'yo. Huminto tayo sandali: isang bagay na personal. Isipin n'yo ang araw na kinabubuhayan natin (para tapusin na ito). Isipin ninyo ang araw na kinabubuhayan natin: kung kalian ay bumaba ang Diyos sa isang maliit, luma at hamak na dakong pinananahanan natin, na nagpapagaling ng mga

97 At natutuwa ako sa umagang ito, na makita si Brother Junior Jackson, at si Brother Ruddell, at ang iba't-ibang mga ministro at iba pang mga naririto; pagpalain kayong lahat ng Diyos.

98 Ngayon, gusto kong mangusap sa inyo ngayong umaga tungkol sa isang paksa--may mga tala ako tungkol dito. At nais ko munang bumasa mula sa ika-53 na kabanta ng Aklat ni Isaias. Ngayon, habang binubuklat n'yo ito, gusto kong magbigay ng isa o dalawang paalala, na mamayang gabi, gusto kong mangusap tungkol sa Aklat na ito, na magdudugtong sa huling kapanahunan ng iglesia at sa pagbubukas ng Tatak. Ngayon, may malaking puwang diyan. At . . .

99 Dati, nang magtapos ako sa Mga Kapanahunan ng Iglesia, kaagad din akong nangusap tungkol sa Pitumpong Sanlinggo ni Daniel dahil ito'y magkarugtong.

100 At sabi ko, "Ngayon, kung tatalakayin ko ang Pitong Tatak, kailangan ko nang tapusin itong Pitumpong Sanlinggo ni Daniel para maidugtong sa mga Tatak, at maiiwang nakabukas ang isang bagay." At iyan ay ang ika-5 kabanata ng Aklat na natatatakan ng pitong tatak, at iyon tatalakayin natin mamayang gabi.

101 Sisikapin nating magsimula ng maaga mamayang gabi. Ano kaya kung aking… Nabanggit mo na iyon hindi ba, ang magpasimula nang maaga? Ano kaya kung… Makapaparito ba ang lahat ng mga alas-siyete?

102 Sige. Simulan natin ang regular na gawain ng alas-sais emedya, ang pag-aawitan, at paparito ako ng bandang ala-siyete. At sa buong sanlinggo'y magsisimula tayo nang maaga. At ating… Ngayon, dadako tayo… Wala nang mas mahilig pa sa pag-awit kaysa sa mga Cristiano. Gustung-gusto natin ang pag-aawitan; gustung-gusto natin ang mga bagay na 'yon, ngunit nasa ibang bagay na tayo ngayon. Tayo'y nasa Salita (Kita n'yo?); kaya't tutukan lang natin iyon. Ngayon, dadako tayo sa . . .

103 Nagtuturo tayo, at nauunawaan n'yo kung gaano ito kahirap sa akin (Kita n'yo?), dahil kung makapagturo ako ng mali, iyon ay pananagutan ko. Kita n'yo? At kaya't hindi ko dapat kunin kung anong sinabi ng sinuman; kailangang itong kasihan. At naniniwala akong pahihintulutan ito ng Pitong Anghel na mayhawak nitong pitong kulog. Kita n'yo? At ako'y…

104 Ngayon, sa ika-53 kabanata ng Isaias, sa unang isa o dalawang talata. Gusto kong itanong ang bagay na ito. Ngayon, wala itong anumang kinalaman sa Pitong Tatak. Ito'y isang mensahe lamang, dahil alam kong kailangan kong pag-aalay; hindi ako ako maaaring tumungo roon dahil hidni ako

magkakaroon ng sapat na panahon. Ngunit naisip ko, para lang ito sa munting pag-aalay, munting gawain ng pag-alaala sa simbahang ito (o isang munting gawain ng pag-aalay, ang ibig kong sabihin) at hindi na magkakaroon ng oras para tumungo pa sa kung anong gusto kong sabihin (Kita n'yo?), hinggil sa pagbubukas ng Aklat na ito. Kaya't gagawin ko 'yon mamayang gabi.

105 At ngayon, isa lang itong munting gawain na tutugma rin naman do'n, kaya't pakinggan ninyo ang bawat salita. Sapuhin n'yo. At kung inire-rekord ninyo ito sa tape o anuman, manatili kayo sa aral ng tape na iyan. Huwag kayong magsabi ng anuman maliban sa sinasabi ng tape. Sabihin n'yo lang nang eksakto kung ano ang sinasabi ng tape (Kita n'yo?), dahil ilan sa mga bagay na 'yon . . .

106 Marami tayong mauunawaan ngayon tungkol dito, kung bakit namamali ang pagkaunawa rito. Kita n'yo? At tiyakin n'yong ang sasabihin n'yo ay kung ano lang ang sinasabi ng tape. Huwag kayong magsasabi ng anumang iba pa (Kita n'yo?), dahil… Hindi ko iyan sinasabi sa ganang aking sarili. Siya ang nangungusap niyan. Nauunawaan n'yo ba?

At . . . Sa maraming pagkakataon ay nagkakaroon ng kalituhan, tatayo ang mga tao at magsasabi, "Buweno, sinabi ni ganito at ganiyan na ito'y nangangahulugan ng ganito at ganiyan. Huwag na lang natin iyon pakialaman.

107 Kita n'yo, ganiyan natin nais ang Biblia. Kung papaano sinasabi ng Biblia, ganu'n natin iyon gusto, sadyang ganun lang. Huwag n'yo itong lagyan ng sariling pagpapaliwanag. Naipaliwanag na ito. Kita n'yo? Ngayon…

Sino ang naniwala sa aming balita? at kanino nahayag ang bisig ng Panginoon?

108 Hayaan n'yong basahin ko itong muli, nang malinaw.

*Sino ang naniwala sa aming balita? . . . (*Tanong) . . . *at kanino nahayag ang bisig ng Panginoon?*

109 Sa ibang salita, kung naniwala kayo sa aming balita, kung gayo'y nahayag ang bisig ng Panginoon. Kita n'yo?

Sino ang naniwala sa aming balita? at kanino nahayag ang bisig ng Panginoon?

110 Ngayon, gusto ko ring bumasa sa Aklat ng Ebanghelyo ni San Mateo, sa ika-11 kabanata ng San Mateo. At ngayon, magdala kayo ng papel at iba pang bagay, dahil palagi tayong… Kung wala kayong *recorder*, magdala kayo ng inyong papel para ito'y makuha natin. Sa ika-11 kabanata ng San Mateo, sa ika-25 at ika-26 na mga talata, 11:26,27. Sige. Nananalangin si Jesus . . .

313 Iyon ang katunayan ng isang propeta. Kita n'yo? Kakampi niya ang Salita ng Diyos. Ang Salita ay dumarating sa propeta. Kita n'yo? Aniya, "Anong nilabas ninyo para makita, isang propeta?"

314 Sabi Niya, "Oo, tama."

315 "Ngunit sinasabi Ko sa inyo, higit pa nga sa isang propeta," dahil gayon nga siya. Bakit higit pa siya sa isang propeta? Siya ang mensahero ng Tipan, na nagdugtong ng daan sa pagitan ng kautusan at biyaya. Siya ang batong pang-alalay na noon ay naipangusap. Sabi Niya, "Kung matatanggap ninyo, siya yaong ipinangusap ng propeta, 'Narito, (isang . . . Malakias 3) isusugo Ko ang Aking sugo sa Aking unahan (Kita n'yo?) at ihahanda niya ang daan sa harap Ko." Kita n'yo? Oh, napaka simple niya, nagkubli muli ang Diyos sa kasimplihan.

316 At masdan ninyo kung ano ang ginawa niya. Nangaral siya na may isang napakamakapangyarihang Cristong darating; "Hawak Niya sa Kaniyang kamay ang Kaniyang kalaykay. Kakalaykayin Niya ang Kaniyang daan. Ang ibig kong sabihin ay lubusan Niyang lilinisin ang Kaniyang giikan. Dadamputin Niya ang mga basura at itatapon at susunugin. Tama. Titipunin Niya ang mga trigo at dadalhin sa bangan."

317 Kita n'yo, siya ay kinasihan. Ngunit nang dumating si Jesus, ang inaabangan nila ay… At lahat ng mga apostol na iyon, alam n'yo, nag-aabang sila ng isang dakilang bagay na darating. Naku, naku. "Aba, darating Siya. Ganun lang iyon. Naku, magiging makapangyarihan Siya. Pagsi-sisipain Niya ang mga Romanong iyan palabas ng mundo. Naku, itataboy Niya ang mga Griyegong iyan sa gawing ito, at ang mga Romano naman sag awing iyon sa Kaniyang pagdating."

318 Nang dumating Siya, isa Siyang maliit at maamong Taong pinagtutulakan sa magkabi-kabila. Ano iyon? Nagkukubli ang Diyos sa kasimplihan. Ay, naku.

319 At tumayo Siya sa dulo ng Kaniyang mensahe at nagsabi, "Sino ang makahahatol sa Akin ng kasalanan? Anumang sinabi ng Biblia ay gagawin Ko, kung hindi Ko ginawa ang mga gawa ng Aking Ama, hatulan ninyo Ako. Ngunit ano bang sinabi ng mga Kasulatan na gagawin Ko na hindi Ko ginawa?" Ang kasalanan ay di-pananampalataya, alam n'yo. "Sino ang maaaring mag-akusa sa Akin? Kung pinalalayas Ko ang mga demonyo sa pamamagitan ng mga daliri ng Diyos, kung gayo'y ipakita n'yo sa Akin kung papaano n'yo iyon ginagawa."

306 Doon napatag ang baku-bakong mga dako (Kita n'yo?), ngunit hindi ito naintindihan ng mga tao; gayunma'y ayon na ayon ito sa Salita, tamang-tama sa pagkakasabi ng Salita, napakasimple na hindi nila ito nakita.

307 Hindi nila ito nakita. Huwag kayong maging ganun kabulag. Kita n'yo? Huwag kayong maging ganun kabulag.

308 Kaya't makinig kayo. Ngayon, hindi nila ito nakita. Masyado siyang simple para sa kanilang karaniwang paniniwala sa gayong tao na hindi nila siya nakilala. Muli, ano iyon? Ang Diyos, na siyang Salita, nakakubli sa kasimplihan, hindi isang pari na nakabaligtad ang kuwelyo, na may marunong na edukasyon.

309 Ganun din ang tinanong sa kanila ni Jesus. Sabi Niya, "Ano'ng nilabas n'yo para makita?" nang dumating ang mga alagad ni Juan. Aniya, "Anong nilabas ninyo para makita? Lumabas ba kayo para makita ang isang lalaking nabibihisan ng damit ng pari, alam n'yo na, at ng malambot na kasuotan," sabi Niya, "ganung uri ng mangangaral?" Ika Niya, "Lumabas ba kayo para makita ang ganun?" Sabi Niya, "Hindi."

310 "Ang mga ganun ay humahalik sa mga sanggol, at, alam n'yo, naglilibing ng mga patay." Wala—wala silang alam tungkol sa tabak na hawak ng dalawang kamay sa harapan ng pakikipagbaka. Naroon sila, nagbibigay ng intelektuwal na talumpati sa isang Kiwanis Club o kung anuman, alam n'yo na. Ayos lang sila roon, ngunit pagdating sa labas, sa pakikipagbakang dapat harapin, walang silang kaalam-alam tungkol dito. Kita n'yo? Dahil sila'y—sila'y—sila'y nasa mga palasyo ng hari. Sa gayong mga sikat na tao sila nakikihalubilo." Ngunit sinabi Niya no'n, "Anong nilabas ninyo para makita? Lumabas ba kayo para makakita ng isang tambo na inuuga ng kahit anong hangin? Ang isang lalaking kayang magsabing… Isang taong magsasabi, 'Alam mo, kasapi ka sa—kasapi ka sa Oneness, ngunit kung lilipat ka rito sa Assemblies, sasabihin ko sa'yo kung ano ang gagawin ko: ga—gagawin naming …"

311 "Palagay ko iyan nga ang gagawin ko," isang tambong nauuga… Hindi ganun si Juan. Hindi, hindi, hindi, hindi.

312 "Kung paparito ka at magiging isang Saduceo at hindi Fariseo, o iba pa. Hindi kayo nakakita ng isang tao nauuga ng hangin, hindi ganun si Juan." Hindi po, kapatid. Hindi siya ganun. Sabi Niya, "Kung gayon, anong nilabas ninyo para makita? Isang propeta?" Kakailanganin ang isang propeta upang magawa iyon. Kita n'yo? Sabi Niya, "Ngayon…"

Gusto kong simulan sa bandang unahan niyan. Buklatin natin sa ika-25 at ika-26 na talata na palagay ko'y iyan naman talaga ang aking nasabi, dahil ito'y minarkahan ko sa Biblia ko.

Nang panahong yaon ay sumagot si Jesus at sinabi, Ako'y nagpapasalamat sa iyo, Oh Ama, Panginoon ng langit at ng lupa, na iyong inilihim ang mga bagay na ito sa mga pantas at matatalino, at ipinahayag mo sa mga sanggol.

Oo nga, Ama, sapagka't gayon ang nakalugod sa iyong paningin.

111 Unawain n'yo ang dalawang Kasulatang iyon. "Sinong naniwala sa aming balita? at kanino nahayag ang bisig ng Panginoon?" Maging . . . At nagpasalamat si Jesus sa Diyos na ikinubli Niya ang mga hiwaga sa mga pantas at matatalino, at inihayag sa mga sanggol na nais matuto, dahil tila nalugod ang Diyos na gawin iyon.

112 Ngayon, mula sa tekstong ito, o mula sa pagbasa ng Kasulatang ito, hinango ko ang tekstong ito: "Ikinukubli ng Diyos ang Kaniyang Sarili sa Kasimplihan, At Inihahayag ang Kaniyang Sarili sa Gayundin." Ngayon, uulit-ulitin ko para sa mga tape, kaya para sa mga tape (Nakita n'yo?), dahil itine-tape nila ito. Kita n'yo? "Ikinukubli ng Diyos ang Kaniyang Sarili sa Kasimplihan, At Nagpapahayag sa Gayunding Paraan."

113 Nakapagtatakang isipin kung papaanong gumagawa ang Diyos ng gayong bagay. Magkukubli ang Diyos sa isang bagay na napakasimple na dahil dito'y hinding-hindi ito makikita ng mga pantas at pagkatapos ay babalikan Niya ang simpleng bagay na iyon sa kasimplihan ng Kaniyang pamamaraan at ipahahayag naman ang Kaniyang Sarili. Naisip kong nakabuo iyon ng isang teksto na maaari nating mapag-aaralan bago tayo tumungo sa—sa mga dakilang pagtuturo ng Pitong Tatak. Hindi Siya nakikita ng marami dahil sa paraan ng paghahayag Niya ng Kaniyang Sarili. Ngayon, may sariling ideya ang tao kung ano ba dapat ang Diyos at kung ano ang Kaniyang gagawin; at gaya ng palagi kong sinasabi dati pa, na ang tao ay nananatili pa ring tao. Palaging pinupuri ng tao ang Diyos dahil sa Kaniyang ginawa, at palaging nag-aabang sa kung ano ang Kaniyang gagawin, samantalang di naman pinapansin ang Kaniyang kasalukuyang ginagawa. Kita n'yo, kita n'yo?

114 Sa ganiyang paraan nila ito hindi nakikita. Nagbabalik tanaw sila at nakikita nila ang dakilang bagay na nagawa Niya, ngunit hindi nila nakikita ang simpleng bagay na ginamit Niya upang gawin iyon. Kita n'yo? At tumitingin sila sa hinaharap at nakikita nila ang dakilang bagay na paparating, at siyam sa sampung pagkakataon, nagaganap na ito sa paligid nila, at dahil napakasimple hindi nila namamalayan. Kita n'yo?

115 Isang araw, isang lalaki rito sa Utica… At kung may mga kamag-anak siya na naririto, hindi ko ito sinasabi para ibisto siya nang husto. Isa siyang beterano ng *Civil War*, at sa paniwala ko siya'y… Hindi ko alam kung saan siya nakapanig noon, ngunit wari ko'y isa siyang rebelde. Ngunit siya'y isang impidel, at ang sabi niya'y walang Diyos. Nakatira siya sa Utica; ang pangalan niya'y Jim Dorsey.

116 Marahil ay marami sa inyo ang nakakikilala sa kaniya. Binigyan niya ako ng maraming pakwan nang ako'y bata pa. Dati siyang nagtatanim ng pakwan doon sa may ilog sa—sa bandang ibaba. At isa siyang malapit na kaibigan ng tatay ko. Ngunit isang araw ay sinabi niya, ang isa sa pinakamatinding bagay na nasabi sa kaniya na salungat (Ngayon, maliit na bata pa lang ako nang mga panahong iyon.)—na salungat sa kaniyang paniniwala na nagbunsod sa kaniyang lumayo, at yumuko, at umiyak. At sa pagkaunawa ko dahil dito ang lalaking ito'y maluwalhating lumapit kay Cristo sa edad na mga otsenta'y singko anyos.

117 Isang araw ay tinanong niya ang isang munting batang babae, na galing sa Sunday school, kung bakit sinasayang niya ang kaniyang panahon sa gayong bagay? Sabi niya, dahil naniniwala siyang mayroong Diyos. At sinabi ni Mr. Dorsey na… Aniya, "Iha, maling-mali ka sa paniniwala sa ganiyang bagay."

118 Aniya, yumuko ang batang babae at dumampot ng isang munting bulaklak mula sa lupa, pinitas niya ito mula sa tangkay nito, at nagsabi, " Mr. Dorsey, maari bang sabihin mo sa akin kung paano ito nabubuhay?"

119 Hayun na. Nang simulan niyang pagbulay-bulayan . . . Marahil ay sinabi niya sa bata, "Aba'y, tumutubo ito mula sa lupa." At maaaring bumalik ang mga tanong: "Saan nanggaling ang lupa? Paano napunta rito ang binhi? Paano iyon nangyari?" Nagpatuloy ito at nung bandang huli nakita niyang… Kita n'yo? Hindi ang malalaki't kaaki-akit na mga bagay na iniisip natin, kundi ang mga simpleng bagay kung saan totoo talaga ang Diyos, sa kasimplihan.

120 Kaya't nalulugod ang Diyos na muli't muli ay ihayag ang Kaniyang Sarili at ikubli sa mga simple't maliliit na bagay. Lampas ito sa kaisipan ng tao dahil… Kung sasabihin mo, "Bakit gagawin iyon ng isang matuwid na Diyos?" Dahil hindi nilikha ang tao sa pasimula para gumawa sa ganang kaniyang sarili.

121 Ginawa ang tao upang lubusang sumandig sa Diyos. Iyan ang dahilan na itinulad tayo sa mga kordero o mga tupa. Hindi kayang pangunahan ng tupa ang kaniyang sarili, kailangan niya ng isang tagapanguna; at ang Banal na Espiritu ang siyang dapat manguna sa atin. Kaya't gayon nilikha ang tao, at

simple para paniwalaan ng kanilang lubos na pininong edukasyon. Akala nila pagdating ng lalaking ito . . .

302 "Paano na 'yong: 'Lahat ng matataas na dako ay mabababa; lahat ng mababa ay itataas; lahat ng baku-bako ay papatagin'?" Nakita ito ni David at sabi niya, "Ang mga bundok ay nagsiluksong parang mga kordero at ipinalakpak ng mga dahon ang kanilang mga kamay."

303 Ano, ito ba'y naganap na? Isang matanda at balbasing lalaki na ni walang pinag-aralan, na nakabalabal ng balat ng tupa, ang lumabas mula sa ilang ng Judea na nagsasabi, "Mangagsisi kayo, dahil ang Kaharian ng langit ay malapit na. At kayong isang bungkos ng mga ahas, huwag kayong mag-isip na magsabi, 'kabilang ako sa ganitong organisasyon.' Kaya ng Diyos na magpalitaw mula sa mga batong ito ng mga anak para kay Abraham."

Naku. "Buweno, hindi siya yung naroon. Alam nating hindi siya iyon." Ngunit siya nga iyon. Kita n'yo? Nililinis niya ang landas. Kita n'yo?

Doon napatag ang mga bakobakong daan. Doon naibaba ang mga matataas na dako. "Huwag ninyong isipin na ama n'yo si Abraham. Huwag kayong magpasimulang magsabi sa akin ng ganiyang bagay, dahil kaya ng Diyos na magpalitaw mula sa mga batong ito ng mga anak para kay Abraham." Naibaba ang mga matatayog na dako. Ay, naku. 'Yon na nga iyon. Opo. Nakita n'yo ang kaibahan?

304 Sinabi Niyang gayon ang mangyayari. At pagdating nila, sa loob-loob nila, "Ay, naku." Sadyang handa nila siyang tanggapin, kung darating siya sa kanilang organisasyon. Ngunit dahil dumating siya sa gayong paraan, sa ganun kasimpleng paraan, ngunit bilang pagpapaliwanag sa mga Kasulatan, ang matataas na dako ay naibaba. Ayaw nila itong tanggapin, ngunit sila nga iyon.

305 Talaga naman, inahitan niya sila. Tinuklapan niya sila ng balat sa likuran. Aniya, "Isang bungkos kayo ng mga ulupong. Kayong mga ahas sa damuhan. Sinasabi ko sa inyo, nakaumang na ang palakol sa ugat ng punong kahoy, at bawat punong kahoy na hindi mamumunga ay puputulin at ihahagis sa apoy. Tunay ngang binabautismuhan ko kayo sa tubig, ngunit may Isang dumarating sa hulihan ko na mas makapangyarihan kaysa akin. Babautismuhan Niya kayo ng Espiritu Santo at Apoy, ang ang Kaniyang kalaykay ay nasa Kaniyang kamay. Lubusan Niyang lilinisin ang giikan, at . . . ? . . . ng dayami, susunugin ang mga ipa, at dadalhin ang trigo sa bangan." Amen.

Ngayon, tandaan n'yo na ito'y pitong daan at labindalawang taon (Tignan n'yo ang pamagat ng kabanatang iyan. Kita n'yo?)—pitong daan at labindalawang taon bago Siya ipanganak; narito ang propeta na nangungusap tungkol sa Kaniya.

Inyong aliwin, inyong aliwin ang aking bayan, sabi ng inyong Diyos.

Mangagsalita kayong may pag-aliw sa Jerusalem; at sigawan ninyo siya, na ang kaniyang pakikipagdigma ay naganap, na ang kaniyang kasamaan ay ipinatawad, sapagka't siya'y tumanggap sa kamay ng Panginoon ng ibayong ukol sa kaniyang lahat ng kasalanan.

Ang tinig ng isang… sumisigaw sa ilang, ihanda ninyo ang daan ng Panginoon, pantayin ninyo sa ilang ang lansangan para sa ating Diyos.

Bawat libis ay mataas, at bawa't bundok at burol ay mabababa: at ang mga bakobako ay matutuwid, at ang mga hindi pantay… ay mapapatag: (Oh, aleluia. Magiging dakila ang lalaking iyon. Kita n'yo?)

298 Ngayon, buklatin natin ang Malakias, ang huling aklat ng mga propeta sa Lumang Tipan. Ngayon, at sa Malakias, pakinggan n'yo ito; itinuloy ito ni Malakias sa huling kapanahunan, para makatiyak na hindi nila ito makakalimutan. Ika-3 kabanata ng Malakias:

Narito, Aking isinusugo ang aking sugo, at siya'y maghahanda ng daan sa harap ko: at ang Panginoon na inyong hinahanap, ay biglang paroroon sa kaniyang templo; at ang sugo ng tipan na inyong kinaliligayahan, narito, siya'y dumarating sabi ng Panginoon ng mga hukbo

299 Kita n'yo? Si Juan pa rin ang tinutukoy… "Isusugo Ko ang Aking sugo sa harap Ko para maghanda ng daan." Nangusap si Jesus tungkol dito sa Mateo 11:10. Sabi Niya, "Kung inyong matatanggap, Siya ang pinatutungkulan ng, 'Narito, isinusugo Ko ang aking sugo sa unahan ko . . . '" Kita n'yo? Tama.

300 Ngayon, lahat ng ito'y naipangusap na. Sa loob ng pitong daang taon ay may nakatakdang dumating na isang tagapaghanda ng daan ng Mesias; ngunit nang dumating siya sa eksena sa gayong kasimplihan, hindi nila siya nakilala. Hindi nila siya nakilala. Tandaan n'yo, anak siya ng isang saserdote. Buweno, isipin n'yo kung gaano kalaking kahangalan para sa kaniya ang hindi sumunod sa opisina ng kaniyang ama, at bumalik sa seminaryo, ngunit napakahalaga ng kaniyang gampanin.

301 Nagtungo siya sa ilang sa edad na siyam na taon, at lumabas siya na nangangaral. Hindi nila ito nakita. Napakasimple niya, masyadong siyang

lubos na pinasimple ng Diyos ang lahat ng Kaniyang mga gawa para maunawaan ng mga simple; at ginawang simple ng Diyos ang Kaniyang Sarili kasama ng mga simple para maunawaan ng mga simple.

122 At sa iba pang pangungusap, ang sabi Niya sa Isaias 35, sa wari ko. Sabi Niya, "Maging ang mga mangmang ay hindi mangaliligaw doon . . . " Napakasimple nito. At alam nating napakadakila ng Diyos, na umaasa tayo sa isang napakadakilang bagay, at hindi natin nakikita ang mga simpleng bagay.

123 Natitisod tayo sa kasimplihan. Diyan natin hindi napapansin ang Diyos, sa pagkakatisod sa kasimplihan. Napakasimple ng Diyos na napakalayo nang pagkakakilala sa Kaniya ng mga iskolar sa mga panahong ito at sa lahat ng kapanahunan; dahil sa kanilang mga pang-unawa, alam nilang walang sing-dakila Niya. Ngunit sa Kaniyang pagpapahayag, pinasisimple Niya ito nang husto na nalalampas nila ito at di nila nakikita.

124 Ngayon, pag-aralan n'yo iyan. Pag-aralan n'yo itong lahat. At kayong mga bumibisita rito, pagbalik n'yo sa inyong mga silid sa motel, kunin n'yo ang mga bagay na iyon at inyong pagbulay-bulayan. Wala tayong sapat na panahon para himayin ito gaya ng nararapat, ngunit gusto kong gawin n'yo iyan pagdating n'yo sa motel, o hotel, o saan man kayo tumutuloy, o sa bahay man. Magtipon kayo at pag-aralan n'yo ito.

125 Hindi natin Siya nakikita sa paraan ng pagpapahayag Niya ng Kaniyang Sarili, dahil napakadakila Niya, ngunit ikinukubli Niya ang Kaniyang Sarili sa kasimplihan upang makapagpakilala sa pinakamababa. Kita n'yo? Huwag n'yog sikapin kunin ang dakila, dahil nalalampasan niya ito; kundi pakinggan n'yo ang kasimplihan ng Diyos, at masusumpungan n'yo ang Diyos dito sa simpleng paraan.

126 Sa tuwina ay hindi Siya napapansin ng may mga matatayog na makamundong karunungan at mga aral. Ngayon, hindi ako narito para… At alam kong may mga guro rito, dalawa o tatlo sa pagkakaalam ko ang nakaupo rito; at hindi ako narito para salungatin ang eskwelahan at edukasyon at suportahan ang kawalan ng pinag-aralan; hindi ako narito para riyan. Ngunit ang problema, iyon ay masyado nang pinahalagahan ng mga tao, hanggang sa sila'y… Maging sa mga seminaryo at iba pa, hindi nila nakikita ang mismong bagay na inilagay ng Diyos sa harapan nila.

127 Iyan ang dahilan kaya't hindi ako laban sa mga kapatid na nasa mga denominasyon, ngunit ako'y laban sa sistema ng mga denominasyon; dahil pilit nitong pinadadakila ang kaniyang sarili at pinapag-aral ang mga ministro nito, hanggang sa humantong na sa kapag wala silang angkop na pag-aaral at

edukasyon, pinaaalis sila; at kailangan nilang pumasa sa pagsusuri ng mga psychiatrist at iba pa. Kailanma'y di ko inisip na kalooban ng Diyos na subukin ang isang ministro ng psychiatry kundi ng Salita. Kita n'yo? Oo. Kita n'yo, ang Salita lamang ang magiging tanging paraaan ng Diyos upang subukin ang Kaniyang mga taong isinusugo para magdala ng Salita--mangaral ng Salita.

128 Ngayo'y pilosopiya ang ipinapangaral natin; nangangaral tayo ng kredo, denominasyonalismo, at napakarami pang mga bagay at isinasa'ntabi natin ang Salita, dahil ang sabi nila hindi raw Ito mauunawaan. Maaari itong maunawaan. Ipinangako Niyang gagawin Niya ito. Ngayo'y hinihiling natin sa Kaniyang gawin Niya ito.

129 Ngayon, kukuha tayo ng ilang mga tauhan dito sa loob ng ilang sandali. Pansinin natin sa mga araw ni Noe. Nakita ng Diyos nung panahon ni Noe na lubhang pinahahalagahan at iginagalang ang makamundong karunungan, kaya't nagsugo Siya ng isang simpleng mensahe sa pamamagitan ng isang simpleng tao para ipakita sa kanila ang Kaniyang kadakilaan.

130 Ngayon, alam nating sa panahon ni Noe, ang sabi nila napakamakapangyarihan daw ng sibilisasyong iyon na anupa't hindi pa natin naaabot ang gayong antas sa ating modernong sibilisasyon.

131 At naniniwala akong sa bandang huli'y maaabot din iyon, dahil sinabi ng ating Panginoon, "At kung paano sa mga araw ni Noe, gayon din naman sa pagparito ng Anak ng tao." At nagbigay Siya ng ilang mga paglalarawan.

132 At itinayo nila ng pyramid at ang sphinx na naroon sa Egipto, at nagtayo sila ng mga naglalakihang mga bagay na na hindi natin kayang itayo ngayon. Mayroon silang pang-embalsamo na kaya nilang mag-embalsamo ng isang katawan na anopa't ito'y magmumukhang natural na natural at buo pa rin ito hanggang ngayon. Hindi natin kayang gumawa ng isang mummy ngayon; wala tayong kagamitan para ipanggawa nito. May mga pang-kulay sila na hindi kumukupas na pagkatapos ng apat o limang libong taon ganu'n pa rin ang kulay. Kita n'yo? Wala tayong ganu'n sa araw na ito. At maraming mga dakilang bagay mula sa sibilisasyong iyon ang nangungusap tungkol sa kahigitan nito sa ating modernong sibilisasyon.

133 Kung kaya't maiisip ninyo kung paano ang edukasyon noon dahil sa mga dakilang palatandaang naiwan sa atin na nagpapatunay na may gayon ngang sibilisasyon, malamang ay napakadakilang sibilisasyon niyon base sa mga ala-alang ito, na ang siyensya at modernong sibilisasyon ay itunuturing na kailangang-kailangan ng mga tao noon. Nararapat ito. Kinakailangan ito. Palagay ko'y halos walang hindi nakapag-aral sa kanila noon. Kung kaya't

291 Anila, "Buweno, bakit hindi ka nagsalita ng anuman tungkol diyan?" Dahil ito'y kailangang magkagayon. Kita n'yo?

292 At iba ang alam ni Jose. Alam niya kung Kanino ang sanggol na iyon. Alam ni Maria kung Kanino iyon. Alam ni Jesus kung Sino ang Kaniyang Ama. Ano'ng sabi Niya? "Kinakailangan Kong gumanap ng gawain ng Aking Ama," hindi ang maglagari ng kahoy at—at gumawa ng pintuan, kundi ang gawain ng Kaniyang Ama. Amen. Sinabi Niya iyon sa Kaniyang ina: "Hindi mo ba nauunawaan na panahon na para Ako'y gumanap ng gawain ng Aking Ama?"

293 Ngayon, naisip nilang ang hibang na Batang ito—sinumang bastardong bata ay talaga naming medyo kakatwa at mausyosong nilalang, at hayun na nga. Kita n'yo? Ngunit nagkukubli ang Diyos … Makinig kayo. Ikinukubli ng Diyos ang Sarili Niya sa inaakala ng mundo na marumi, kabulukan, ilehitimo… Tignan n'yo, nagkukubli ang Diyos sa kabulukan ng isang patay na binhi upang makapaghatid ng buhay. Kita n'yo? Nauunawaan n'yo ba?

294 Nagkukubli ang Diyos sa isang simpleng labandera o sa isang karaniwang lalaki na kipkip-kipkip ang kaniyang hapunan, magpapaalam sa kaniyang asawang babae at mga anak sa pamamagitan ng halik, at hahayo, at marahil ay magkukubli Siya sa lalaking iyon para gumawa ng isang bagay na walang kaalam-alam ang isang arsobispo. Kita n'yo?

295 Hindi ninyo Siya nariringgan na nagmamalaki tungkol dito at at ito'y ipinamamalita. Siya—Siya'y… Ang Diyos lang ang tumatanggap ng kaluwalhatian; iyon lang. Pinakikinggan ito ng mga simple at sila'y nagagalak. Kita n'yo?

296 Ngayon, nagkubli ang Diyos sa kasimplihan ng isang sanggol, nakakubli ang Diyos sa kasimplihan ng isang karaniwang pamilya. At ang mga eklesiastiko at mga dakilang tao, ang matatalino, ang mga henyo, at ang—lahat sila, ang mga Herod at iba pa ng panahong iyon, at ang mga Nero, ito'y hindi nila lahat nakita: nagkukubli ang Diyos sa kasimplihan. (Ngayon, mabilis).

297 Si Juan Bautista, sa Isaias 40… Maaari nating kunin ito kung ibig n'yo. Malakias 3, lahat… Buweno, oo, markahan n'yo kung ibig n'yo. Sa Isaias 40, alam n'yong lahat na nangungusap ito ng kapayapaan sa mga… Kung papaano ito, marahil aking… Makabubuti siguro na basahin ko na iyon dito, kung may—kung may panahon pa kayo…? . . . sandal lamang. Bubuklatin natin ang ika-40 kabanata ng Aklat ng Isaias at babasahin natin dito at titignan natin ngayon kung ano'ng sinasabi niya tungkol dito. Tignan n'yo, narito.

Inyong aliwin, inyong aliwin ang aking bayan,…

makapangusap sa atin sa labas ng grupo ng mga iglesiang kinabibilangan natin.

282 Ayokong maging magaspang o radikal, kaya iiwan ko na lang iyan diyan. Pansinin… Ngunit nauunawaan n'yo ang ibig kong sabihin.

283 Pansinin n'yo. Ang sabsaban ay katawa-tawa para sa kanila. Ang mga aral ay . . . Ni wala tayong tala kung saan Siya pumasok ng isang araw man lamang sa eskwelahan, gayunma'y sa edad na dose anyos, nalito ng isang simpleng batang lalaki ang mga saserdote sa templo sa Kaniyang katuruan. Ay, naku. Ano iyon? Ang Diyos na nagkukubli ng Kaniyang Sarili. Napakarelihiyoso ang pakiramdam ko ngayon.

284 Nagkubli ang Diyos sa isang kamalig, ikinukubli ang Diyos sa isang munting Bata… Kitaa n'yo? Masdan n'yo. Pagkatapos ay mailalantad naman ito. Kita n'yo? Kailangan Niyang… Siya'y… Pag nagtutungo Siya sa lansangan, ang mga magulang ay walang dudang nagsasabi, "Huwag kayong makipaglaro sa batang iyan. Layuan ninyo siya. Ang nanay niya'y isa lamang pangkaraniwang patutot. (Kita n'yo?) At ang ama at ina… Ipinanganak na ang bata bago pa man sila talagang naikasal. Nagdadalang-tao na siya. Huwag kayong magkaron ng kinalaman do'n."

285 Ang naisip ni Maria . . . Ngunit ganunpaman, anuman ang iniisip ng mga nasa labas, pinag-isipan niya ang lahat ng mga bagay na ito. Iningatan nila ito sa kanilang puso.

286 Alam nilang wala silang masabing anuman laban dito. Minsa'y nangungusap ang Diyos sa Kaniyang mga kalalakihan, na nagsasabing, "Tumahimik kayo. Huwag kayong magsalita ng anuman tungkol dito."

287 May mga taong nagsabi sa mga pagtitipon ko, "Buweno, kung ikaw ay talagang lingkod ni Cristo, alam mong ito'y nagaganap doon."

288 Tunay nga, alam kong nagaganap ito, ngunit anong gagawin mo kapag sinabi Niya, "Tumahimik ka. Huwag kang magsalita ng anuman tungkol dito."

289 Nagsama ako ng ilang lalaki noong nakaraang araw, ipinakita ko sa kanila sa isang aklat, ang isang bagay na naipangusap maraming taon na ang nakalilipas. Sabi ko—ika ko…

Anila, "Buweno, hindi ko ito maintindihan."

290 Sabi ko, "Nakikita n'yo ba riyan?" Heto, ito'y nariyan, nilagyan ko ito ng petsa at lahat na nang ito'y mangyari noon. Oh, nang makita iyon ng maraming tao sa aklat na iyon, ang sabi ko, "Mangyayari na ito'y magiging ganito at ganiyan."

ang Diyos, sa paghahanap sa dakilang ekonomiya ng panahong iyon sa kanilang mga sistema, marahil ay hindi makasumpong ng tamang uri ng lalaki hangang sa masumpungan Niya ang isang walang pinag-aralan, marahil ay isang magsasakang nagngangalang Noe, isang pastol ng mga tupa. At ibinigay Niya sa kaniya ang Kaniyang mensahe na dapat ipangaral sa mga tao, na napakasimple, na ang kanilang mga iskolar ng panahong iyon, ang mga tao'y natisod sa kasimplihan ng mensahe.

134 At gayunma'y, radikal ang mensahe sa harap ng siyensya noon. Papaanong magkakaroon ng ulan sa himpapawid samantalang wala namang ulan doon sa itaas? Kita n'yo? At ang simpleng mensahe ng pagtatayo ng daong, paggawa ng isang bagay na masisilungan na wala namang tubig na paglulutangan, aba'y, naging isa siyang panatiko. At siya'y naging isang, kung tawagin nati'y (ipagpaumanhin n'yo ang ekspresyon sa araw na ito) isang "oddball."

135 At halos lahat ng mga tao ng Diyos ay mga *oddball* (Kita n'yo?) gayon nga sila. Nagagalak akong maging isa sa kanila. Kaya't… Alam n'yo, iba sila sa modernong takbo ng sibilisasyon. Kaya't sila'y nagiging kakatwa, at kakaiba. Sabi Niya ang Kaniyang bayan ay isang pekulyar na bayan (kakatwa, kakaiba), ngunit isang espirituwal na pagkasaserdote, isang maharlikang bansa, na naghahandog ng espirituwal na mga hain sa Diyos, ang mga bunga ng kanilang labi ay nagbibigay ng papuri sa Kaniyang Pangalan. Napakainam na bayan. Sila'y nasa Kaniya.

136 At pansinin n'yo ngayon kung gaano katindi sa araw na 'yon na may isang panatiko na pumunta sa iglesia, isang panatiko, at nangangaral ng isang ebanghelyong tila ba lihis na lihis sa nakagawian nilang paniniwala. Ang ang mga siyentipiko… Aba'y, talagang kahibangan ito. Kaya nilang patunayan sa maka-siyentipikong paraan na walang ulan doon. Ngunit ang simpleng pastol na ito ng mga tupa ay naniwalang kung sinabi ng Diyos na uulan, uulang nga. Kita n'yo?

137 At upang… Ikumpara n'yo iyan sa araw na ito kapag may napagaling, sasabihin nila, "Emosyon lang iyan," o "kaya kong patunayan sa iyo sa maka-siyentipikong paraan na ang kanser, o ang laman, o—o ang bagay na iyon ay nariyan pa rin.

138 Subalit sa simpleng mananampalataya, wala na iyan (Kita n'yo), dahil hindi siya nakatingin sa laman; nakatingin siya sa pangako, tulad ng ginawa ni Noe.

139 Kaya't hindi n'yo ba nakikita: "At kung paano ang nangyari sa mga kaarawan ni Noe, ay gayon din naman sa pagparito ng Anak ng tao." Sa maka-siyentipikong paraan, walang sinumang… Maaring sabihin ng doktor, "Tignan mo, nariyan pa rin ang bukol mo. May kanser ka pa rin. Pilay pa rin tulad ng dati ang braso mo. Hibang ka."

140 At tandaan n'yo, iyan din ang espiritu nung panahon ni Noe na nagsabing, "Walang namang ulan doon sa itaas. Nakapagpapadala kami ng mga instrument sa buwan, at wala namang ulan doon." Ngunit kapag sinabi ng Diyos magkakaroon ng ulan doon…

141 Sapagka't ang pananampalataya ay ang kapanatagan ng mga bagay na inaasahan, ang katibayan ng mga bagay na hindi nakikita. At nagpapahingalay ang pananampalataya sa Salita ng Diyos.

142 Doon ito nakasusumpong ng dakong pahingahan. Nauunawaan ba ninyo? Ang dakong pahingahan nito ay sa Salita ng Diyos. Doon iyon isinalig ni Noe: "Sinabi ng Diyos." Tapos na'yon.

143 Ngayon, kung mapapansin ninyong muli na… At ngayon, si Noe ay itinuring na panatiko dahil sa nanwala siya sa ganun. At ang mga tao sa araw na ito na naniniwala sa bautismo ng Espiritu Santo ay…

144 Ngayon, ang sabi ng iglesia, "Mga panatiko ang mga taong ito. Sila'y isang bungkos lamang ng nagugulumihanan, emosyonal, at mga taong tigib ng takot." Ngunit hindi nila alam na itinuturo iyon ng Salita ng Diyos; ito'y isang pangako.

145 At kay Noe, hindi mahalaga gaano man nila sabihing wala sa katinuan ang matandang iyon, na siya'y mali base sa sensiya, at siya'y wala sa tamang kaisipan; ngunit para kay Noe, Salita iyon ng Panginoon. At nanatili ro'n si Noe, at ang mga pantas at matatalino ay natisod sa kasimplihan nito at nangapahamak. Napakatinding saway nito sa heherasyong iyon.

146 Maraming tao ang nagsasabi, "Kung nabuhay lang ako nung panahong iyon…" Hindi, ganoon din ang iaasal mo, dahil sa araw na ito ay ganung-ganun din ang muling naipamamalas, sa ibang anyo nga lang, natitisod din sila rito ngayon, tulad nila noon.

147 Walang dudang marami silang mangangaral ng mga araw na iyon, ngunit kinasihan ng Diyos si Noe. At nakikita ni Noe kung ano'ng nakatakdang mangyari at alam niya na ang isang mapangalunya at masamang salinlahing tulad niyon ay hindi pahihintulutan ng Diyos na manatili. Kaya't ano'ng magagawa natin ngayon, kundi makita ang gayunding bagay: isang makabagong Sodoma at Gomorra (Kita n'yo?), masama, mapangalunyang mga taong lubhang pinino ng karunungan na dahil dito'y natitisod sila sa

sa Salita. Dumating siya nang ayon na ayon sa pagkakasabi Niya, ngunit mali ang kanilang interpretasyon do'n. Ang interpretasyon nila tungkol sa tagapagligtas sa panahon ni Moises ay mali; ang interpretasyon nila sa panahon ni Noe ay mali (Kita n'yo?), ngunit dumarating ang Diyos ayon sa Kaniyang Salita.

277 At dumating si Jesus, at nagturo Siya ng mga bagay na salungat. "Kung Ikaw nga ang Mesias, gawin Mo ang ganito-at-ganiyan." Nakita n'yo? "Kung Ikaw nga… Bumaba Ka sa krus, at ipakita Mo sa amin ngayon." Kita n'yo? Ngunit hindi nakikipagbiruan ang Diyos sa mga tao; Ginagawa lang ng Diyos ang mga bagay na kaaya-aya at tama.

278 Inisip nilang ang Isang tulad Niya ay tiyak na kakailanganing dumating na may dakilang pagpupugay ng mga Anghel, ngunit dumating Siya sa isang sabsaban. At sa kanilang mga pininong etika, katawa-tawa sa karaniwang tao na mag-isip na di kaya ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat, ng dakilang makapangyarihang Jehovah, na may-ari ng lupa at lumikha ng kabuuan nito, na makapaghanda ng isang dakong mapagpapanganakan ng Kaniyang sariling Anak, na mas mainam kaysa sa isang sabsaban na nasa ibabaw ng tumpok ng nga dumi ng hayop. Papaanong magkakaroon . . . Kita n'yo?

279 Ano 'yon? Ang Diyos na nasa kasimplihan. Iyon ang nagpadakila nang lubos sa Kaniya. Kita n'yo, hindi kayang magpakaliit nang ganu'n ang etika ng edukasyon. Kita n'yo? Hindi niya ito kaya, ngunit napakadakila ng Diyos na ibinaba Niya ang Kaniyang Sarili nang gayon, ni wala Siyang maipasuot na damit sa Kaniyang Sariling Anak. Isipin n'yo iyon. At ang mundo… Walang lugar noon sa bahay-tuluyan, kaya't pumasok Siya sa isang sabsaban ng baka, isang munting—isang munting ekstensyon, parang isang maliit na yungib sa gilid ng burol; at sa ibabaw ng isang higaang dayami ay dumating ang Anak ng Diyos. Oh, ibang-iba iyon sa pagtitipon sa itaas…

280 At ang Kaniyang ina ay nagdadalang-tao na; nasumpungan siyang nagdadalang-tao, oh, ilang buwan pa bago siya maipagkasundo para maikasal o bago siya ikasal. Kita n'yo? Nagdadalang-tao na siya, at nakita ito ng mga tao, at alam nilang ganito na nga. At si Maria, alam niya sa kaniyang puso kung ano ang nangyayari. At hindi ito naunawaan ni Jose, ngunit lumapit sa kaniya ang Anghel ng Panginoon isang gabi na nagsasabi, "Jose, ika'y anak ni David. Huwag kang matakot na tanggapin, si Maria, na iyong asawa, dahil hindi iyan masama, bagkus iyan ay sa Espiritu Santo." Ayos na iyon.

281 Ganun na lamang ang kaugnayan sa Diyos ng lalaking si Jose na nagawa ng Diyos na mangusap sa kaniya. Ngunit ngayo'y lubos na tayong nababalutan ng diyaket ng ating mga simbahan hanggang sa wala nang

nangyari nang ganun, hindi ito tama. Ito'y anti-cristo. Kapag hindi ito naganap sa ganung paraan, ito'y anti-cristo (Nakita n'yo?), kaya't hindi iyon mangyayari.

270 Kaya't kung ganun magkakaroon ng isang . . . Ang susunod na bagay na bababa ay ang may sampung milyong mga Anghel na magpupugay kasama ang kanilang banda, at lalapag sila sa bakuran ng templong itinayo ni Solomon, at oh, sa kahabaan ng banal na dakong ito kung saan nangamatay ang mga banal at mga paham…" at iba pa.

271 "Oo," sabi ni Jesus, "kayong mga mapagpaimbabaw, kayong mga anak ng diablo," aniya, "pinalalamutian ninyo ang mga libingan ng mga propeta, at ang mga magulang n'yo ang naglagay sa kanila roon." Tama. Tama. Kita n'yo? "Gaano karaming matutuwid na lalaki at mga propeta ang isinugo sa inyo, at gayunma'y pinatay ninyo ang bawat isa sa kanila." Kita n'yo? Ngunit ang mga tinatawag Niyang matuwid noon, ay tinatawag nilang mga panatiko at baliw. Oo. Hayun akala nila sa ganoong paraan 'yon mangyayari.

272 Subalit nang dumating Siya sa isang sabsaban, ipinanganak ng isang birhen, na ang ama-amahan ay isa lamang pangkaraniwang karpintero at isang di kilalang babae ang . . . Kita n'yo, hindi anak na babae ng punong-saserdote o kung anuman; iniluwal Siya ng isang babaeng nakatira sa isang maliit, at masamang baya na kung tawagn ay Nazareth. At ang lalaki ay isa lamang karaniwang biyudo; patay na ang asawa. May ilan siyang mga anak: si Jose. At naipagkasundo na ang babae. At Siya'y dumating na may batik ang pangalan sa pasimula pa lamang. Ang sabi nila Siya daw ay isinilang na ilehitimo.

273 Ay, naku. Bumangga iyon ng husto sa kanilang pagiging aral. Kita n'yo? Hindi iyon malunok ng kanilang etikang pang-edukasyon. Napakalayo no'n sa kanilang sariling interpretasyon sa Kasulatan, gayunma'y iyon ang ITO ANG SABI NG PANGINOON. Ay naku. Kinikilabutan ako kapag iniisip ko ito.

274 At ang makitang nagaganap muli ang gayung bagay… Hindi maaaring magbago ang Diyos. (Alas-dose na, pero… Maaari ba kayong… Titigil na ba ako o mag—magpapatuloy pa? Sa palagay ko kung makapananatili kayo nang kaunti pa. Kita n'yo?

275 Ngayon, ngayon, ito'y . . . Nagpupundasyon ako ng isang bagay dito para sa paparating na mensahe. Kita n'yo? At sisikapin kong mapalabas kayo nang mabilis, marahil ay sa susunod na sampu o labinlimang minuto kung magagawa natin. Pagpalain kayo ng Diyos.)

276 Pansinin n'yo. Ngayon, napakasimple nito na hindi ito tumama sa puntirya nila, ngunit tumama ito sa puntirya ng Diyos (Kita n'yo?); tumama ito

kasimplihan ng pagpapahayag ng Diyos ng Kaniyang Sarili at ng Kaniyang Salita, ipinamamalas ang Kaniyang Salita.

148 Walang isa mang tao sa mundo, Rosella, na… o sinuman na makapagsasabing hindi natin nakikita sa kalagitnaan natin ang Salita mismo ng Diyos na naihahayag. Ang pangako mismo sa huling mga araw, at ang mismong panggabing mga Liwanag na nakatakdang magningning, mga pinalad tayong tao upang masaksihan iyon. Samantalang sa daigdig ng mga pino't aral, naitago ito sa kanila . . .

149 Sinabi ni Jesus sa Diyos Ama; sabi Niya, "Nakalugod sa Iyo na itago ito sa kanila. Gayun nga Ama, itinago Mo ito." Hinayaan Niya sila sa kanilang karunungan . . . Mangyari kasi, karunungan ang siyang nagpasimulang magpagulong ng bola sa lusak ng kasalanan nung pasimula. Sapagka't naghahanap ng karunungan si Eva nang makatagpo niya si Satanas, at ibinigay ito sa kaniya ni Satanas (Kita n'yo?), at ang karunungan ay salungat sa Salita. Hindi tayo hinilingang magkaroon ng karunungan; hinilingan tayong manampalataya sa kung ano ang nasabi na. Kaya't nakita n'yo? Ngunit sa araw na ito ganun na lang ito kung pagandahin ng mga iskolar, inilalagay diyan, at nilalagyan ng kanilang sariling pagpapaliwanag, at palagi silang mayroong . . . Ganun din ang ginagawa nila sa araw na ito. Ganun din katindi.

150 Ngayon, ang mga tao'y . . . Ngunit hindi ito nakita ng mga tao noon tulad din naman sa araw na ito, magkatulad ito. Ganun din ang ginagawa nila. Ang kaya hindi nila ito nakita, sapagkat masyado silang matalino para sampalatayanan ito. Kita n'yo? Ngayon, napakasimple ng mensahe noon na naging masyadong matatalino ang mga pantas para paniwalaan ang kasimplihan ng mensahe. Ay, naku. Pinasimple ito nang husto ng Diyos sa Katotohanan na dahil doo'y hindi ito nakita ng mga matatalino at mga pantas, dahil nga sa napakasimple nito. Buweno, iyan ang lalong nagpapadakila sa kadakilaan ng Diyos, dahil bagama't pinakadakila ay nagagawa Niyang pasimplehin ang Kaniyang Sarili.

151 Pinapakita ng mga tao ngayon na hindi sila sa Diyos; mga dakila sila at nagsisikap na lalong dumakila at higit na maipakilala ang kanilang sarili bilang dakilang Obispo, Duktor na banal na Papa at lahat na—ipinakikilala nila ang kanilang sarili bilang isang bagay na hindi naman talaga sila, samantalang ang Diyos na napakadakila ay nakapagpapakumbaba upang maging simple. Ang kasimplihan ay kadakilaan.

152 Maaari tayong makagawa ng isang *jet plane*; maari tayong makapagpalipad ng *rocket* sa himpapawid, at maaari nating gawin ang lahat ng

ito. Oo. Ngunit hindi natin kayang makagawa ng isa man lamang dahon ng damo. Amen. Anu'ng masasabi n'yo riyan? Ngunit sa halip na magsikap na makapanumbalik upang makita kung sino ang may gawa ng damong iyon at tanggapin ang Diyos na lumikha ng damo, sinusubukan nating gumawa ng missile na mas mabilis na makararating ro'n kaysa maaaring gawin ng iba. Kita n'yo?

153 Masyado na tayong matatalino at marurunong sa ating mga iglesia na kaya na nating magtayo ng gusaling isang milyong dolyar ang halaga, o sampung milyong dolyar, ngunit—at sinisikap nating makapagtayo ng mas maganda kaysa sa mga Methodist, o ang mga Baptist naman ay nagsisikap na makapagtayo ng mas maganda kaysa sa Presbyterian, at sumali na rin sa paligsahan ang mga Pentecostal. Ngunit ang problema ay ito: masyado na tayong matatalino at masyado nang nasanay sa ating mga gawi na hindi na natin maibaba ang ating sarili upang mapag-unawang ang Diyos ay nasa munting misyon sa isang sulok. Kita n'yo? Tama. Buweno, iya'y… Natitisod tayo sa kasimplihan. Palagi na lang ganu'n ang nangyayari sa kanila.

154 Ngayon, masyado silang naging matalino para maniwala sa ganun kasimpleng mensahe. Kulang ang pagkapino nito para sa kanilang mga isinagawang siyentipikong pananaliksik. Hindi iyon matalino, kapos ang mensahe sa kanilang programang pang-edukasyon sa panahong iyon. Kita n'yo? Nagsipag-aral sila para alaminn na mayroong ngang Diyos, at nag-aral sila para alaming Siya'y dakila; at sinikap nilang gawing dakila ang kanilang sarili tulad Niya, samantalang ang daan paitaas ay laging pababa.

155 Ngayon, sinong nakaaalam kung ang Polong Hilaga ay Hilaga o ang Polong Timog ay Hilaga, o ang Polong Hilaga ay Timog, o ang Polong Timog ay Hilaga? Alin ang pataas at alin ang pababa? Nakabitin tayo sa kalawakan. Sinasabi natin, "Ang Polong Hilaga ang pataas." Paano mo nalaman? Maaaring Hilaga ang Polong Timog. Kaya nga, hindi n'yo alam. Kaya't tandaan natin…

156 Sa ganitong pananalita ay maaari n'yong sabihin, "Kung gayo'y paano mo masasabi, Brother Branham, na ang pataas ay pababa? Batay sa Salita ni Jesus Cristo.

157 Ang sabi Niya, "Siya na nagpapakumbaba sa kaniyang sarili ay itataas, subalit siya na nagtataas sa kaniyang sarili ay ibababa," o ibabagsak. Kaya nga, sa totoo lang, ang pataas ay pababa at ang pababa ay pataas.

158 Tulad ng sinabi ng isang matandang santo sa Chicago, na may isang lalaki… Isang ministrong galing sa isang organisasyon ang tumayo kung saan may ilang mga Pentecostal . . . Inipon niya ang lahat ng kaniyang

ngunit walang mga apong lalaki at mga apong babae. Bawat tao'y kailangang magbayad ng iisang halaga at lumapit sa iisang paraan; kung papaano ang ginawa ng iyong ama, gayon din ang dapat mong gawin. Ngayon…

265 Kaya't napakasimple Niya, nang ang Mesias na ito ay… Sa loob ng apat na libong taon bawat propeta ay nangusap tungkol sa Kaniya. Umawit si David tungkol sa Kaniya, at lahat ng iba pa. At nang Siya'y dumating, may mga nabuong kaniya-kaniyang palagay ang mga tao kung ano ba dapat ang gagawin Niya, kung paano Niya iyon gagawin, ganun na lang napaliwanag ang lahat, iginuhit pa sa mga pisara, at lahat na hanggang sa nang Siya'y dumating sa napaka-simpleng paraan, sadyang sinira nito ang kanilang mga teolohiya. Kita n'yo? Hindi nila iyon namalayan. Kita n'yo, dumating Siya ayon sa Salita.

266 Ngayon, naniniwala ba kayo na nangusap ang Diyos sa pamamagitan ng mga propeta na darating ang Mesias sa isang kaparaanan? Lubhang nakapanghihinayang na wala na tayong mga isa pang oras para matalakay natin iyon at maipaliwanag kung papaano 'yon. Kita n'yo? Gayunma'y alam nating lahat kung paano iyon naganap, karamihan sa atin. Kung papaanong Siya darating ayon sa Diyos at "Ikaw na, Betlehem ng Juda, ay hindi ikaw ang pinakamaliit sa mga…" at sa mga susunod pa roon kung papaano Niya iyon gagawin, at kung ano ang Kaniyang gagawin. Kita n'yo?

267 At ganunpaman naging napakasimple Niya na anupa't nalito nang husto ang mga dakilang iskolar, na di nila iyon nakita. Ngunit alam n'yo, hindi dumating si Jesus ng salungat sa Salita; dumating Siya ayon sa Salita, ngunit salungat sa kanilang interpretasyon. Kita n'yo? Nagturo Siya ng mga bagay na salungat sa itinuro ng kanilang simbahan tungkol sa Kaniya.

268 Ngayon, sinasabi nila, halimbawa, "Kapag dumating ang Mesias, tiyak na pupunta Siya sa templo at magsasabi, 'Caiphas (o kung sinuman ang punong saserdote no'n), nakarating na Ako.' Darating Siya na may pagpupugay ng isang milyong Anghel. Ang… Sasabihin ng Diyos, 'Sige, kayong mga taong nariyan sa ibaba, talagang isa kayong makapangyarihang iglesia. Kayo ang bayan Ko. Pipihitin Ko ang pihitang ito at ibaba Ko ang mga pasilyo ng langit; isusugo Ko sa inyo sa umagang ito ang Mesias. Palalapagin Ko ito doon sa bakuran.' At pumalibot ang lahat ng mga tao, at sabihin n'yo, 'Doktor Ganito-at-ganiyan, ikaw at si Doktor Ganito-at-ganiyan; maaari kayong tumayo sa unahan upang unang bumati sa Kaniya.'" Nakita n'yo?

269 Katulad iyan marahil ng iniisip nila ngayon. Ngayon, alam kong ito'y medyo "mapangahas" kung pakinggan, ngunit hindi ko—sinisikap kong gumawa ng isang punto. "At ganun iyon magaganap. At kapag hindi ito

kita n'yo?), kinapos sa isa at lumampas naman sa isa. Kita n'yo? Nung panahong dumating Siya sa eksena, ang mga taong pinagsuguan sa Kaniya ay mayroong sariling interpretasyon tungkol sa kung magiging ano ba Siya sa kanilang sariling interpretasyon base sa kanilang haka-haka.

257 Hindi nagbago ang Biblia. Ang Biblia'y laging tulad pa rin ng dati. Iyan ang dahilan kaya't binabanggit ko na sabi ng Kasulatan, at hindi ko iyon binabago: "Ang Biblia ay hindi sa sariling pagpapaliwanag."

258 Kaya't mga Methodist, mga Baptist, mga Pentecostal, huwag n'yong piliting lagyan ito ng inyong sariling pagpapaliwanag, na nagsasabi, "Hindi ganiyan ang kahulugan nito; ganito ang kahulugan nito." Kung anong sinabi nito, iyon talaga ang ibig sabihin nito.

259 May isang nagsabi, "Papaanong mangyayari … Hindi ko alam kung papaano." Hindi ako ang dapat magsabi niyan; ang Diyos ang bahala riyan. Siya mismo ang nagsabi nito, hindi ako (Kita n'yo?), at iingatan Niya ang ganang Kaniya.

260 Ngunit ngayon, ang Mesias na ito'y naihula na. Ganap nang sinabi ng mga propeta kung paano Siya darating, kung ano ang gagawin Niya sa Kaniyang pagdating, ngunit ang kanilang sariling pagpapaliwanag nito sa mga tao… At nang dumating Siya, napakasimple ng kaparaaanan nito na natisod dito ang buong kalipunan ng iglesia. Tama ba?

261 Naroon ang mga taong tinuruan… Ang isang lalaki'y hindi maaaring maging guro, o isang saserdote malibang siya'y ipanganak sa isang lahi, sa lahi ni Levi. At isipin n'yo na lang, ang kaniyang kanunu-nunuan ay isang saserdote, araw at gabing nag-aaral ng Salita sa templo tulad ng paring-Catolico o ng ministro, isang ministrong naipasa mula sa isang salinlahi patungo sa mga iglesia at iba pa.

262 "Ang kanunu-nunuan ko'y isang obispong Methodist. Ang lolo ko'y isang obispo," at iba pa. Kita n'yo?

263 Lahat ng iyon ay namuhay mismo sa Salita, ngunit bumuo sila ng sarili nilang paraan ukol dito. At tinanggap ito ng kanilang mga anak sa paraang itinuro ng kanilang mga magulang, hanggang sa maituro ito ng mga magulang nang lihis sa tunay na daan, at ginawan nila ito ng isang organisasyon, na nang iharap sa kanila ng Espiritu ang Katotohanan, hindi nila iyon matanggap. At gayon din naman ngayon.

264 Hindi ko gustong maging magaspang, ngunit iyon ay tama. Gayon din ngayon. Ginagawa nilang napakakumplikado nito at iniiba nila ang pagtuturo na sila'y… Tulad ng nasabi na: Walang mga apo ang Diyos. Alam n'yo ba iyan? May mga anak na lalaki ang Diyos, at may mga anak Siyang babae,

intelektuwal na mga bagay-bagay. At tumayo siya roon at gumamit ng mga salitang banyaga sa mga Pentecostal. At pagtayo niya roon, nakita niyang hindi ito napag-uunawa ng mga Pentecostal. At umakyat siya na nakaliyad ang dibdib, at siya daw ay si banal na Doktor na si Ganito-at-ganiyan, na galing sa ganitong malaking eskwelahan sa Chicago. At tumigin siya sa paligid, at nagtitinginan ang mga Pentecostal. Ni hindi nila alam kung ano ang pinagsasasabi niya; napaka-edukado niya, napakarunong, matalino. Hindi nila alam…

159 Parang 'yung isang senador o lalaking katatakbo lang sa halalan para sa pagka-Presidente at natalo. Sinabi sa akin ni Tuck Coots, nang ako'y nangangaral sa libing ni Mama Ford at nangungusap tungkol sa pagkabuhay na muli, ang katiyakan ng muling pagkabuhay… Singtiyakan ng pagsikat ng araw, gayon din ako babangon. Singtiyak ng pagkatuyo ng damo sa taglagas, at paglaglag ng dahon mula sa puno, muli itong magbabalik; sa pag-inog ng mundo sa *orbit*, kailangang bumangon itong muli.

160 Sabi ni Tuck, "Hinangaan ko ang mensaheng iyon, Billy." Magkatabi kami ni Brother Neville sa upuan sa loob ng kotse, at sabi ko, "Tuck . . . "

161 Aniya, "Pinahahalagahan ko ang mga mensahe mo."

Sabi ko, "Tuck, wala akong pinag-aralan." Ika ko, . . .

162 Sabi niya, "Iyan ang nakaganda ro'n." Kita n'yo? At ako'y . . . Aniya . . . Humayo siya para makita… Buweno, palagay ko'y patatawarin ako ng lalaking iyon; hindi ko layong… kilala n'yo si Adlai Stevenson. At sabi niya napakinggan niya raw siya ng labinlimang minuto, at sabi nila napakahusay na tagapagsalita ni Mr. Stevenson, alam n'yo, na nasabi ni Tuck (palagay ko'y nakatapos siya sa kolehiyo.), ika niya'y naupo siya roon at nakatulog. Aniya'y nakatulog siya sa pakikinig sa kaniya sa loob ng labinlimang minuto. At sabi pa niya, "Kahit na nakapag-aral ako sa kolehiyo, kakaunting salita lang ang naintindihan ko sa sinasabi niya. Pulidong-pulido 'yon." Ang sabi niya, "Hindi mo ako nakitang natulog minsan man sa iyong mga gawain, hindi ba, Brother Branham?

Kaya nga, dahil iyon sa kasimplihan nito, simple lang. Naroroon ang Diyos.

163 Ngayon, masyado na silang matatalino noong panahong iyon para maunawaan ang kahulugan ng simpleng paraan ng Diyos ng paggawa ng mga bagay-bagay. Hindi iyion pulido para sa kanila. Dapat pulido. Kailangan makintab na makintab, kundi'y hindi nila ito mapapansin. Ngunit nakakubli ang dakilang Jehovah sa Kaniyang Salita, at nagpakilala Siya sa mga taong nanampalataya sa Kaniyang Salita sa pamamagitan ng pagliligtas sa kanila at

pagtupad sa isang simpleng mensahe, ang simpleng mensahe ni Noe, tinupad ito ng Diyos. Ngayon, pansinin n'yo iyon.

164 At muli sa kaarawan ni Moises, pansinin ang isa pang panahon ng pagliligtas. Kapag nakaakma nang gumawa ng isang bagay ang Diyos para iligtas ang Kaniyang bayan, nagsusugo ng mensahe ang Diyos sa mga tao, at napakasimple nito, tulad ng mauunawaan natin sa pagbubukas ng mga Tatak na ito (Iyan ang layunin ko kaya't ipinangaral ko muna ito.), na matuklasan nating ang pagbubukas ng mga Tatak na iyon ay napakasimple, milyong milya ang layo ng pagkaunawa dito ng matatalino. Kita n'yo?

165 Umaasa akong papahiran ako ng Diyos para rito. Kita n'yo, kita n'yo? Sadyang lumalampas ito sa pang-unawa. At iyan ang dahilan na naisip kong ang mensahe ngayong umaga ay aangkop upang makapaglatag ng pundasyon tungkol sa kasimplihan ng Diyos (Kita n'yo?), kung papaanong nagkukubli ang Diyos sa kasimplihan.

166 Isipin n'yo na lang, kaya nilang hati-hatiin ang mga atom at gawin ang lahat ng iba pang bagay, ngunit pag patungkol na sa buhay, ni hindi nila masabi kung saan ito nanggaling. Nakakubli ang Diyos sa isang simpleng dahon ng damo. Kaya nilang magpalipad ng rocket sa buwan at paganahin ang isang radar doon o kung anupaman ngunit hindi nila maipaliwanag ang buhay na nasa isang dahon ng damo. Tama. Kita n'yo, dahil hindi ito maaaring ipaliwanag; napakasimple nito na ito'y di nila nakita.

167 Ngayon, pansinin n'yo. Si Moises, nung panahong ililigtas ng Diyos ang mga anak ng Israel, ayon sa Kaniyang Salita'y Kaniyang… Ano'ng ginawa Niya? Pumili Siya ng isang simpleng pamilya; wala tayong tala tungkol sa kanila. Kita n'yo, ang tanging alam lang natin ay isa siyang anak ni Levi (Kita n'yo?), at kaya nga tayo'y… At ang kaniyang asawa… Karaniwan lang siya, marahil ay isa lamang tagamasa ng putik (ayon sa palagay ng mundo,) na naroon at gumagawa ng *brick* para sa kaaway. Isa lang siyang pangkaraniwang alipin sa Israel, ngunit pinili ng Diyos ang pamilyang iyon upang maisilang ang tagapagligtas: isa lamang pangkaraniwang pamilyang Judio. Hindi Siya kumuha ng maharlika, at ng tanyag, o iba pa, o ng anuman, o maging ng isa mang pari; kumuha Siya ng isang pangkaraniwang pamilya (Kita n'yo?): kasimplihan.

168 Pansinin n'yo kung ano ang ginawa Niya noon. Nagpalitaw Siya ng isang bata, isang simpleng tao. Hindi Siya… Maaari Niya sanang italaga ang araw kung nais Niyang palayain sila. Maaari Niya sanang italaga ang hangin para palayain sila. Maaari sana Siyang magtalaga ng isang Anghel para palayain sila.

naging tanso na tumutunog, at batingaw na umaalingawngaw": Unang Corinto 13. Kita n'yo? Kaya't hindi mo—hindi iyon nakukuha sa ganun. Kita n'yo?

249 Ang sabi ng mga Methodist, "Nang sumigaw kami, nakuha na namin 'yon," ngunit hindi pa rin. Ang sabi ng Nazarene kapag namuhay sila ng banal nakuha na nila 'yon, ngunit hindi pa rin. Ang sabi ng mga Pentecostal, "Kapag nagsalita kami ng iba't-ibang wika; nakuha na namin 'yon," ngunit hindi pa rin. Kita n'yo, kita n'yo?

250 Inilalantad ng Diyos ang Kaniyang Sarili, hindi sa mga sensasyon, hindi, iya'y… Bagama't kalakip niyon ang mga sensasyon. Nakita n'yo ba ang lugar na iyon? Sadyang ginagawa Niya itong napakahamak na kahit na sino'y maaari itong makita, kung hindi mo isisingit do'n ang sarili mong haka (Kita n'yo?) at ang sarili mong mga kaisipan. Ang Diyos iyon. Ngayon…

251 At sila'y naging isang bungko ng mga panatiko. At naririto ang mga malalamig at pormal sa panig na ito; naririto naman ang mga panatiko sa kabilang panig, at dito tumatahak ang Nobya sa gitna ng lahat ng ito, tumatawag sa magkabilang panig. Sadyang ganiyan ang pagbibindika ng Diyos Dito habang Siya'y nagpapatuloy: Ang Kaniyang Salita.

252 Ngayon—oh, kailangan kong laktawan ang ilan sa mga ito, dahil mayroon ako ritong napakarami, at ako'y—ako'y mayroong . . . Naubos na ang oras ko. Mamadaliin ko na sa abot ng makakaya ko.

253 Mula sa Eden—mula pa sa Eden ay naihula nang may darating na isang Mesias, mula pa roon sa Eden.

254 Ngayon, lalaktwan ko ang ilang mga Kasulatan at mga sipi na naisulat ko rito, para lang magawa kong matapos ang mensahe sa tamang oras kung makakaya ko. Ang Diyos ay nagkukubli sa kapakumbabaan . . . Ngayon, mangungusap ako ng mabilis, ngunit gayunpama'y nais kong masapo n'yo ito. Kita n'yo?

255 Mula pa sa Eden, naihula nang may darating na isang Mesias. Naipangusap na kung magiging anong uri Siya Tao. Maaari tayong magtagal dito ng mahabang panahon. Alam n'yo ang Biblia, kung magiging ano Siya, kung magiging anong uri ng Tao Siya. Ang sabi ni Moises, "Ang Panginoon ninyong Diyos, ay magpapalitaw ng isang propetang gaya Ko." Alam nila na ang Mesias ay magiging isang propeta, iyon ang uri ng ministeryong tataglayin Niya. Lahat ng mga propeta ay nangusap patungkol sa kung ano ang gagawin Niya.

256 Ipinangusap nila iyon sa anyo ng mga simbulo, at lumampas ito sa kanilang mga pang-unawa at hindi naman umabot sa iba sa kanila (Kita n'yo,

ngunit hindi ko ito tinatanggap bilang tanging katibayan ng Espiritu Santo. Hindi po. Ang bunga ng Espiritu ang katibayan. Kita n'yo? At ngayon . . .

243 Nakikita n'yo ba, iyan ang dahilan na hindi ako sang-ayun sa kilusan ng mga kapatirang lalaking Pentecostal sa kanilang pagsasabing, "Kapag ang isang tao'y nakapagsalita ng iba't-ibang wika, mayroon na siyang Espiritu Santo." Hindi ako sang-ayun. Hindi iyon tanda na mayroon na siyang Espiritu Santo. Kita n'yo?

244 Nakarinig na ako ng mga demonyong nagsasalita ng iba't-ibang wika nang simblis ng makakayanan nila, umiinom ng dugo mula sa bungo ng tao, at pagkatapos ay tumatawag sa diablo.

245 Nakakita na ako ng mga Indian na dumadampot ng mga ahas at pinapupulupot sa kanila sa pagsasayaw sa ulan sa Arizona, itinataas nang ganiyan ang mga kamay nila, at tumatakbo nang paikot; lalabas naman ang mangkukulam at susugatan ang kaniyang sarili, at maglalapag ng isang lapis, at susulat ito sa di-kilalang wika at magbibigay ng interpretasyon. Kaya't, kita n'yo? Kaya't huwag n'yong sabihin sa'kin 'yan. Masyado na akong matanda para riyan. Kita n'yo? Kaya't . . .

246 Ang bunga ng Espiritu ay ang . . . Ang sabi ni Jesus, "Sa pamamagitan ng kanilang mga bunga (hindi sa mga wika o mga emosyon, kundi) sa pamamagitan ng kanilang mga bunga ay makikilala ninyo sila." Kaya't iyan ang bunga ng Espiritu.

Ang Diyos ito na naghahayag ng Kaniyang Sarili sa kapakumbabaan, kagiliwan, at laging gayon sa araw-araw. May kung ano sa isang taong nananatili sa Salita, sa tuwing nakikita niya ang Salita, binibigyang-diin niya ito sa pamamagitan ng "Amen," kahit ano pa ang sabihin ng ibang tao.

Iyo'y . . . Iyon ay sinasampalatayanan niya. Nakikita n'yo ba?

247 Tama. Kita n'yo? Ngunit pumapalaot na tayo nang sapat upang sumandig sa isang panatikong . . . At nakapapasok si Satanas sa kalagitnaan ng mga tao. Iyan ang trabaho ni Satanas, at siya'y isang mahusay na trabahador. At pumapasok siya sa kalagitnaan ng mga tao upang ipaisip sa kanila na nasa kanila na iyon dahil nagagawa nilang magpalundag-lundag; at pagkatapos ay mamumuhi ka sa kapitbahay mo? Hindi, kita n'yo? Ang makapangusap ng mga bagay-bagay at makapagsalita ng iba't-ibang wika nang kahanga-hanga at iba pang tulad niyan…

248 At tandaan n'yo, maaari kang makapagsalita sa tunay na mga wika ng Espiritu Santo at pagkatapos ay wala ka pa ring Espiritu Santo. Sinabi ito ng Biblia. "Bagama't ako'y magsalita ng mga wika ng tao at ng mga Anghel datapuwa't wala akong pag-ibig, wala itong anumang pakinabang. Ako'y

169 Oh, aleluia. Magagawa ng Diyos anumang naisin Niyang gawin. "Buweno, paano mo nalaman iyan, Brother Branham?" Hindi babaguhin ng Diyos ang Kaniyang programa. Iyan ang dahilan kaya alam natin na sa panahong ito, kailangan itong maging simple. Kita n'yo? Ngayon, lagi Siyang gumagawa sa kasimplihan. Ngunit ang Diyos na sa pasimula ay maaari sanang mag-utos sa araw na mangaral ng Ebanghelyo, o kaya'y sa hangin, o sa isang Anghel para mangaral ng Ebanghelyo, ay nagtalaga ng mga tao para sa layuning iyon, at hindi Niya ito binabago.

170 Hindi Siya nagtalaga ng… Hindi Siya nagtalaga ng mga denominasyon; hindi Siya nagtalaga ng mga grupo ng tao; mga kalalakihan ang itinalaga Niya para mangaral ng Ebanghelyo, hindi makinarya, mga kagamitang mekanikal, o anumang anghel; kundi tao. At nang maghatid Siya ng kalayaan sa mga taong naroroon, nagsugo Siya ng isang simpleng tao, ipinanganak ng isang simpleng pamilya sa lupon ng mga alipin. Ay, naku, napadakila Niyang Diyos, na naghahayag ng Kaniyang Sarili sa kasimplihan.

171 Ngayon, pansinin. At siya'y pinagsanay Niya sa makamundong karunungan upang siya'y mabigo at maipakitang hindi tayo mapapalaya dahil sa karunungan; sa pamamagitan ng pananampalataya tayo mapapalaya. Siya'y pinahintulutan Niyang makapag-aral nang husto hanggang sa kaya na niyang turuan ng karunungan ang mga taga-Egipto. Lubha siyang naging matalino. Sinamahan ng Diyos ang simpleng pamilya iyon, na marahil ay ni hindi makasulat ng kanilang pangalan. At naihatid si Moises sa pinakamataas na pag-aaral taglay ang gayon kadakilang edukasyon, hanggang sa maaari na niyang turuan ng karunungan ang mga guro. Matuturuan niya ang pantas. Oo. At pinahintulutan ng Diyos na magkagayon siya para maihayag Niya ang Kaniyang Sarili sa kapakumbabaan, upang maipakitang walang kinalaman ang karunungan dito; at sa kaniyang katalinuhan ay lubos na nabigo si Moises. Siya'y pinahintulutan Niyang magkagayon dahil sa Kaniyang layunin, upang siya'y mabigo, at siya nga'y nabigo, at bumagsak.

172 Nang sa gayon ay maipakita, na hindi ito sa pamamagitan ng kapangyarihan, hindi sa lakas, hindi sa katalinuhan ng Egipto, hindi sa karunungan ng ating mga eskwelahan, hindi sa kapangyarihan ng ating mga seminaryo, hindi sa halaga ng ating organisasyon, hindi sa kapangyarihan ng ating napakatalinong pagtuturo; kundi "sa pamamagitan ng Aking Espiritu, sabi ng Diyos." Naglaho ang kaniyang karunungan at nasaid. Nang makatagpo niya ang Diyos sa nag-aapoy na palumpong, hinubad niya ang kaniyang mga panyapak at lubusang nagpakumbaba at kinalimutan niyang lahat ang kaniyang karunungan. Sa paghahatid ng Diyos ng kaligtasan,

kinailangan Niyang hayaan siyang masanay sa karunungan upang siya'y mabigo at maipakitang hindi ka makasasandig sa bisig ng iyong sariling kaunawaan o sa kaninupamang iba. Siya'y pinahintulutan Niyang mabigo upang ipakita ang Kaniyang kamay. Nakikita n'yo ba? Ang layunin ng Diyos sa pagsasagawa ng gayon ay para maipamalas ang Kaniyang Sarili sa kababaang-loob.

173 At pinahintulot Niyang maging pinakamataas si Moises hanggang sa siya na ang susunod na faraon. Siya'y isang makapangyarihang heneral. Ayon sa kasaysayan, sinakop niya (ni Moises) ang mga nakapalibot na bansa. At nang bumaling siya sa gawain ng Panginoon taglay ang lahat ng kaniyang talento, itinulot ng Diyos na bumagsak siya nang una ang ulo, para madala Niya siya roon sa disyerto at maipasuka ang lahat ng iyon sa kaniya, at Siya'y nagpakita sa kaniya sa kababaang-loob, at siya'y isinugo na may hawak na tungkod upang palayain ang bayan.

174 Nang hindi niya iyon maisagawa sa pamamagitan ng kasanayang militar, ng edukasyon, ng siyentipikong edukasyon, at ng puwersang militar, binigyan Niya siya ng isang luma at baluktot na tungkod galing sa ilang, at sa pamamagitan no'n ay naisagawa niya iyon: Ang Diyos ay nasa kapakumbabaan, kasimplihan. Ang Diyos sa pagkakataong iyon ay nasa tungkod at na kay Moises. Habang hawak ni Moises ang tungkod, hawak ito ng Diyos, dahil ang Diyos ay nakay Moises. Tunay nga.

175 Pansinin n'yo. "Hindi sa pamamagitan ng kapangyarihan, ni ng kalakasan, kundi sa pamamagitan ng Aking Espiritu…" Ngunit sa simpleng pananampalataya, naunawaan ni Moises na siya ang magiging tagapagligtas mula sa pagtuturo ng kaniyang ina.

176 At sinanay niya ang kaniyang sarili sa kalakasang militar upang matupad ito, ngunit nabigo siya. Kita n'yo? May kaunawaan siya; nakapag-aral siya, ngunit hindi iyon umubra. Kaya't kinailangan niyang kalimutan ang lahat at humantong sa simpleng panghahawakan sa Salita ng Diyos, at nang magkagayo'y napalaya niya ang bayan. Opo.

177 Paano nagliligtas ang Diyos? Sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kaniyang Salita. Palaging ganiyan . . . Maaari nating tignan 'yan kung may oras pa tayo. (May mga dalawampung minuto pa tayo. Mayroon tayong…) Maaari nating tignan si Cain at Abel, kung paanong sinikap ni Cain na lugurin ang Diyos sa pamamagitan ng kung anong kagandahan.

178 Sa iba pang kaparaanan, iniisip ng mga tao na sa pamamagitan ng magarang bihis ng kongregasyon, sa pamamagitan ng pari, ng mga ministrong

237 Tignan n'yo kung papaanong paulit-ulit na binabanggit ng mga Pentecostal ang tungkol do'n nung mga nakalipas na taon. Kita n'yo? "At kami, ang iglesia—kami, ang iglesia." Ang Iglesia ay katawan ni Cristo. Ito'y isang indibiduwal sa gitna ng iba pang mga indibidwal na ipinanganak sa Kaharian ng Diyos. Mula iyon sa loob papalabas. Iyon ay kusang naipamumuhay.

238 Hindi n'yo pinakikiusapan ang tupa na magpatubo ng lana o gumawa ng lana, ang ibig kong sabihin. Hindi kailangang gumawa ng lana ang tupa. Sasabihin niya, "Ngayon, gusto ng amo ko na magkaroon ako ng lana sa taong ito. Kailangan kong maging abala." Hindi, ang kailangan lang niyang gawin ay ang manatili siyang isang tupa. Tama. Ang lana ay kusang—ito'y—ito'y—tutubuan siya no'n dahil…

239 At hindi tayo hinilingang gumawa ng mga bunga; dapat tayong mamunga ng bunga (Kita n'yo?), mamunga. Kita n'yo? Dapat tayong mamunga. At habang ikaw ay isang punong kahoy ng Diyos na nagtataglay ng Salita ng Diyos, ibibindika ng Salita ng Diyos ang Sarili Nito. Ito'y mamumunga habang naroroon ang Salita.

240 At ang sabi ni Jesus, "Kung kayo'y magsisipanatili sa Akin at ang Salita Ko'y mananatili sa inyo, hingin ninyo ang anomang ibigin n'yo at gagawin sa inyo." Nauunawaan n'yo? Hindi mo ito ginagawa-gawa lamang. Hindi mo pinipilit na maging gayon; sadyang sa katunaya'y naroroon na ito. At tuloy-tuloy lang itong nagaganap.

Ngayon, magpatuloy na tayo—mamadaliin na lang natin ngayon dahil ilang minuto na lang ang natitira, at pagkatapos ay magwawakas na tayo.

241 Ngayon, ngayon, ang iba'y nagpakalaot hanggang sa maging mga panatiko na. Ngayon, nasasadlak sila sa kabilang panig. At akala nila porke sila'y naglululundag, o nakadarama ng isang uri ng pakiramdam o emosyon, nagsasalita ng iba't-ibang wika, o—o—o nakapanghuhula nang nagkakatotoo o parang ganun, akala nila iyon na 'yon: na nasa kanila na, ngunit hindi pa pala.

242 Ang sabi ni Jesus, "Marami ang magsisilapit sa Akin sa araw na iyon at magsasabi, 'Panginoon, hindi ba't nanghula ako sa Iyong Pangalan; sa Pangalan Mo'y gumawa ako ng maraming mga gawa at nagpalayas ng mga demonyo?" Sasabihin Niya, "Magsilayo kayo, hindi Ko kayo nakikilala." Kita n'yo? Hindi iyon 'yon.

Hindi iyon 'yon, mga kaibigan. Iyan ang dahilan na ang pagsasalita ng mga wika bilang ebidensya . . . Naniniwala ako sa pagsasalita ng iba't-ibang wika,

napala nila? Nang magpasimula ang Diyos ng pagsasalita ng iba't-ibang wika sa iglesia, masyado na silang nagpakarelihiyoso at nagpakapormal na tinawag nila iyong diablo, at nakita n'yo kung ano ang nangyari sa kanila. Kita n'yo, kita n'yo? Sila'y—sila'y . . . At mas banal sila kaysa sa iyo . . . At—at nakita nating ang lahat ng mga bagay na iyon ay nauuwi sa binhi at nangamamatay. Kita n'yo? At ang—ang kabilang panig…

231 Ngayon, ang isang panig ay nagiging panatiko; ang kabilang panig nama'y nagiging malamig at pormal. Ngayon, ang sabi ni Isaias, "Magkakaroon ng isang lansangan."

232 At ang mga Nazarene at marami sa mga datihang tao sa *holiness* ay laging nagsasabi, "Ang pinagpalang lumang lansangan (Luwalhati sa Diyos.); lumalakad kami sa lumang lansangan." Ngunit tandaan n'yo, hindi iyon ang talagang sinabi niya.

233 Sabi niya, "Magkakaroon ng isang lansangan at (Ang 'at' ay isang pang-ugnay.) at isang daan," at hindi ito tatawaging isang lansangan ng kabanalan, kundi daan ng kabanalan.

234 Ngayon, isang lansangan ng kabanalan… Sinisikap ng mga taong pabanalin ang kanilang sarili. At kapag ginawa mo iyon, tulad iyan ng sinabi ko dati; tulad ng isang… Magiging tulad ito ng isang buwitre na nagpipilit na maglagay ng mga balahibo ng kalapati sa kaniyang sarili para siya'y maging kalapati, gayong ang kalikasan niya ay buwitre pa rin. Kita n'yo? Kita n'yo, ito'y… Matutulad ito sa isang uwak na nagpipilit na maglagay ng—ng mga balahibo ng kalapati, o ng pabo, at pagkatapos ay magsasabing, "Nakikita n'yo ba, ako'y isang magandang ibon." Kita n'yo, ito'y gawa-gawa lamang.

235 Ngunit ang isang pabo ay di kailangang mag-alala kung siya ba'y tutubuan ng balahibo ng pabo o hindi. Hindi kailangang mag-alala ng kalapati kung tutubuan siya ng balahibo ng kalapati o hindi. Habang ang kalikasan niya'y kalapati, tutubuan siya ng mga balahibo ng kalapati.

At kita n'yo, sasabihin ng mga taga-*holiness*, "Ang mga babae'y dapat magpahaba ng buhok at magsuot ng mahahabang manggas," at lahat ng mga bagay na ito, "at mahahabang palda, at hindi dapat magsuot ng *wedding ring*, o anumang uri ng alahas." Kita n'yo, nagiging isa itong kabanalang galing sa sariling katuwiran. Kita n'yo, kita n'yo? Iya'y—iya'y gawa-gawang kabanalan. Ngunit ang tunay na Iglesia ng buhay na Diyos ay—ito'y…

236 Tignan n'yo ang nangyari sa denominasyon. Ngayon, lahat sila'y putol na ang buhok tulad ng mga Pentecostal at iba pa, at—at halos lahat sila'y nagsusuot na ng mga singsing at iba pa.

naka-abito, ng mga choir na nakasuot ng *robe*, at lahat ng pagkukunwari, ay nalulugod ang Diyos.

179 Nakikita n'yo ba kung saan ito nagmula? Sinubukan din iyon ni Cain, at nagtayo siya ng isang altar. Walang alinlangang pinaganda niya ito, at siya'y sinsero.

180 Sumamba siya. Inisip niya, "Basta't ako'y sinsero, wala itong anumang kaibahan." Mayroon itong kaibahan. Maaari kang magkamali sa iyong sinseridad.

181 Pansinin n'yo, itinayo niya ang altar na ito at marahil ay nilagyan niya ng mga bulaklak at inayos niyang maigi at nilagyan ng magagandang prutas, at inisip niya, "Tiyak, lilingapin ng isang dakila, banal, malinis, at marilag na Diyos ang alay na iyan." Ngunit kita n'yo, ginawa niya ito sa pamamagitan ng kaniyang sariling karunungan. Ginawa niya ito sa pamamagitan ng kaniyang sariling kaisipan, at ganiyan din ngayon. Kaniyang—kaniyang… Ginagawa nila ito sa pamamagitan ng kanilang sariling karunungan, sa pamamagitan ng kanilang napag-aralan, sa pamamagitan ng kanilang edukasyon at ng mga etika na kanilang natutunan.

182 Ngunit si Abel sa pamamagitan ng kapahayagan, sa pamamagitan ng pananampalataya, ay naghandog sa Diyos ng mas mainam na hain. Wala itong anumang kalinisan kung titignan, sa makataong pananalita, kinaladkad niya ang munting kordero sa leeg, at tinalian ng baging at hinila hanggang sa altar. Walang anumang kaaya-aya rito, inilapag siya sa altar at nilaslas ang kaniyang munting lalamunan ng isang matalim na bato hanggang sa matilamsikan siya kaniyang dugo buong katawan niya, umiiyak, naghihingalo. Kalunos-lunos ito (Kita n'yo?) kung pagmamasdan.

183 Gayunma'y napaka-simple nito. Sa kasimplihan ay nalaman niyang isinilang siya ng dugo ng kaniyang ina at ama, isinilang siya sa dugo ng kaniyang ina sa pamamagitan ng dugo ng kaniyang ama, at ang dugo ang naging sanhi ng pagkahulog, kaya dugo rin ang makapagsasauli.

184 Kaya naghandog siya sa Diyos ng lalong mabuting hain dahil nahayag ito sa kaniya.

185 At ilan sa mga kalalakihang kapatid, sa araw na ito, na nag-iisip na sila'y kumain ng mansanas at peras at… Nakita ko ang pinakaradikal na bagay noong isang araw sa pahayagan. Ang sabi nila napatunayan na nila ngayon na hindi mansanas ang kinain ni Eva; at sa wari ko'y sinasabi nilang iyon ay isang apricot. Kaya… Oh, nakikita natin kung saan galing ang espiritung iyan.

186 At sabii nila hindi naman daw talaga tumawid si Moises sa Dagat na Pula, na isang bungkos lamang daw ng mga tambo ang naroroon, isang dagat ng mga tambo; at itinawid niya ang mga anak ng Israel sa dagat ng mga tambong ito. Doon sa dulo ng dagat, may malalaking bungkos ng tambo na naroroon, at tumawid si Moises sa dagat, ngunit dagat ng mga tambo ang kaniyang tinawid, alam n'yo na, mga damo, parang mga *tule* (isang uri ng damo sa America) at iba pa ang kaniyang tinawiran.

187 Katawa-tawa dahil "Ang tubig," sabi ng Biblia, "ay nahati sa kanan at sa kaliwa, at pinaihip ng Diyos ang isang malakas na hanging silanganan para maghiwalay…" Kita n'yo, kita n'yo? Nais—nais nila itong piliting ipaliwanag sa kanilang sariling kaparaanan, at sa ganiyan sila nabibigo sa tuwina, at patuloy silang mabibigo.

188 Alam n'yo, lahat ng mga bagay na ito na ginawa ni Cain—ang pinakatipo ng tao ngayon na may karnal na pag-iisip at relihiyoso sa panlabas. Gusto niyang gumawa ng isang bagay sa panlabas, ngunit siya'y—nagsisimba siya, at—at gumagawa siya ng maraming bagay para sa mga gusali.

189 May iisa lamang na Iglesia, at hindi mo iyon sinasalihan. Mga *lodges* (mga bahay-tuluyan) ang mga ito. Kita n'yo? Sumasali ka sa Methodist lodge, Baptist lodge, Presbyterian lodge, Pentecostal lodge, ngunit ipinapanganak ka sa Iglesia. Kita n'yo?

190 Lahat ito'y mga *lodge*; hindi sila mga iglesia, mga *lodge* sila. Walang iglesiang Methodist o iglesiang Pentecostal.

191 Walang ganiyan. Wala, lahat ng iyan ay mali. Kita n'yo? Sila'y… Tama iyon.

192 Sila—sila'y mga *lodge* na sinasalihan ng mga tao, ngunit ipinapanganak ka sa Iglesia ng Diyos na buhay, at iyan ang binubuong mistikal na katawan ni Jesus Cristo.

193 Ngayon, ikinalugod ng Diyos na ihayag ang Kaniyang lihim kay Abel sa pamamagitan ng simpleng pananampalataya sa naibubong dugo. Oh, sana'y may sapat akong oras para magdagdag pa riyan ng ilang sandali. Kita n'yo?

194 Samantalang si Cain sa kabila ng lahat ng kaniyang karunungan, ang matalinong tao… Oh, sasabihin mo, "Ngayon, Brother Branham, ang sabi mo siya'y… Ginagawa mo siyang edukadong henyo." Ganun nga siya. Siya ang matalinong… Sundan n'yo ang kaniyang lahi.

195 Tignan n'yo ang kaniyang mga anak. Bawat isa sa kanila ay siyentipiko at doktor at matatalinong tao ang bawat isa. Ngunit sundan mo ang salinlahi ni

222 Tulad ng pagtubo ng bulaklak, tila patay na ang binhi; ito'y namamatay at nahuhulog sa lupa. Hukayin n'yo ang munting binhi, at ito'y bulok na at nanggigitata, ngunit mula roo'y may sisibol na buhay upang magpalitaw muli ng ibang bulaklak: Ang Diyos sa kasimplihan.

223 Ganun din ang ginagawa Niya. Ang daan pataas ay pababa, sa tuwina. Magpakumbaba kayo. Huwag n'yong sabihin, "Buweno, mayroon akong ganito at ganiyan." Wala kang taglay na anuman. Tandaan mo lang, kung taglay mo ang biyaya ng Diyos, magpasalamat ka na lang dahil dito at ika'y magpakumbaba…? . . . Manatili kang nagpapakumbaba.

224 Ngayon, kakailanganin kong magmadali dahil ang orasa'y… Ayokong pagtagalin kayo nang husto, dahil ayoko kayong pagurin. Kita n'yo? May mahabang panahon pa tayo sa buong sanlinggong ito.

225 Ngayon… At ngayon, nakikita nating nagiging lubhang matalino at edukado na ang mga tao. Ngayon, may isa pa akong gustong ipakita sa inyo. Ang isa naman ay nagpakalayo-layo sa kabilang panig, nagiging mga panatiko sila sa pagsisikap na maging relihiyoso. Ngayon, alam nating mayroong ganiyang grupo. Kita n'yo? Nasasadlak naman sila sa kabilang panig…

226 Diyan ako hindi sumasang-ayon sa grupo ng mga kapatirang lalaki na humiwalay dito hindi pa katagalan sa daan ng Liwanag; sadyang hindi nila makita na maaaring maganap ang di-pangkaraniwan malibang magtatag sila ng isang grupo, kaya nagtipon sila sa Canada at bumuo ng isang grupo ng mga taong kanilang pahahayuin at gagawing mga apostol at mga propeta mula sa isa't-isa at iba pang mga bagay, at ito'y nawasak kaagad. Kita n'yo? At laging gayon sa tuwina. Kita n'yo?

227 Sila'y naging… Sa pakiwari nila dahil sa sila'y… Na—na hindi nila . . . Kinukundena nila nang husto ang iba at ang mga bagay-bagay hanggang sa mapalaot naman sila sa kabilang panig.

228 Kita n'yo, may isang panig na lubhang intelektuwal, malamig at walang pakialam; doo'y itinatanggi nila ang lahat; at ang iba'y napupunta naman sa kabilang panig, kung saa'y puro naman sila emosyon at itinatanggi ang Salita. Ngunit ang tunay at totoong Iglesia ay nananatili sa gitna ng daan.

229 Ngayon, kung napansin n'yo, alam nito ang sinasabi ng Biblia tungkol sa kung ano'ng sinabi ng Diyos, at sapat ang pagiging espirituwal nito para mag-init ang puso, at ito'y sadyang isang daan lamang. Sinabi ni Isaias na magkakagayon, aniya, "Magkakaroon ng isang lansangan."

230 At ang mga pinagpala, banal, mahal na kaibigan sa Nazarene church, isang munting makapangyarihang pagkilos na pinasimulan ng Diyos. Ngunit ano'ng

ay nagkukubli ang Diyos, sa kabila ng hindi nila pakikipagtulunga sa kaniyang mga kampanya at anupamang ibang idinaos nila, iniisip ng lahat na siya ay baliw. Ngunit nang dumating na ang panahon para mahinog ang binhing naitanim, ipinahayag ng Diyos ang Kaniyang Sarili sa pamamagitan ng pagpapadala ng apoy mula sa kalangitan at tinupok ang hain. Nagkukubli ang Diyos sa kasimplihan at pagkatapos ay muling ipinahahayag ang Kaniyang Sarili. Kita n'yo? Tama. Nalugod ang Diyos na gawin iyon. Sa tuwina'y gayon ang ginagawa Niya. Opo.

217 Ngayon, nalaman nating ipinangako Niya ang mga bagay na ito. Ang problema, sa araw na ito, sa marami sa atin, gusto nating maging lubhang, alam n'yo na, lubhang makaseminaryo at makadenominasyon, maka-edukasyon ang kaisipan, na hindi na tayo magamit ng Diyos.

218 Maaaring bigyan ng Diyos ng pagkakataon ang isang tao para makapagsimula ng isang bagay at pagkalooban siya ng isang ministeryo. At malalaman mo na lang, higit niyang tinutugunan kung ano ang sinasabi ng iba. At mamamalayan mo na lang, malululong na siya sa isang malaking bungkos ng kung anong bagay, at bibitiwan na lang siya ng Diyos at hahayaan siyang mag-isa. Kita n'yo, kita n'yo?

219 At pagkatapos ay hahanap Siya ng ibang lalaking gaganap nito. Kita n'yo? Kailangan Niyang makasumpong ng tatanggap sa Kaniyang Salita, tatanggap sa Makadiyos na kapahayagan at hindi matitinag dito, mananatili sa Salitang iyon. Ganu'n Niya iyon ginagawa. Dati pa'y ganu'n na Niya iyon ginagawa. Kaya kapag naging lubhang edukado at matalino na ang isang tao at naglalagay na siya ng kaniyang sariling interpretasyon . . . Buweno, gaya ng sinasabi nila, "Ang bautismo ng Espiritu Santo," ika nila, "oh, iyon ay para sa ibang panahon." Ngunit kung hindi nila . . . "Buweno, hindi iyon para sa ibang panahon, ngunit sasabihin ko sa inyo; hindi iyon dumarating tulad ng sa araw ng Pentecostes. Natanggap na namin ang Espiritu Santo nang manampalataya kami," at lahat na ng mga bagay na tulad niyan. Nakita n'yo?

220 At mangusap ka tungkol sa bautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, kung saan ito itinuro ng Bibliya nang ganu'n, sasabihin nila, "Buweno, ngunit ang sabi ng seminaryo, at ni ganito-at-ganiyan." Iya'y pakikipag-kumpromiso. Kita n'yo? Hindi magagamit ng Diyos ang isang taong tulad niyan. Kita n'yo?

221 Maaari Niyang pahintulutang bugbugin ang isang lalaki sa buong bansa at siya'y ipagtabuyan, pagtawanan at kutyain, at iba pa, ngunit pagdating ng tunay na pagtutuos, titindig ang Diyos at ibibindika Niya ang Kaniyang Sarili sa gayunding kasimplihan.

Set; sila'y mga hamak na magbubukid, mga magsasaka at iba pa hanggang sa paggunaw. Ngunit ang mga anak ni Cain ang matalino, marurunong na grupo.

196 Kaya nga nilang… Kaya nila—ang sabi nila kaya nilang timplahin ang tanso at gumawa ng mga metal at sila'y mga tagapagtayo, at sila'y matatalinong tao; samantalang ang ibang mga taong ito ay sa tolda lamang naninirahan, nagpapastol ng kanilang mga tupa, at nakasandig sa mga pangako ng Diyos. Kita n'yo, kita n'yo? Nakita n'yo kung ano iyon? Ngayon, sundan n'yo lang ang salit-salinglahi hanggang sa dulo at tignan n'yo kung hindi tama 'yan. Kita n'yo? Nakasandig sila sa pangako ng Diyos.

197 Ganiyan pinili si Noe mula sa gayong uri ng mga tao. Ganiyan inilabas si Pablo mula sa kaniyang lupon. Kita n'yo? Ganiyan sina sina John Wesley, Martin Luther, at iba pa.

198 Ganiyan n'yo narating kung ano man kayo ngayon (Kita n'yo?), ganu'n din: ginawang mapagpakumbaba upang mapanampalatayanan ang simpleng pangako ng Diyos.

199 Ngayon, pansinin n'yo. Ikinalugod ng Diyos na—ipakilala… Ngayon, palaging ibibindika ng Diyos kung ito'y Katotothanan o hindi. Kita n'yo? Ngayon, maraming tao ang umaasta upang maging isang bagay na pinakalalayuan naman ng Diyos. Tama. Ngunit kapag nakita n'yong binalikan ito ng Diyos at nangusap Siya't pinagdiinan, at sinabi Niyang, "Ito'y tama. Tama. Tama." Kung magkagayo'y alam mong totoo nga iyon.

200 Ngayon, nang ang mga hain ay nasa altar, tinanggihan ng Diyos ang kaniyang intelektuwal na pagkaunawa sa Diyos. Ngunit nang makita Niyang naniwala si Abel sa pamamagitan ng simpleng pananampalataya na hindi iyon mansanas o mga prutas sa bukirin, kundi dugo, naniwala siya sa pamamagitan ng pananampalataya, sa pamamagitan ng isang kapahayagan mula sa Diyos, binindika ng Diyos si Abel sa pamamagitan ng pagtanggap sa kaniyang hain. Kita n'yo?

201 Diyan natin naiiisip ang tungkol sa pananalangin para sa maysakit—ang anupamang bagay. Sinabi ni Jesus, "Kung kayo'y magsipanatili sa Akin at ang Aking Salita'y magsipanatili sa inyo, ay hingin ninyo ang anomang inyong ibigin, at gagawin sa inyo".

202 Ngayon, habang nagpapatuloy tayo nang mabilis ngayon, may dalawampung minuto pa…

203 Pansinin n'yo. Sa kaarawan ni Elias, pinili ng Diyos na magkubli sa isang simpleng tao. Ngayon, isipin n'yo iyon. Pinili ng Diyos… Iyon ang pinili Niya. Tandaan, may mga rabi sila, mga saserdote; may mga dakilang lalaki

sila ng mga araw na iyon. Maging si Haring Ahab mismo ay isang Judio. May mga dakilang lalaki siya noong panahong iyon, ngunit nagkubli ang Diyos sa isang simpleng lalaki, hindi isang iskolar, hindi, hindi tanyag na lalaki sa sanlibutan, o isang dakilang pantas na militar, o anuman, hindi, hindi sikat. Ni hindi nga natin alam kung sino ang kaniyang ama o ina. Wala tayong anumang nalalaman tungkol sa talaan ng kaniyang lahi: isa lamang siyang karaniwang magsasaka sa kung saang lugar na ibinangon sa layuning maging isa siyang propeta.

Hinayaan siya ng Diyos na mamuhay na mag-isa sa ilang. Nalaman na lang natin, bigla siya lumabas mula sa kung saan, dumating at kinundena ang buong sistemang eklesiyastikal. Naku.

204 At alam n'yo kung ano ang palagay nila sa kaniya? "Anong eskwelahan ba ang pinanggalingan niya? Kita n'yo? Anong denominasyon ba ang kinaaaniban niya? Kasapi ba siya sa mga Fariseo, sa mga Saduceo," o kung ano pa ang mayroon sila noon? Hindi siya kabilang sa alinman sa mga iyon, bagkus kinundena niya ang lahat ng ito. Kita n'yo? Pinili ng Diyos na gawin iyon. Subalit isang simpleng lalaki lamang, walang edukasyon . . .

205 Wala tayong alam na lugar na pinag-aralan niya; wala tayong alam tungkol sa kaniya, isa lamang siyang simpleng lalaki; ngunit nalugod ang Diyos na magkubli sa simpleng taong iyon. Naroon ang Diyos sa simpleng lalaking iyon, nakakubli sa isang tao, nauunawaan n'yo ba ito? Nagkukubli ang Diyos sa isang mangmang at baliw sa sanlibutan… Dahil…

206 Alam n'yo, lahat na'y ipinaratang nila sa kaniya, maging ang pagiging isang mangkukulam. Si Elias, pati na lahat ng propeta ay pinaratangan ng ganiyan. Kita n'yo, kaya't… Si Jesus ay pinaratangan din ng gayon (Kita n'yo?): Beelzebub. At nababaliw, anila, "Aba'y, nauulol ka. Ika'y… Alam naming may demonyo ka. Wala--wala ka sa iyong katinuan." Kita n'yo?

207 Doon Niya sinabi sa kanila na pagdating ng mga huling araw, magiging pamumusong ang gawin iyon. Pinatawad Niya sila, ngunit hindi ito patatawarin sa mga huling mga araw na ito.

208 Kailang pagbayaran ito ng walang hanggang pagkahiwalay, hindi kailanman mapapatawa sa mundong ito o sa mundong darating.

209 Ngunit itinuring na isang baliw si Elias. Isipin n'yo na nakatayo siya sa . . . Lahat ng mga babae noon ay nagpuputol ng buhok tulad sa modernong panahon, sa wari ko, at nagmemake-up tulad ni Jezebel, ang unang ginang ng lupain; at—at ang mga mangangaral ay naging maka-sanlibutan nang lahat at iba pa, at ano'ng nangyari? Biglang sumulpot itong matandang Elias at na kinukundena ang lahat mula kay Jezebel pababa.

210 Inisip nila, "Hindi namin kailangang makinig sa iyo; may mga pastor kami." Totoong hindi nila kailangang makinig, ngunit siya pa rin ang kanilang pastor. Siya ang pastor ni Jezebel.

211 Ayaw niyang… Maaaring may iba pa siyang klase ng pastor, ngunit ang Diyos ang nagsugo; siya ang sinugo. Kita n'yo? Siya ang isinugong pastor ng Diyos para sa kaniya. Kinamuhian niya siya, ngunit siya pa rin ang pastor niya.

212 Pansinin n'yo. Nagpakumbaba si Elias at nanatili sa kung ano ang sinabi ng Diyos hanggang sa nalugod ang Diyos na kunin ang Espiritung iyon kay Elias at ipinangakong isusugo iyon ng tatlong ulit sa hinaharap mula noon. (Kita n'yo? Amen.), at iyon ay tinupad Niya. Amen. Tunay ngang tinupad Niya. Tunay nga. Ipinangako Niyang iyon ay darating. At iyon ay dumating kay Eliseo, na kaniyang kahalili, at dumating kay Juan Bautista, at ayon sa Malakias 4, pinaniniwalaang iyon ay muling mapaparito sa huling araw. Kita n'yo?

213 Gustung-gusto ng Diyos ang espiritung nasa simple, walang pinag-aralang taong-gubat na iyon na nagmula sa kasukalan ng kagubatan. At kaya nga… Naging napakamasunurin niyon sa Kaniyang Salita na maaari Niyang sabihin, "Elias, gawin mo ito," at gagawin iyon ni Elias.

214 At nagkubli ang Diyos sa gayong kasimplihan hanggang sa sabihin nilang lahat sa kaniya… "Ang matandang baliw na 'yon. Huwag kayong magkaron ng anumang kinalaman sa kaniya," at iba pa.

215 Ngunit isang araw nang—at ng siya'y tumanda at nakalbo na at nakalaylay ang kaniyang abuhing balbas, At ganun din ang natitirang buhok niya sa kaniyang balikat, ang kalamnan ng kaniyang nagpapayatang mga braso ay nakalaylay nang ganiyan, binabaybay niya ang daan tungo sa Samaria, at nakatingala ang mga mata sa langit tangan ang isang baluktot na tungkod. Hindi siya magarbong pagmasdan, ngunit taglay niya ang ITO ANG SABI NG PANGINOON para sa araw na iyon.

Hindi siya nautal sa pagsasabi nito. Hindi siya nagpautal-utal. Hindi niya sinabing, "Ngayon, dakilang Ahab…" Lumapit siya at nagsabi, "Maging hamog ay di lalagpak mula sa langit hangang sa tawagin ko." Oh… Iginalang ng Diyos ang kaniyang kasimplihan

216 Ngayon, kita n'yo, samantalang iyon ay nasa simpleng paraan ang lahat ay laban sa kaniya, lahat ay nagtatangka sa kaniyang buhay… Ang buong asosasyon ng mga ministro at iba pa ay nagtatangka sa buhay niya (Totoo iyon.), nagsisikap na siya'y patayin, at lahat na. Ngunit sa kasimplihang iyon